
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MARSO 2016

# Liahona



## Tatlong Halamanan at ang Unang Pasko ng Pagkabuhay, p. 10


Ano ang Itinuturo sa Akin ng Aking mga Anak tungkol sa Ebanghelyo, p. 24

Walong Pagpapala ng Araw ng Sabbath, p. 26

Pagtulong sa mga Young Women na Matagpuan ang Kanilang Lugar sa Relief Society, p. 30, 32



*"Pinalaya ako Diyos mula sa bilangguan, at mula sa mga gapos, at mula sa kamatayan; oo, at ibinibigay ko ang aking tiwala sa kanya, at ako'y patuloy niyang ililigtas."*

**Alma 36:27**

# Liahona, Marso 2016



4

## MGA MENSAHE


4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: "Mag-aral Kayo sa Akin"**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Nilikha Ayon sa Larawan ng Diyos**


**SA PABALAT**
Harap: *Magpahinga Ka,* ni Walter Rane. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ng © iStock/Thinkstock. Panloob na pabalat sa likod: Painting © YakimSerg/iStock/Thinkstock.

## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


16 **Pagliligtas sa Inyong Buhay**
Ni Elder D. Todd Christofferson
*Ang ibig sabihin ng pagliligtas sa ating buhay sa pamamagitan ng paglimot dito alang-alang sa Tagapagligtas ay pagpapaalam at pagpapakita sa lahat na tayo ay Kanyang mga disipulo.*

24 **Pagkakaroon ng Kabatiran Tungkol sa Ebanghelyo sa Pamamagitan ng Pagiging Ina**
Ni Katy McGee
*Ang ilang karanasan ko sa aking mga anak ay nakatulong sa akin na mas maunawaan ang kaugnayan ko sa Ama sa Langit.*

26 **Mga Pagpapala ng Araw ng Sabbath**
Ni Marissa A. Widdison
*Ibinahagi ng mga miyembro ang ilan sa mga pagpapalang nakita nila mula sa pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath.*

30 **Mas Magkakatulad Kaysa Magkakaiba**
Nina Bonnie L. Oscarson at Linda K. Burton
*Nasa Young Women man kayo o sa Relief Society, magkakapatid pa rin kayo sa ebanghelyo na maaaring magtangi, matuto, at mangalaga sa isa't isa.*

32 **Paglipat sa Relief Society**
*Ano ang magagawa ninyo bilang lider ng Young Women o Relief Society para maging mas madali ang paglipat ng mga kabataang babae sa Relief Society?*

36 **Ang Liwanag ng Ganap na Araw**
Ni Elder Larry R. Lawrence
*Limang paraan na mas napapaningning natin ang liwanag sa ating kalooban.*


## MGA BAHAGI


8 **Notebook ng Kumperensya ng Oktubre 2015**

10 **Klasikong Ebanghelyo: Ang Tatlong Halamanan ng Diyos**
Ni Lee Middleton

41 **Musika: Isang Taong Walang Sala**
Nina David B. Larsen at Janice Kapp Perry

42 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Pagkabuhay na Mag-uli—Ang Simula ng Kawalang-Kamatayan**
Ni Elder Dallin H. Oaks

## MGA YOUNG ADULT


46


46 **Pagdama sa Diwa ng Institute**
Ni Jennifer Bohorquez Gomez
*Natagpuan ko rin sa wakas ang isang lugar kung saan hindi ako nag-iisa sa paninindigan sa aking mga pamantayan.*




***Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Tumutugtog ka ba ng instrumento?***

## MGA KABATAAN


48 **Ang Pagbabayad-sala ng Ating Tagapagligtas**
Ni Elder M. Russell Ballard
*Ipinapakita sa atin ng halimbawa ng Tagapagligtas ang kahalagahan ng pagtulong sa* isang nawawala.

52 **Walong Maling Pag-unawa Tungkol sa Pagsisisi**
*Ang pagsisisi kung minsan ay mahirap, ngunit makakatulong ang pag-unawa sa mga bagay na ito.*


56 **Poster: Nadaig Niya ang Kamatayan**

57 **Pakiramdam Ko . . .**
*Ikaw ba ay nalulungkot? pinaghihinaan ng loob? nalilito? Ilabas ang isa sa mga scripture card na ito para muling makatiyak sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo.*


61 **Mga Sagot mula sa mga Lider ng Simbahan: Paano Magkaroon ng Pagkakaisa**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

62 **Bakit Tayo Nagbibinyag para sa mga Patay**

64 **Alam Kong Buhay ang Aking Manunubos**
Hindi ibinigay ang pangalan
*Ipinaalala sa akin ng kapatid kong musmos na kahit wala ang aming mga magulang para tulungan kami, nariyan si Cristo.*



56

## MGA BATA


76


66 **Isang Tunay na Perlas**
Ni Amy M. Morgan
*Talaga bang maiiwanan ni Jetta ang kanyang pamilya para mag-aral ng piyano?*

68 **Isang Pirasong Kendi**
Ni Brad Wilcox
*Ipinaliwanag ni José sa kanyang kaibigan kung bakit ayaw niyang kainin ang kending lasang kape.*

70 **Mga Sagot mula sa Isang Apostol: Paano akong hindi mag-aalala nang husto?**
Ni Elder Jeffrey R. Holland

71 **Ang Ating Pahina**

72 **Isang Hakbang Palapit sa Pasko ng Pagkabuhay**
*Subukan ang aktibidad na para sa apat na linggo kasama ang inyong pamilya bawat linggo na hahantong sa Pasko ng Pagkabuhay.*

74 **Bayani sa Aklat ni Mormon: Matapang si Abinadi**

75 **Kaya Kong Basahin ang Aklat ni Mormon**

76 **Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon: Tinuruan ni Haring Benjamin ang Kanyang mga Tao**

79 **Pahinang Kukulayan: Pinakikinggan Natin ang Ating Propeta Ngayon**

**MARSO 2016 TOMO 19 BLG. 3**
**LIAHONA 13283 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

**Patnugot:** Joseph W. Sitati
**Assistant Editors:** James B. Martino, Carol F. McConkie
**Mga Tagapayo:** Brian K. Ashton, Randall K. Bennett, Craig A. Cardon, Cheryl A. Esplin, Christoffel Golden, Douglas D. Holmes, Larry R. Lawrence, Carole M. Stephens

**Namamahalang Direktor:** David T. Warner
**Direktor ng Operations:** Vincent A. Vaughn
**Direktor ng mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Business Manager:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Publications Assistant:** Megan VerHoef
**Writing at Editing Team:** Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jill Hacking, Charlotte Larcabal, Mindy Anne Leavitt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Disenyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst
**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Production Team:** Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Stephen R. Christiansen

**Pagsasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong** online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** March 2016 Vol. 19 No. 3. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

# Mga Ideya para sa Family Home Evening

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.*



**"Paano Magkaroon ng Pagkakaisa,"** pahina 61: Ipinaalala sa atin ni Pangulong Eyring na ang isang paraan para magkaroon tayo ng pagkakaisa ay sa pagsasalita ng maganda tungkol sa isa't isa. Maaari ninyong praktising magsalita nang magiliw sa pamamagitan ng pagdudula-dulaan ng mga sitwasyon na hinihingan ng opinyon ang mga miyembro ng pamilya tungkol sa ibang tao. Magagamit ninyo ang mga tanong na gaya ng "Kumusta na ang kapatid mo?" o "Nagustuhan mo ba ang guro mo sa Sunday School?" Pag-usapan ang mga paraan na makapagsasalita kayo ng mas maganda tungkol sa isa't isa at para lalo pang magkaisa ang pamilya. Maaari ninyong tapusin ang inyong family home evening sa pagkanta ng "Tayo nang Mag-usap nang Marahan" (*Mga Himno,* blg. 143).

**"Isang Tunay na Perlas,"** pahina 66: Isiping gumawa ng imbentaryo ng mga talento ng pamilya. Maaari ninyong ilista ang mga talentong natamo o gustong matamo ng mga miyembro ng pamilya. Maaari din kayong magpalitan ng mga ideya sa pagpapahusay at paggamit ng mga talentong iyon. Maaari mong itanong, "Sino sa ating pamilya, ward, o mga kapitbahay ang maaaring makinabang sa mga talento ng ating pamilya?" Isiping gumawa ng mga plano na magtamo ng mga talento at gamitin ang mga ito sa paglilingkod sa Ama sa Langit tulad ng ginawa ni Jetta sa kuwento.


## MARAMI PANG IBA ONLINE

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.** Bisitahin ang **facebook.com/liahona.magazine** (makukuha sa Ingles, Portuges, at Espanyol) para makahanap ng mga ideya sa family home evening, mga tulong sa Sunday lesson, at mga nilalaman na maibabahagi ninyo sa mga kaibigan at pamilya.

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *74, 75, 76*
***Araw ng Sabbath,*** *26*
***Basbas ng priesthood, mga,*** *45*
***Gawaing misyonero,*** *26, 68*
***Gawain sa templo,*** *36, 62*
***Ikapu at mga handog, mga,*** *44*
***Ilaw, Liwanag,*** *36*
***Institute,*** *46*
***Jesucristo,*** *4, 10, 16, 24, 41, 48, 56, 57, 64, 72, 80*
***Kapatawaran, Pagpapatawad,*** *52*
***Kapayapaan,*** *42*
***Likas na kabanalan,*** *7*
***Pag-aaral ng banal na kasulatan,*** *4, 36*
***Pagbabalik-loob,*** *4, 42*
***Pagbabayad-sala,*** *10, 41, 48, 56, 57, 80*
***Pag-ibig, Pagmamahal,*** *4, 16, 24, 36*
***Pagiging ina,*** *24*
***Pagkabuhay na Mag-uli,*** *10, 48, 56, 62, 72, 80*
***Pagkadisipulo,*** *16*
***Pagkakaisa,*** *61*
***Paglilingkod,*** *4, 16, 26, 32, 36, 43*
***Pagsisisi,*** *52*
***Panalangin,*** *46*
***Pananampalataya,*** *10, 24, 45, 70*
***Pasko ng Pagkabuhay,*** *10, 41, 56, 72*
***Plano ng kaligtasan,*** *62, 80*
***Relief Society,*** *30, 32*
***Sakripisyo,*** *66*
***Talento, mga,*** *66*
***Tapang, Lakas-ng-loob,*** *74*
***Visiting teaching,*** *43*
***Word of Wisdom,*** *68*
***Young Women,*** *30, 32*



Ni Pangulong Thomas S. Monson

# "MAG-ARAL KAYO SA AKIN"

Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, lahat tayo ay mga guro at lahat tayo ay natututo. Ipinararating ng Panginoon ang magiliw na paanyayang ito sa lahat: "Mag-aral kayo sa akin . . . at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa."[1]

Inaanyayahan ko ang lahat ng Banal sa mga Huling Araw na pag-isipang mabuti ang kanilang mga pagsisikap na magturo at matuto at umasa sa Tagapagligtas bilang ating Gabay sa paggawa nito. Alam natin na itong "guro na nagbuhat sa Diyos"[2] ay hindi lamang isang guro. Siya na nagturo sa atin na mahalin ang ating Panginoong Diyos nang buong puso, buong kaluluwa, buong lakas, at buong isipan, at mahalin ang ating kapwa tulad sa ating sarili, ang Dalubhasang Guro at Uliran ng sakdal na buhay.

Siya ang nagsabing: "Pumarito ka, sumunod ka sa akin."[3] "Ipinakita ko ang isang halimbawa sa inyo."[4]

## Maliban Kung Kayo ay Magbalik-loob

Nagturo si Jesus ng isang simple ngunit malalim na katotohanan na nakatala sa Mateo. Matapos Siyang bumaba kasama ang Kanyang mga disipulo mula sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, huminto sila sa Galilea at pagkatapos ay nagpunta sa Capernaum. Doo'y lumapit ang mga disipulo kay Jesus, na nagtatanong:

"Sino nga baga ang pinakadakila sa kaharian ng langit?

"At pinalapit [ni Jesus] sa kaniya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila,

"At sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, *Malibang kayo'y magsipanumbalik,* at maging tulad sa maliliit na bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit."[5]

Sa Simbahan, ang mithiin ng pagtuturo ng ebanghelyo ay hindi para magbuhos ng impormasyon sa isipan ng mga anak ng Diyos, sa bahay man, sa klase, o sa misyon. Ito ay hindi para ipakita kung gaano karami ang nalalaman ng magulang, guro, o missionary. Ni hindi para mapag-ibayo ang kaalaman tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang Simbahan.

Ang pangunahing mithiin ng pagtuturo ay para tulungan ang mga anak na lalaki at anak na babae ng Ama sa Langit na makabalik sa Kanyang piling at magtamasa ng buhay na walang hanggan sa piling Niya. Para magawa ito, kailangan silang mahikayat ng pagtuturo ng ebanghelyo na tumahak sa landas ng pagkadisipulo at mga sagradong tipan araw-araw. Ang layon ay bigyang-inspirasyon ang mga indibiduwal na pag-isipan, damhin, at saka gumawa ng paraan para maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang layunin ay magkaroon ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at *magbalik-loob* sa Kanyang ebanghelyo.

Ang pagtuturong nagpapala at nagpapabagong-loob at nagliligtas ay pagtuturong sumusunod sa halimbawa ng Tagapagligtas. Ang mga gurong sumusunod sa halimbawa ng Tagapagligtas ay nagmamahal at naglilingkod sa mga tinuturuan nila. Binibigyang-inspirasyon nila ang kanilang mga tagapakinig sa walang-hanggang mga aral ng banal na katotohanan. Ang pamumuhay nila ay nararapat tularan.

## Pagmamahal at Paglilingkod

Ang buong ministeryo ng Tagapagligtas ay nagpakita ng halimbawa ng pag-ibig sa kapwa. Tunay ngang madalas Niyang ituro ang Kanyang pagmamahal at paglilingkod. Gayundin, ang mga gurong hindi ko talaga malimutan ay ang mga guro na kilala, minahal, at pinagmalasakitan ang kanilang mga estudyante. Hinanap nila ang nawawalang tupa. Nagturo sila ng mga aral sa buhay na lagi kong maaalala.

Gayon ang gurong si Lucy Gertsch. Kilala niya ang bawat isa sa kanyang mga estudyante. Walang-tigil siyang nanawagan sa mga hindi nagsimba sa isang araw ng Linggo



o hindi talaga dumating. Alam namin na may malasakit siya sa amin. Walang isa man sa amin ang nakalimot sa kanya o sa mga itinuro niya.

Maraming taon ang lumipas, nang malapit nang pumanaw si Lucy, kinausap ko siya. Ginunita namin ang mga araw na lumipas na iyon noong siya ang aming guro. Pinag-usapan namin ang bawat miyembro ng klase namin at kung ano na ang ginagawa ng bawat isa. Ang kanyang pagmamahal at pagmamalasakit ay panghabambuhay.

Gustung-gusto ko ang utos ng Panginoon na matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan:

"Binibigyan ko kayo ng kautusan na turuan ninyo ang isa't isa ng doktrina ng kaharian.

"Masigasig kayong magturo at ang aking biyaya ay dadalo sa inyo."[6]

Masigasig na nagturo si Lucy Gertsch dahil walang-pagod siyang nagmahal.

## Mag-alok ng Pag-asa at Katotohanan

Ipinayo ni Apostol Pedro, "Lagi kayong handa ng pagsagot sa bawa't tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pag-asang nasa inyo."[7]

Marahil ang pinakamalaking pag-asang maiaalok ng isang guro ay ang pag-asang matatagpuan sa mga katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo.

"At ano ito na inyong aasahan?" tanong ni Mormon. "Masdan, sinasabi ko sa inyo na kayo ay magkakaroon ng pag-asa sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo at sa kapangyarihan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, na ibabangon tungo sa buhay na walang hanggan, at ito ay dahil sa inyong pananampalataya sa kanya."[8]

Mga Guro, itaas ang inyong tinig at magpatotoo sa tunay na katangian ng Panguluhang Diyos. Ihayag ang inyong patotoo hinggil sa Aklat ni Mormon. Ibahagi ang maluluwalhati at magagandang katotohanang nasa plano ng kaligtasan. Gamitin ang mga materyal na inaprubahan ng Simbahan, lalo na ang mga banal na kasulatan, para ituro ang mga dalisay at simpleng katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Alalahanin ang utos ng Tagapagligtas na "Saliksikin ninyo ang mga kasulatan,

### PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Inaanyayahan tayo ni Pangulong Monson na "pag-isipang mabuti ang [ating] mga pagsisikap na magturo at matuto at umasa sa Tagapagligtas bilang ating Gabay sa paggawa nito." Maaari ninyong saliksikin ng mga binibisita ninyo ang mga banal na kasulatan para makahanap ng mga ideya kung paano nagturo at natuto si Jesucristo. Makapagsisimula kayo sa ilan sa mga talatang binanggit ni Pangulong Monson, tulad ng Mateo 11:29, Juan 5:30, at Marcos 4:2. Maaari ninyong talakayin kung paano kayo matutulungan ng natutuhan ninyo tungkol kay Cristo na "[maging] kabahagi ng Kanyang banal na kapangyarihan."

DETALYE MULA SA *HAYAANG MAGSILAPIT SA AKIN ANG MALILIIT NA BATA*, NI CARL HEINRICH BLOCH

sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin."[9]

Tulungan ang mga anak ng Diyos na maunawaan kung ano ang tunay at mahalaga sa buhay na ito. Tulungan silang magkaroon ng lakas na piliin ang mga landas na magpapanatili sa kanilang ligtas tungo sa buhay na walang hanggan.

Ituro ang katotohanan, at tutulungan kayo ng Espiritu Santo sa inyong mga pagsisikap.

### "Mag-aral Kayo sa Akin"

Dahil si Jesucristo ay lubos na masunurin at mapagpakumbaba sa Kanyang Ama, Siya ay "[lumaki] sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Diyos at sa mga tao."[10] May determinasyon ba tayong gawin din iyon? Tulad noong si Jesus ay tumanggap ng kaganapan nang "biyaya sa biyaya,"[11] kailangang matiyaga at patuloy nating hanapin ang liwanag at kaalaman mula sa Diyos sa ating mga pagsisikap na matutuhan ang ebanghelyo.

Ang pakikinig ay mahalagang bahagi ng pagkatuto. Kapag naghahanda tayong maturuan, mapanalangin tayong naghahangad ng inspirasyon at pagpapatibay mula sa Espiritu Santo. Nagbubulay-bulay tayo, nagdarasal tayo, ipinamumuhay natin ang mga aral ng ebanghelyo, at hinahangad natin ang kalooban ng Ama para sa atin.[12]

Si Jesus ay "[nagturo ng] . . . maraming bagay sa mga talinghaga,"[13] na nangangailangan ng taingang nakaririnig, mga matang nakakakita, at mga pusong nakauunawa. Kung mamumuhay tayo nang marapat, mas maririnig natin ang mga bulong ng Espiritu Santo, na maaaring "[magturo sa atin] ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat [sa atin]."[14]

Kapag tumutugon tayo sa magiliw na paanyaya ng Panginoon, na "Mag-aral kayo sa akin," nagiging kabahagi tayo ng Kanyang banal na kapangyarihan. Samakatwid, sumulong tayo sa diwa ng pagsunod, na sumusunod sa ating Huwaran sa pamamagitan ng pagtuturo at pagkatuto ayon sa paraang nais Niya. ■

**MGA TALA**

1. Mateo 11:29.
2. Juan 3:2.
3. Lucas 18:22.
4. 3 Nephi 18:16.
5. Mateo 18:1–3; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. Doktrina at mga Tipan 88:77–78.
7. I Ni Pedro 3:15.
8. Moroni 7:41.
9. Juan 5:39.
10. Lucas 2:52.
11. Doktrina at mga Tipan 93:12.
12. Tingnan sa Juan 5:30.
13. Marcos 4:2.
14. Juan 14:26.

MGA BATA

## Pagkilala kay Jesus

Ang Espiritu Santo ay nagbibigay sa atin ng payapang damdamin para tulungan tayong malaman na si Jesus ay tunay at mahal Niya tayo. Sumulat o magdrowing ng isang bagay na nalaman mo tungkol kay Jesus.



PAGLALARAWAN NI KATIE MCDEE

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano pag-iibayuhin ng pag-unawa sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" ang inyong pananampalataya sa Diyos at pagpapalain ang mga binabantayan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa iba pang impormasyon, magpunta sa* ***reliefsociety.lds.org****.*

# Nilikha Ayon sa Larawan ng Diyos



"At sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis. . . .

"At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae" (Genesis 1:26–27).

Ang Diyos ang ating Ama sa Langit, at nilikha Niya tayo sa Kanyang wangis. Tungkol sa katotohanang ito, sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Ang ating Diyos Ama ay may mga tainga para marinig ang ating mga dalangin. Mayroon siyang mga mata para makita ang ating mga kilos. Mayroon siyang bibig para makapangusap sa atin. Mayroon siyang puso para makadama ng habag at pagmamahal. Siya ay tunay. Siya ay buhay. Tayo ay kanyang mga anak na nilikha sa kanyang larawan. Kamukha niya tayo at kamukha natin siya."[1]

"Itinuturing ng mga Banal sa mga Huling Araw ang lahat ng tao bilang mga anak ng Diyos sa ganap at lubos na kahulugan nito; itinuturing nila ang bawat tao na may banal na pinagmulan, kalikasan, at potensyal."[2] Bawat isa ay "minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit."[3]

"Nalaman din ni [Propetang] Joseph Smith na hangad ng Diyos na matanggap ng Kanyang mga anak ang uri ng kadakilaang taglay Niya."[4] Tulad ng sabi ng Diyos, "Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (Moises 1:39).

### *Isipin Ito*

Paano nakakatulong sa ating pakikihalubilo sa iba ang kaalaman na bawat tao ay nilikha sa wangis ng Diyos?

### *Karagdagang mga Banal na Kasulatan*

Genesis 1:26–27; I Mga Taga Corinto 3:17; Doktrina at mga Tipan 130:1

**MGA TALA**

1. Thomas S. Monson, "I Know That My Redeemer Lives," sa Conference Report, Abr. 1966, 63.
2. Gospel Topics, "Becoming Like God," topics.lds.org; tingnan din sa Moises 7:31–37.
3. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129.
4. Gospel Topics, "Becoming Like God," topics.lds.org; tingnan din sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 258.

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

### *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Naghanap ng paraan ang kapatid ni Jared sa Aklat ni Mormon na magkaroon ng liwanag ang walong gabara na dinisenyo upang itawid ang mga Jaredita sa karagatan patungo sa lupang pangako. Siya ay "tumunaw mula sa isang malaking bato ng labing-anim na maliliit na bato" at nanalangin sa Diyos na "hipuin . . . ang mga batong ito" ng Kanyang daliri "upang ang mga ito ay kuminang sa kadiliman." At "iniunat ng [Diyos] ang kanyang kamay at hinipo ang mga bato nang isa-isa." Naalis ang tabing sa mga mata ng kapatid ni Jared, at "nakita niya ang daliri ng Panginoon; at ito ay tulad ng daliri ng tao. . . .

"At sinabi ng Panginoon sa kanya: Maniniwala ka ba sa mga salitang sasabihin ko sa iyo?

"At tumugon siya: Oo, Panginoon."

At "ipinakita ng Panginoon ang kanyang sarili sa [kapatid ni Jared]" at sinabing, "Nakikita mo bang nilikha ka alinsunod sa aking sariling wangis? Oo, maging ang lahat ng tao ay nilikha noong simula alinsunod sa aking sariling wangis." (Tingnan sa Eter 3:1–17.)

# NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE 2015

*"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).*

*Habang nirerepaso mo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2015, magagamit mo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa susunod na mga isyu) para matulungan kang pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.*

**TAMPOK NA DOKTRINA**




## Pagbabayad-sala ng Ating Tagapagligtas

"Ang Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas ay higit pa ang ginagawa kaysa tiyakin sa atin ang imortalidad sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli ng buong sansinukob at naglalaan ng pagkakataon na maging malinis tayo mula sa kasalanan sa pamamagitan ng pagsisisi at pagpapabinyag. Binibigyan din tayo ng Kanyang Pagbabayad-sala ng pagkakataong manawagan sa Kanya na dumanas ng lahat ng ating mortal na kahinaan upang pagalingin at palakasin tayo na dalhin ang mga pasanin ng mortalidad. Alam niya ang ating dalamhati, at nariyan Siya para sa atin. Gaya ng mabuting Samaritano, kapag nakita Niya tayong sugatan sa tabing-daan, bebendahan Niya ang ating mga sugat at aalagaan tayo (tingnan sa Lucas 10:34). Ang nagpapagaling at nagpapalakas na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay para sa ating lahat na hihingi."

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pinalakas ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo," *Liahona,* Nob. 2015, 64.**

**PANGAKO NG PROPETA**



## Maaari Nating Piliing Maniwala

"Ako ay nagpapatotoo na kahit sa pinakamahirap na mga panahon, sasabihin sa inyo ng Tagapagligtas tulad ng sinabi Niya sa isang nababahalang ama sa masikip na kalye sa Galilea, 'Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang.'

"Maaari nating piliing maniwala.

"Dahil sa paniniwala, matutuklasan natin ang pagsikat ng liwanag.

"Matutuklasan natin ang katotohanan.

"Mahahanap natin ang kapayapaan.

"Dahil sa ating paniniwala, kailan man ay hindi na tayo magugutom, hindi na mauuhaw. Ang mga kaloob na biyaya ng Diyos ay magtutulot sa ating maging tapat sa ating pananampalataya at pupuspusin ang ating kaluluwa gaya ng 'isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan' [Juan 4:14]. Tayo ay daranas ng tunay at tumatagal na kaligayahan."

**Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Huwag Kang Matakot, Manampalataya Ka Lamang," *Liahona,* Nob. 2015, 79.**

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang **conference.lds.org**

## LUMIKHA NG ISANG SAWIKAIN NG PAMILYA

Batay sa kanilang “kaalaman tungkol sa awa at kapangyarihan ng Panginoon,” pinili ng pamilya ni Sister Neill F. Marriott ang “Magiging maayos ang lahat” bilang sawikain ng kanilang pamilya. Sa inyong pamilya, maaari ninyong talakayin kung paano kayo pinalalakas ng Tagapagligtas, at pagkatapos ay lumikha ng sawikain ng sarili ninyong pamilya. (Tingnan sa Neill F. Marriot, “Pagpapasakop ng Ating Puso sa Diyos,” 30.)




## MGA SAGOT PARA SA KABABAIHAN

Bawat kumperensya, ang mga propeta at apostol ay nagbibigay ng inspiradong mga sagot sa mga tanong ng mga miyembro ng Simbahan. Gamitin ang iyong isyu ng Nobyembre 2015 o bisitahin ang conference.lds.org para makita ang mga sagot sa mga tanong na ito:

- Bakit mahalaga sa Simbahan ang kababaihan sa mga huling araw na tumutupad sa tipan? —Tingnan sa Russell M. Nelson, “Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae,” 95.
- Bakit lubhang sagrado at dakilang responsibilidad ang pagiging ina? —Tingnan sa Jeffrey R. Holland, “Narito, ang Iyong Ina,” 47.
- Ano ang layunin mo bilang isang babae sa gawain ng kaligtasan? —Tingnan sa Carol F. McConkie, “Narito Upang Itaguyod ang Mabuting Adhikain,” 12.
- Bakit mahalaga na alam natin na tayo ay may likas na kabanalan at tadhana? —Tingnan sa Rosemary M. Wixom, “Pagtuklas sa Angking Kabanalan,” 6.



## MAY PAG-ASA KA PA


“Hindi mahalaga kung anong kasalanan ang nagawa natin o gaano kalalim ang pagkalubog natin sa hukay na iyon ng pagkakasala. . . .

“. . . Ang mahalaga ay nagsumamo si Cristo sa Ama alang-alang sa atin . . . Iyan ang talagang mahalaga at siyang dapat magbigay sa ating lahat ng panibagong pag-asa at determinasyong sumubok pang muli, dahil hindi Niya tayo nalilimutan.

“Pinatototohanan ko na ang Tagapagligtas ay hindi kailanman tatalikod sa atin kapag mapagpakumbaba natin Siyang hahanapin upang magsisi; hindi magsasabing wala na tayong pag-asa; hindi sasabihing, ‘Naku, Ikaw na naman’; hindi tayo tatanggihan dahil sa di-pagkaunawa kung gaano kahirap umiwas sa kasalanan. Ganap Niya itong nauunawaan. . . .

“Ang pagsisisi . . . ay may kapangyarihang mag-alis ng pasanin at palitan ito ng pag-asa.”

**Elder Allen D. Haynie ng Pitumpu, “Alalahanin Kung Kanino Tayo Nagtitiwala,” *Liahona,* Nob. 2015, 122–23.**




*ANG MABUTING SAMARITANO,* NI WALTER RANE; BANNER MULA SA ISTOCK/THINKSTOCK







Sa Eden lahat ng bagay ay nilikha sa malaparaisong kalagayan—walang kamatayan, walang magsisilang, walang mga pagsubok sa buhay.



Sina Adan at Eva ay bumaba mula sa kanilang pagiging imortal at malaparaisong kaluwalhatian tungo sa isang pagsubok at pagpapatunay sa lupa. Ito ang tinatawag na Pagkahulog.



**Ni Elder Bruce R. McConkie (1915–1985)**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

# ANG Tatlong Halamanan NG DIYOS

*Samahan ninyo ako sa pagtatamo ng mabuti at tiyak na kaalaman tungkol sa Pagbabayad-sala.*

Nadarama ko, at tila sumasang-ayon ang Espiritu, na ang pinakamahalagang doktrinang maipapahayag ko, at ang pinakamalakas na patotoong maibibigay ko, ay tungkol sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Panginoong Jesucristo.

Ang Kanyang Pagbabayad-sala ang pinakadakilang kaganapang nangyari o mangyayari mula sa simula ng Paglikha hanggang sa lahat ng panahon ng kawalang-hanggan.

Ito ang pinakadakilang gawa ng kabutihan at biyaya na tanging isang diyos lamang ang makagagawa. Sa pamamagitan nito, lahat ng kasunduan at kundisyon ng walang hanggang plano ng kaligtasan ng Ama ay naisagawa. . . .

Tungkol sa kamangha-manghang mga bagay na ito, gagamitin ko ang sarili kong mga salita, bagama't maaari ninyong isipin na ito ay mga salita sa banal na kasulatan, mga salitang sinambit ng iba pang mga Apostol at propeta.

Totoo na unang ipinahayag ng iba ang mga ito, ngunit akin na ito ngayon, sapagkat ang Banal na Espiritu ng Diyos ay nagpatotoo sa akin na ang mga ito ay totoo, at ngayon ay parang inihayag na sa akin ng Panginoon ang mga ito sa unang pagkakataon. Kaya narinig ko na ang Kanyang tinig at alam ko na ang Kanyang salita. . . .

Inaanyayahan ko kayong samahan ako sa pagtatamo ng mabuti at tiyak na kaalaman tungkol sa Pagbabayad-sala.

KALIWA: *ANG HALAMANAN NG EDEN*, NI JAN BRUEGHEL THE ELDER © MUSEO THYSSEN-BORNEMISZA/SCALA/ART RESOURCE, NY; *PARAISO*, NI JAN BRUEGHEL THE ELDER © BPK, BERLIN/GEMAELDEGALERIE/JORG P. ANDERS/ART RESOURCE, NY; *PAGLISAN SA HALAMANAN NG EDEN*, NI JOSEPH BRICKEY; KANAN: DETALYE MULA SA *PINALAYAS SINA ADAN AT EVA MULA SA HALAMANAN NG EDEN*, NI GARY L. KAPP; DETALYE MULA SA *SI CRISTO SA GETSEMANI*, NI HARRY ANDERSON; *ANG PAGKABUHAY NA MAG-ULI*, NI HARRY ANDERSON



*Naghintay sa malapit ang mga disipulo ni Cristo at hindi nagtagal ay nakatulog nang magpuntang mag-isa si Jesus sa Getsemani. Si Jesus ay "lumapit . . . [nang maka]ikatlo, at sinabi sa kanila, Mangatulog na kayo, at mangagpahinga: sukat na; dumating na ang oras; narito, ang Anak ng tao ay ipagkakanulo sa mga kamay ng mga makasalanan" (Marcos 14:41).*



*Sa Getsemani (itaas) at sa Golgota (ibaba), si Jesucristo ay nagpadanak ng Kanyang dugo at namatay sa krus. Siya ang nagbayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan at tinubos tayo mula sa Pagkahulog.*



Dapat nating iwaksi ang mga pilosopiya ng tao at ang karunungan ng matalino at makinig sa Espiritung ibinigay sa atin upang akayin tayo sa lahat ng katotohanan.

Dapat nating saliksikin ang mga banal na kasulatan, na tinatanggap na ito ang kagustuhan at kalooban at tinig ng Panginoon at ang mismong kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan.

Habang tayo ay nagbabasa, nagninilay, at nagdarasal, papasok sa ating isipan ang tanawin ng tatlong halamanan ng Diyos—ang Halamanan ng Eden, ang Halamanan ng Getsemani, at ang Halamanan ng Libingang Walang Laman, kung saan nagpakita si Jesus kay Maria Magdalena.

Sa Eden makikita natin ang lahat ng bagay na nilikha sa malaparaisong kalagayan—walang kamatayan, walang magsisilang, walang mga pagsubok.

Malalaman natin na ang gayong paglikha, na ngayon ay hindi alam ng tao, ay ang tanging paraan para bigyang-daan ang Pagkahulog.

Pagkatapos ay makikita natin sina Adan at Eva, ang unang lalaki at unang babae, na bumababa mula sa kanilang imortal at mala-paraisong kaluwalhatian upang maging unang mortal na nilalang sa mundo.

Ang mortalidad, kabilang na ang pagsilang at kamatayan, ay papasok sa mundo. At dahil sa paglabag, magsisimula ang panahon ng pagsubok.

At sa Getsemani makikita natin ang Anak ng Diyos na tutubusin ang tao mula sa temporal at espirituwal na kamatayan na napasaatin dahil sa Pagkahulog.

*Inilagak ang katawan ni Jesucristo sa isang libingan sa halamanan.*



DULONG KALIWA: *MANGAGPAHINGA NA KAYO,* NI WALTER RANE; ITAAS: *O AKING AMA,* NI SIMON DEWEY; KALIWA: *PAGPAPAKO SA KRUS* © BALAGE BALOGH/ART RESOURCE, NY; KANAN: *PIETA,* NI ANSELM FRIEDRICH FEUERBACH/© SUPERSTOCK



*Tatlong araw pagkaraan nagbangon si Cristo mula sa libingan, at naiwan itong walang laman. Pinutol Niya ang mga gapos ng kamatayan at napagtagumpayan ang libingan—sa gayo'y nakumpleto Niya ang sakdal na Pagbabayad-sala.*



*Sa libingang walang laman, nagpakita ang nabuhay na mag-uling si Cristo kay Maria Magdalena at nagtanong, "Bakit ka umiiyak? . . . Siya, sa pag-aakalang yao'y maghahalaman, ay . . . lumingon . . . , at nagsabi sa kaniya, Raboni; na ang ibig sabihin ay, Guro" (Juan 20:15–16).*

At sa huli, sa harap ng libingang walang laman, malalaman natin na nakalag na ni Cristo na ating Panginoon ang mga gapos ng kamatayan at walang hanggang nagtatagumpay laban sa libingan.

Sa gayon, Paglikha ang simula ng Pagkahulog; at dahil sa Pagkahulog ay nagkaroon ng mortalidad at kamatayan; at dahil kay Cristo nagkaroon ng imortalidad at buhay na walang hanggan.

Kung hindi nangyari ang pagkahulog ni Adan, kung saan dumating ang kamatayan, wala sanang Pagbabayad-sala ni Cristo, na naghatid ng buhay.

At ngayon, tungkol sa perpektong Pagbabayad-salang ito, na naisakatuparan sa pamamagitan ng pagbuhos ng dugo ng Diyos—pinatototohanan ko na nangyari ito sa Getsemani at sa Golgota, at tungkol kay Jesucristo, pinatototohanan ko na Siya ang Anak ng Buhay na Diyos at ipinako para sa mga kasalanan ng sanlibutan. Siya ang ating Panginoon, ating Diyos, at ating Hari. Alam ko ito, at walang kinalaman ang ibang tao.

Isa ako sa Kanyang mga saksi, at pagdating ng araw dadamahin ko ang mga marka ng pako sa Kanyang mga kamay at paa at babasain ng aking mga luha ang Kanyang mga paa.

Ngunit pagdating ng araw na iyon hindi magbabago ang alam ko ngayon na Siya ang Makapangyarihang Anak ng Diyos, na Siya ang ating Tagapagligtas at Manunubos, at na dumarating ang kaligtasan sa at sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang dugo at wala nang iba pang paraan.


Loobin nawa ng Diyos na makalakad tayo sa liwanag dahil ang ating Diyos Ama ay nasa liwanag nang sa gayon ay malinis tayo mula sa lahat ng kasalanan, ayon sa mga pangako, ng dugo ni Jesucristo na Kanyang anak. ■

*Mula sa "The Purifying Power of Gethsemane,"* Ensign, *Mayo 1985, 9–11. Pinagpare-pareho ang pagbabantas at pagpapalaki ng mga titik.*
*Ito ang huling patotoo ni Elder McConkie bilang apostol sa buhay na ito; pumanaw siya pagkaraan ng dalawang linggo.*


KALIWANG ITAAS: *SIYA'Y BUHAY,* NI SIMON DEWEY; IBABA SA KALIWA: *SINABI NI JESUS SA KANYA, MARIA,* NI WILLIAM WHITAKER, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM; KANAN: *ANG PAGPAPAKITA NI CRISTO KAY MARIA MAGDALENA,* NI ALEXANDER IVANOV/STATE RUSSIAN MUSEUM, ST. PETERSBURG, RUSSIA/SCALA/ART RESOURCE, NY



*Pagkatapos ay sinabi ni Jesus kay Maria, "Huwag mo akong hipuin; sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa Ama" (Juan 20:17).*



# Pagliligtas sa Inyong Buhay



**Ni Elder D. Todd Christofferson**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Sa pagbibigay ng Kanyang buhay, hindi lamang iniligtas ni Cristo ang Kanyang sariling buhay kundi maging ang ating buhay. Ginawa Niyang posible para sa atin na maging walang-hanggang buhay ang ating limitado at kalaunan ay walang patutunguhang mortal na buhay.*

Noong si Jesus at ang Kanyang mga Apostol ay magkakasama sa Cesarea ni Filipo, ito ang tanong Niya sa kanila, "Ano ang sabi ninyo kung sino ako?" (Mateo 16:15). Sumagot si Pedro nang buong paggalang at katatagan ng, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay" (Mateo 16:16; tingnan din sa Marcos 8:29; Lucas 9:20).

Naaantig ako kapag binabasa ko ang mga salitang ito; napupuspos ako ng saya kapag sinasambit ko ang mga ito. Matapos ang sagradong sandaling iyon, nang kausapin ni Jesus ang mga Apostol tungkol sa Kanyang nalalapit na kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli, sinalungat Siya ni Pedro. Pinagsabihan nang matindi si Pedro—dahil hindi siya nakaayon, o hindi niya ninanamnam, ang mga bagay ng Diyos "kundi ang mga bagay ng tao" (Mateo 16:21–23; tingnan din sa Marcos 8:33). Pagkatapos si Jesus, "[na nagpakita] ng ibayong pagmamahal sa kanya na [Kanyang] pinagsabihan" (D at T 121:43), ay magiliw na nagbilin kay Pedro at sa kanyang mga Kapatid tungkol sa pagpasan ng kanilang krus at pagbibigay ng buhay nila na siyang paraan upang magkaroon ng sagana at walang-hanggang buhay, na Siya mismo ang perpektong halimbawa (tingnan sa Matthew 16:24–25).

Gusto kong magsalita tungkol sa tila kabalintunaan na sinabi ng Panginoon na "Ang nakasusumpong ng kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang mawalan ng buhay dahil sa akin ay makasusumpong niyaon" (Mateo 10:39; tingnan din sa Mateo 10:32–41; 16:24–28; Marcos 8:34–38; Lucas 9:23–26; 17:33). Itinuturo nito ang malalim at malawak na doktrina na kailangan nating maunawaan at maipamuhay.

Isang mapag-isip na propesor ang nagsabi ng ganito: "Dahil ang kalangitan ay lalong mataas kaysa lupa, ang ginagawa ng Diyos sa inyong buhay ay mas malaki

DETALYE MULA SA *ANG TATLONG KRUS*, STATE TWO, NI REMBRANDT VAN RIJN, MULA SA THE PIERPONT MORGAN LIBRARY/ART RESOURCE, NY; GININTUANG BACKGROUND © ISTOCK/THINKSTOCK

kaysa sa kuwento ng buhay na gusto ninyong ibahagi. Ang Kanyang buhay ay mas dakila kaysa sa inyong mga plano, mithiin, o pangamba. Upang mailigtas ang inyong buhay, kailangang isantabi ninyo ang sarili ninyong kuwento at, bawat minuto, bawat araw, ibalik ninyo ang inyong buhay sa kanya."[1]

Habang lalo ko itong pinag-iisipan, lalo akong namamangha kung paano laging ibinibigay ni Jesus ang Kanyang buhay sa Ama, kung paano Niya ganap na inialay ang Kanyang buhay sa pagsunod sa kalooban ng Ama—sa buhay at sa kamatayan. Ito mismo ang kabaligtaran ng ugali at paraan ni Satanas, na laganap nang sinusunod ngayon ng mundong puno ng kasakiman.

*Ang isang aspeto ng pagbibigay ng ating buhay alang-alang sa mas dakilang buhay na nakikinita ng Panginoon para sa atin ay kinapapalooban ng pagpasan natin ng Kanyang krus sa araw-araw.*

Sa premortal na buhay, nang magboluntaryo si Jesus na gampanan ang papel ng Tagapagligtas sa banal na plano ng Ama, sinabi Niya, "Ama, masusunod ang *inyong* kalooban, at ang kaluwalhatian ay *mapasainyo* magpasawalang hanggan" (Moises 4:2; idinagdag ang pagbibigay-diin). Si Lucifer, sa kabilang banda, ay nagsabing, "Masdan, naririto ako, isugo ninyo ako, *ako* ang magiging inyong anak, at *aking* tutubusin ang buong sangkatauhan, upang wala ni isa mang katao ang mawala, attiyak na *akin* itong magagawa; kaya nga, ibigay ninyo sa *akin* ang inyong karangalan" (Moises 4:1; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang utos ni Cristo na sundin Siya ay isang utos na iwaksing muli ang kasamaan at isuko ang ating buhay para sa totoong buhay, para sa tunay na buhay, sa selestiyal na kahariang nakikinita ng Diyos para sa bawat isa sa atin. Ang buhay na iyan ay magpapala sa lahat ng makakahalubilo natin at magpapabanal sa atin. Sa ating kasalukuyan at limitadong pananaw, ito ay isang buhay na hindi kayang unawain. Tunay ngang "hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa kaniya" (I Mga Taga Corinto 2:9).

Sana marami pa tayong marinig sa pag-uusap ni Jesus at ng Kanyang mga disipulo. Malaking tulong sana ito para lalo nating maunawaan kung ano ang kahulugan ng tunay na mawalan ng sariling buhay alang-alang sa Kanya at masumpungan ito. Ngunit nang pag-isipan ko ito, natanto ko na ang ipinahayag ng Tagapagligtas bago at matapos Niya iyon ipahayag ay naglalaan ng mahalagang patnubay. Pag-usapan natin ang tatlo sa mga pahayag sa kontekstong ito.

### Pasanin ang Iyong Krus Araw-araw

Una ay ang mga salita ng Panginoon bago Niya sinabing, "Sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito" (Mateo 16:25). Tulad ng nakatala sa bawat buod ng mga Ebanghelyo, sinabi ni Jesus, "Kung ang sinomang tao'y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin" (Mateo 16:24). Idinagdag ni Lucas ang salitang *araw-araw*—[hayaan siyang] pasanin sa araw-araw ang kaniyang krus" (Lucas 9:23). Sa Mateo, nilinaw sa Pagsasalin ni Joseph Smith ang pahayag na ito gamit ang pakahulugan ng Panginoon sa pasanin ng isang tao ang kanyang krus: "At ngayon, ang pasanin ng isang tao ang kanyang krus, ay itanggi sa sarili ang lahat ng masama, at bawat makamundong pagnanasa, at sumunod sa aking mga kautusan" (Mateo 16:24, Gabay sa mga Banal na Kasulatan, PJS Mateo 16:26).

Umaayon ito sa pahayag ni Santiago: "Ang dalisay na relihion at walang dungis sa harapan ng ating Dios at Ama ay ito, . . . pagingatang walang dungis ang kaniyang sarili sa sanglibutan" (Santiago 1:27). Ang pagpasan sa sariling krus ay isang buhay na araw-araw na umiiwas sa lahat ng karumihan habang sinusunod ang dalawang dakilang utos—ibigin ang Diyos at ibigin ang inyong kapwa—kung saan nakasalalay ang lahat ng iba pang kautusan (tingnan sa Mateo 22:37–40). Kaya, ang isang aspeto ng pagbibigay ng ating buhay alang-alang sa mas dakilang buhay na nakikinita ng Panginoon para sa atin ay kinapapalooban ng pagpasan natin ng Kanyang krus sa araw-araw.

### Kilalanin si Cristo sa Harap ng Iba

Ang pangalawang nauugnay na pahayag ay nagsasabi na ang masumpungan ang ating buhay sa pamamagitan ng pagbibigay nito alang-alang sa Kanya at sa ebanghelyo ay nangangailangan ng kahandaang ipakita at ipahayag sa lahat ang ating pagkadisipulo. "Sinomang magmakahiya sa akin at sa aking mga salita sa lahing ito na mapangalunya at makasalanan, ay ikahihiya rin naman siya ng Anak ng tao, pagparito niyang nasa kaluwalhatian ng kaniyang Ama



*SINA PEDRO AT JUAN SA PASUKAN NG TEMPLO,* NI REMBRANDT VAN RIJN

na kasama ng mga banal na anghel" (Marcos 8:38; tingnan din sa Lucas 9:26).

Saanman sa Mateo, makakakita tayo ng pahayag na kaugnay nito:

"Bawa't kumikilala sa akin sa harap ng mga tao, ay kikilalanin ko naman siya sa harap ng aking Ama na nasa langit.

"Datapuwa't sinomang sa aki'y magkaila sa harap ng mga tao ay ikakaila ko naman siya sa harap ng aking Ama na nasa langit" (Mateo 10:32–33).

Ang isang malinaw at nakakapanatag na kahulugan ng mawalan ng buhay sa pamamagitan ng pagkilala kay Cristo ay ang literal na mawalan nito, sa paninindigan at pagtatanggol sa inyong pananampalataya sa Kanya. Nakasanayan na nating isipin na ang napakabigat na hinihinging ito ay bahagi na ng kasaysayan kapag binasa natin ang tungkol sa mga martir noong araw, kabilang na ang karamihan sa mga sinaunang Apostol. Gayunman, nakikita natin ngayon na ang nangyari noon ay patuloy pa rin ngayon.[2]

Hindi natin alam ang maaaring mangyari sa hinaharap, ngunit kung talagang mawalan ng buhay ang sinuman sa atin para sa layon ng Panginoon, tiwala ako na magpapakita tayo ng tapang at katapatan.

Gayunman, ang mas karaniwan (at kung minsa'y mas mahirap) na pagsunod sa turo ng Tagapagligtas ay may kinalaman sa pamumuhay natin araw-araw. May kinalaman ito sa mga salitang sinasambit natin, sa halimbawang ipinapakita natin. Dapat nating kilalanin si Cristo sa ating buhay at patotohanan sa mga salita ang ating pananampalataya at debosyon sa Kanya. At kailangang buong tatag na ipagtanggol ang patotoong ito sa kabila ng pangungutya, diskriminasyon, o paninira ng mga taong kumakalaban sa Kanya "sa lahing ito na mapangalunya at makasalanan" (Marcos 8:38).

Sa iba't ibang pagkakataon idinagdag ng Panginoon ang matinding pahayag na ito tungkol sa ating katapatan sa Kanya:

***Dapat nating kilalanin si Cristo sa ating buhay at patotohanan sa mga salita ang ating pananampalataya at debosyon sa Kanya.***

*Maaari at kailangan nating mahalin ang isa't isa tulad ng pagmamahal sa atin ni Jesus. Sabi ng Panginoon, "Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa."*

"Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang magdala ng kapayapaan sa lupa: Hindi ako naparito upang magdala ng kapayapaan, kundi tabak.

"Sapagka't ako'y naparito upang papagalitin ang lalake laban sa kaniyang ama, at ang anak na babae laban sa kaniyang ina, at ang manugang na babae laban sa kaniyang biyenang babae.

"At ang magiging kaaway ng tao ay ang kaniya ring sariling kasangbahay.

"Ang umiibig sa ama o sa ina ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin; at ang umiibig sa anak na lalake o anak na babae ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin.

"At ang hindi nagpapasan ng kaniyang krus at sumusunod sa akin, ay hindi karapatdapat sa akin" (Mateo 10:34–38).

Ang pagsasabing hindi Siya naparito upang magdala ng kapayapaan kundi ng tabak sa unang tingin ay tila salungat sa mga banal na kasulatan na tumutukoy kay Cristo bilang "Ang Pangulo ng Kapayapaan" (Isaias 9:6), sa pagpapahayag sa Kanyang pagsilang—"Luwalhati sa Dios sa kataastaasan, at sa lupa'y kapayapaan sa mga tao" (Lucas 2:14)—at sa iba pang kilalang mga reperensya, tulad ng "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo" (Juan 14:27).

"Totoong naparito si Cristo upang magdala ng kapayapaan—kapayapaan sa pagitan ng mga nananampalataya at ng Diyos, at kapayapaan sa mga tao. Ngunit ang dimaiiwasang bunga ng pagparito ni Cristo ay labanan—sa pagitan ni Cristo at ng anticristo, ng liwanag at ng kadiliman, ng mga anak ni Cristo at ng mga anak ng diyablo. Ang labanang ito ay maaaring mangyari maging sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya."[3]

Tiwala ako na marami sa inyo ang nakaranas nang matanggihan at itakwil ng inyong ama't ina at mga kapatid nang tanggapin ninyo ang ebanghelyo ni Jesucristo at pumasok kayo sa Kanyang tipan. Sa anumang paraan, dahil sa inyong matinding pagmamahal kay Cristo ay kinailangan ninyong isakripisyo ang mga ugnayang mahalaga sa inyo, at marami na kayong nailuha. Subalit dahil sa inyong walang-maliw na pagmamahal, matatag ninyong pinasan ang krus na ito, na ipinapakita na hindi ninyo ikinahihiya ang Anak ng Diyos.

## Ang Halaga ng Pagiging Disipulo

Ilang taon na ang nakararaan isang miyembro ng Simbahan ang nagbigay ng kopya ng Aklat ni Mormon sa kaibigan niyang Amish sa Ohio, USA. Sinimulang basahin ng kaibigang ito ang aklat at hindi na ito mabitawan. Nabinyagan ito at ang kanyang asawa, at sa loob ng pitong buwan dalawa pang mag-asawang Amish ang na-convert at nabinyagan bilang mga miyembro ng Simbahan. Nabinyagan ang kanilang mga anak pagkaraan ng ilang buwan.

Nagpasiya ang tatlong pamilyang ito na manatili sa kanilang komunidad at ipagpatuloy ang kanilang pamumuhay bilang Amish kahit tinalikuran na nila ang relihiyong Amish. Gayunman, "itinakwil" sila ng kanilang malalapit na kapitbahay na Amish. Ang



DETALYE MULA SA *PINAGAGALING NI JESUS ANG MAYSAKIT,* NI PAUL GUSTAVE DORE

ibig sabihin ng itinakwil ay wala ni isa sa mga Amish ang nakipag-usap, tumulong, nakipagnegosyo, o nakihalubilo sa kanila sa anumang paraan. Kabilang dito hindi lamang ang kanilang mga kaibigan kundi pati na rin ang mga miyembro ng kanilang pamilya.

Noong una, nalumbay at nangulila ang mga Banal na Amish nang itakwil at tanggalin pati na mga anak nila sa kanilang mga paaralang Amish Tiniis ng kanilang mga anak ang pagtatakwil ng kanilang mga lolo't lola, mga pinsan, at malalapit na kapitbahay. Maging ang ilan sa nakatatandang mga anak ng mga pamilyang Amish na ito, na hindi tumanggap sa ebanghelyo, ay ayaw kausapin o batiin man lang ang kanilang mga magulang. Nakipagbuno ang mga pamilyang ito upang makabangon mula sa mga bunga ng pagtatakwil, at nagtatagumpay sila.

Nananatiling matatag ang kanilang pananampalataya. Ang mga paghihirap at pagsalungat na dulot ng pagtatakwil ay nagpatatag at hindi nakatinag sa kanila. Isang taon matapos mabinyagan, ang mga pamilya ay ibinuklod sa templo at patuloy na nagpupunta sa templo linggu-linggo. Lumakas sila nang matanggap nila ang mga ordenansa at nakipagtipan at tumupad ng mga tipan na ito. Lahat sila ay aktibo sa kanilang grupo sa Simbahan at patuloy na naghahanap ng mga paraan upang maibahagi ang liwanag ng ebanghelyo at kaalaman tungkol dito sa kanilang mga kamag-anak at komunidad sa pamamagitan ng pagpapakita ng kabaitan at paglilingkod.

*Ang pinakamagandang paraan para matulungan ang mga mahal natin—ang pinakamagandang paraan para mahalin sila—ay patuloy na unahin ang Tagapagligtas.*

Oo, ang kapalit ng pagsapi sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay maaaring napakataas, ngunit ang payo na unahin si Cristo sa lahat, maging sa pinakamalalapit na miyembro ng ating pamilya, ay angkop din sa mga taong maaaring isinilang sa loob ng tipan. Marami sa atin ang naging miyembro ng Simbahan nang walang sumasalungat, marahil bilang mga anak. Ang hamon na maaari nating makaharap ay ang pananatiling tapat sa Tagapagligtas at sa Kanyang Simbahan sa harap ng mga magulang, biyenan, kapatid, o maging sa ating mga anak na dahil sa kanilang ugali, mga paniniwala, o mga pagpapasiya ay hindi masuportahan ang Tagapagligtas at ang kanilang sarili.

Hindi pinag-uusapan dito ang pagmamahal. Maaari at kailangan nating mahalin ang isa't isa tulad ng pagmamahal sa atin ni Jesus. Tulad ng sabi Niya, "Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa" (Juan 13:35). Kaya kahit patuloy ang pagmamahal sa pamilya, maaaring maputol ang ugnayan at, ayon sa sitwasyon, maaaring maputol ang suporta o pagpaparaya kung minsan alang-alang sa ating mas dakilang pagmamahal (tingnan sa Mateo 10:37).

Sa katunayan, ang pinakamagandang paraan para matulungan ang mga mahal natin—ang pinakamagandang paraan para mahalin sila—ay patuloy na unahin ang Tagapagligtas. Kung ilalayo natin ang ating sarili sa Panginoon dahil sa awa natin sa ating mga mahal sa buhay na nagdurusa o namimighati, mawawalan tayo ng paraan para matulungan sila. Gayunpaman, kung mananatili tayong matatag na nananampalataya kay Cristo, tayo ay kapwa tatanggap at makapagbibigay ng tulong mula sa langit.

Kapag dumating ang sandali na gustung-gusto nang bumaling ng isang pinakamamahal na miyembro ng pamilya sa tanging tunay at walang-hanggang pinagmumulan ng tulong, malalaman niya kung sino ang pagkakatiwalaan bilang gabay at kasama. Samantala, taglay ang kaloob ng Banal na Espiritu na gumagabay, matatag tayong makapaglilingkod upang ibsan ang sakit na dulot ng mga maling pagpapasiya at mapagaling ang mga sugat kapag tayo ay pinahintulutan. Kung hindi, hindi natin pinaglilingkuran ang mga mahal natin sa buhay ni ang ating sarili.

### Talikuran ang Mundo

Ang pangatlong elemento ng mawalan ng ating buhay alang-alang sa Panginoon ay matatagpuan sa Kanyang mga salita: "Sapagkat ano ang pakikinabangin ng tao, kung makamtan niya ang buong sanglibutan at mawawalan siya ng kaniyang buhay? o ano ang ibibigay ng tao na katumbas sa kaniyang buhay?" (Mateo 16:26). Tulad ng nakasaad sa Pagsasalin ni Joseph Smith, sinabi Niya: "Sapagka't ano ang pakikinabangin ng tao, kung makamtan niya ang buong sanglibutan, subalit ayaw niyang tanggapin siya na inorden ng Diyos, at mawala ang sarili niyang kaluluwa, at mapahamak?" (Lucas 9:25 [sa Bible appendix]).

Ang sabihin na ang pagtalikod sa mundo para tanggapin "siya . . . na inorden ng Diyos" ay salungat sa kultura sa mundo ngayon ay tiyak na kulang sa kasidhian. Ang

mga prayoridad at interes na napakadalas nating makita sa paligid (at kung minsan ay sa atin) ay lubhang makasarili: isang matinding hangaring kilalanin; isang pamimilit na igalang ang karapatan ng isang tao; isang malaking paghahangad sa pera, mga bagay, at kapangyarihan; isang damdamin ng karapatang guminhawa at masiyahan sa buhay; isang mithiing bawasan ang responsibilidad at iwasan nang lubusan ang anumang personal na sakripisyo para sa kabutihan ng iba—at ilan lamang ito.

Hindi naman ibig sabihin nito na hindi natin dapat hangaring magtagumpay, at magpakahusay, sa mga makabuluhang pagsisikap, kabilang na ang pag-aaral at marangal na trabaho. Tiyak na kapuri-puri ang mga makabuluhang tagumpay. Ngunit kung gusto nating pangalagaan ang ating mga kaluluwa, lagi nating tandaan na hindi ang mga ito ang ating layunin kundi mga pamamaraan ito tungo sa mas dakilang layunin. Sa ating pananampalataya kay Cristo, kailangan nating unawain na ang tagumpay sa pulitika, negosyo, pag-aaral, at iba pa ay hindi nagbibigay ng kahulugan sa atin kundi ginagawang posible nito na mapaglingkuran natin ang Diyos at ang ating kapwa—simula sa ating tahanan hanggang sa buong mundo.

> *Sa pagsukat sa tagumpay, kinikilala natin ang malalim na katotohanang batayan ng lahat ng iba pa—na ang ating buhay ay pag-aari ng ating Diyos Ama sa Langit at ni Jesucristo, na ating Manunubos.*

Ang sariling pag-unlad ay may halaga kung ito ay nakakatulong sa pagkakaroon ng katangiang tulad ng kay Cristo. Sa pagsukat sa tagumpay, kinikilala natin ang malalim na katotohanang batayan ng lahat ng iba pa—na ang ating buhay ay pag-aari ng ating Diyos Ama sa Langit; at ni Jesucristo, na ating Manunubos. Ang ibig sabihin ng tagumpay ay pamumuhay alinsunod sa Kanilang kalooban.

Kumpara sa buhay na puno ng paghanga sa sarili, nagbigay si Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) ng simpleng pagpapahayag ng mas mainam na paraan:

“Kapag naglilingkod tayo sa ating kapwa, hindi lang nakakatulong sa kanila ang ating ginawa, kundi nagbabago rin ang pananaw natin sa sarili nating mga problema. Kapag higit nating inalala ang iba, mababawasan ang oras natin sa pag-aalala sa ating sarili! Sa gitna ng himala ng paglilingkod, nangako si Jesus na kapag nilimot natin ang ating sarili, nasusumpungan natin ito! [Tingnan sa Mateo 10:39.]

“Hindi lang natin ‘nasusumpungan’ ang ating sarili kapag kinilala natin ang banal na patnubay sa ating buhay, kundi kapag higit nating pinaglingkuran ang ating kapwa sa mga angkop na paraan, nagiging mas makabuluhan ang ating kaluluwa. . . . Nagiging mas makabuluhan tayo sa paglilingkod sa iba—tunay na mas madaling ‘masumpungan’ ang ating sarili dahil marami pa tayong malalaman!”[4]

**Mawalan ng Inyong Buhay sa Paglilingkod sa Kanya**

Nalaman ko kamakailan na may isang dalaga na nagpasiyang magmisyon nang full-time. Humusay ang kakayahan niyang makipag-ugnayan at makipag-usap sa mga tao mula sa halos lahat ng relihiyon, pulitika, at bansa, at nag-alala siya na baka ang pagsusuot ng missionary tag sa buong maghapon, araw-araw, ay maging pantukoy na maaaring makahadlang sa kanyang pambihirang kakayahang makaugnayan ang iba. Ilang linggo pa lang sa kanyang misyon, sumulat siya sa kanyang pamilya tungkol sa simple ngunit makabuluhang karanasan:

“Pinapahiran namin ni Sister Lee ng panghaplas ang nirarayumang mga kamay ng isang matandang babae—napapagitnaan namin siya—habang nakaupo kami sa kanyang sala. Ayaw niyang makinig sa anumang mensahe, pero hinayaan niya kaming kumanta, at gustung-gusto niyang kumanta kami. Salamat sa itim na missionary name tag sa pagbibigay sa akin ng pagkakataong magkaroon ng malapit na pakikipag-ugnayan sa mga estranghero.”

Sa mga bagay na dinanas niya, natutuhan ni Propetang Joseph Smith na mawalan ng buhay sa paglilingkod sa kanyang Panginoon at Kaibigan. Minsa’y sinabi niya, “Ginawa ko itong panuntunan: *Kapag inutos ng Panginoon, gawin ito.”*[5]

Sa palagay ko mapapanatag tayong lahat na mapantayan ang antas ng katapatan ni Brother Joseph. Gayon pa man, minsan siyang pinagdusa nang ilang buwan sa bilangguan sa Liberty, Missouri, at nahirapan ang kanyang katawan ngunit marahil ay higit na nahirapan ang kalooban at espiritu dahil hindi niya matulungan ang pinakamamahal niyang asawa, mga anak, at mga Banal habang pinagmamalupitan at inuusig ang mga ito. Ang kanyang mga paghahayag at tagubilin ang nagdala sa kanila sa Missouri para itatag ang Sion, at ngayo’y pinalalayas sila sa kanilang mga tahanan, sa panahon ng taglamig, patawid ng buong estado.



DETALYE MULA SA *NAGDARASAL SI JESUS SA HALAMANAN,* NI GUSTAVE DORÉ

Sa kabila ng lahat, sa gayong kalagayan sa piitang iyon, sumulat siya ng isang inspiradong liham sa Simbahan sa napakaganda at nakasisiglang mga salita, na ang ilang bahagi ay bumubuo ngayon sa mga bahagi 121, 122 at 123 ng Doktrina at mga Tipan, at nagtatapos sa mga salitang ito: "Ating malugod na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya; at pagkatapos nawa tayo ay makatayong hindi natitinag, na may lubos na katiyakan, na makita ang pagliligtas ng Diyos, at upang ang kanyang bisig ay maipahayag" (D at T 123:17).

Mangyari pa, ang pinakamagandang paglalarawan ng pagliligtas ng buhay ng isang tao sa pamamagitan ng pagbibigay nito ay ito: "Ama ko, kung di mangyayaring makalampas ito, kundi ko inumin, mangyari nawa ang iyong kalooban" (Mateo 26:42). Sa pagbibigay ng Kanyang buhay, hindi lamang iniligtas ni Cristo ang Kanyang sariling buhay kundi maging ang ating buhay. Ginawa Niyang posible para sa atin na maging walang-hanggang buhay ang ating limitado at kalaunan ay walang-patutunguhang mortal na buhay.

Ang tema ng buhay ng Tagapagligtas ay "Ginagawa kong lagi ang mga bagay na [sa Ama'y] nakalulugod" (Juan 8:29). Dalangin ko na gagawin ninyo itong tema ng inyong buhay. Kung gagawin ninyo ito, maililigtas ninyo ang inyong buhay. ■

*Mula sa isang mensahe sa debosyonal ng Church Educational System na, "Pagliligtas sa Inyong Buhay," na ibinigay sa Brigham Young University noong Setyembre 14, 2014. Para sa buong mensahe, magpunta sa devotionals.lds.org.*

***Ang pinakamagandang paglalarawan ng pagliligtas ng buhay ng isang tao sa pamamagitan ng pagbibigay nito ay ito: "Ama ko, kung di mangyayaring makalampas ito, kundi ko inumin, mangyari nawa ang iyong kalooban."***

**MGA TALA**


1. Adam S. Miller, *Letters to a Young Mormon* (2014), 17–18.
2. Tingnan sa Martin Chulov, "Iraq's Largest Christian Town Abandoned as ISIS Advance Continues," *The Guardian,* Ago. 7, 2014, theguardian.com.
3. Kenneth Barker, ed., *The NIV Study Bible,* 10th anniversary ed. (1995), 1453.
4. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 104–105.
5. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 187.

# PAGKAKAROON NG KABATIRAN TUNGKOL SA EBANGHELYO SA PAMAMAGITAN NG PAGIGING INA

*Ang pagiging ina ay maaaring magbigay sa atin ng natatanging mga pagkakataong matutuhan ang doktrina ng Panginoon sa pamamagitan ng Espiritu.*



**Ni Katy McGee**

Alam ng kahit sinong ina na ang matalinong paggamit ng oras ay lubos na nagbabago kapag mayroon nang mga anak sa pamilya. Sa muling pagkatutong hatiin ang oras ko sa apat na musmos na anak, dumanas na ako ng nakapanghihinang mga sandali—lalo na ukol sa pag-aaral ng ebanghelyo. Mahirap mag-iskedyul ng pag-aaral ng banal na kasulatan at tiyaking ito ay makabuluhan. Ngunit natutuhan ko sa ilang karanasan na kapag ako ay sumunod at nanalangin, tuturuan ako ng Panginoon sa ibang mga paraan.

PAGLALARAWAN NG © ISTOCK/THINKSTOCK

## Ang Ating Magulang sa Langit

Isang araw habang namamalantsa ako, nagsimulang umiyak ang isang-taong-gulang na si Claire na nasa kuna niya. Oras iyon ng kanyang pag-idlip, at alam ko na kung mabilis kong maibibigay sa kanya ang pacifier, makakatulog siya ulit. Naglalaro ang tatlong-taong-gulang na si Lucy sa silid kung saan ako namamalantsa. Nagtalo sandali ang isipan ko at saka ako nagpasiyang iwanang naka-plug ang plantsa, batid na ilang sandali lang ako lalabas ng silid. "Lucy, nakikita mo ba ang plantsang iyon sa ibabaw ng mataas kong mesa?" tanong ko. "NAPAKAINIT niyon. Kailangan kong ibigay kay Claire ang pacifier niya. Huwag mong hipuin ang plantsa habang wala ako, o mapapaso ka."

Tiyak kong naunawaan iyon ni Lucy, kaya mabilis akong lumabas ng silid. Nagbalik ako pagkaraan ng ilang sandali, at narinig ko ang ungol mula sa likuran ng upuan.

"Lucy?" tanong ko. "Nasaan ka?"

Hindi siya sumagot.


"OK ka lang ba? "Bakit ka nagtatago?"

Lumapit ako sa likuran ng upuan at naupo sa sahig. Nakatakip ang mga kamay niya sa kanyang mukha. Pagkaraan ng ilang pagtanggi na sabihin sa akin kung ano ang nangyari, sinabi niya sa huli, "Inay, hinipo ko po ang plantsa ninyo."

Noong una ay nalito ako na hindi niya sinunod ang aking babala. Pagkatapos ay nalungkot ako na magtatago siya sa akin matapos makagawa ng maliliit na pagkakamali, sa takot na mawala ang pagmamahal at tiwala ko. Alam ko na wala siyang kapangyarihang pawiin ang sakit, at ako lang ang makakatulong para maibsan ang sakit sa napaso niyang daliri. Inalo ko si Lucy, at nang itakbo ko siya sa banyo para maibsan ang sakit, ibinulong ng Espiritu sa puso ko: "Ganyan ang pakiramdam ng Ama sa Langit kapag hindi sinusunod ng Kanyang mga anak ang Kanyang mga babala at hindi sila pumapayag na ibsan Niya ang sakit kapag kailangang-kailangan nila ito." Sa sandaling iyon labis akong nagalak sa kaalamang ito at sa tiwala sa kahandaan ng Panginoon na turuan ako.

## Dalisay na Pag-ibig

Pagkaraan ng ilang taon ay tinawag akong maging tagapayo sa aking ward Relief Society presidency. Nadama ko na hindi ko kayang gampanan ang tungkuling ito. Sinimulan kong pag-aralan ang alituntunin ng pag-ibig sa kapwa. Ipinagdasal kong mas magkaroon ako ng pag-ibig sa kapwa na katulad ng kay Cristo para sa kababaihang pinaglingkuran ko. Pero hindi ako sigurado kung ano ang hitsura o pakiramdam ng magkaroon ng espirituwal na kaloob na ito.



Ang pag-aalala ko ay nakabalisa sa aking isipan habang nagluluto ako ng tanghalian isang araw. Ang pangatlong anak kong si Annie ay nakaupo sa gitnang baitang ng aming hagdanan, wiling-wili sa imahinasyong likha ng batang dalawang-taong-gulang. Nakamasid ako nang dumukwang siya para kunin ang isang laruan, nawalan siya ng balanse o panimbang, at nahulog mula sa ikaapat o ikalimang baitang. Tumakbo ako papunta sa kanya at sinikap na panatagin habang umiiyak siya. Napatahimik ko siya hanggang sa may marinig akong mahinang paghikbi mula sa mesa sa kusina. Sumilip ako at nakita ko ang limang-taong-gulang na si Claire na umiiyak.

"Halika." sabi ko. "Ano'ng problema?"

Tumakbo siya sa amin ni Annie at nagyakapan kami. Ang mga salitang sinambit niya ay tuwirang sagot sa tanong ko sa panalangin tungkol sa pag-ibig sa kapwa.

"Nakita ko po ang pagkahulog ni Annie, at pagkatapos ay minasdan ko siya at nakita ko po kung gaano siya kalungkot," sabi niya. "Sana ako na lang po ang nahulog sa hagdan sa halip na si Annie kaysa makita ko siyang mahulog."

Agad pumasok ang ideya sa aking isipan sa pamamagitan ng Espiritu, "*Iyan* ang pag-ibig sa kapwa."

## Paglago sa Pananampalataya

Nitong huli, itinuro ng asawa ko sa aming mga anak ang kuwento tungkol kay Moises. Sabi ko, "Palagay ko kahanga-hanga ang pananampalataya ng ina ni Moises! Ipinaanod niya ito sa ilog at nagdasal siya sa Ama sa Langit na panatilihing ligtas si Moises. Naiisip ba ninyo ang malaking pananampalatayang kinailangan niya para ipagkatiwala sa Ama sa Langit ang kanyang sanggol?"

Tanong ni Lucy, "Inay, gayon po ba kalaki ang pananampalataya ninyo?"

Napakalalim ng tanong na iyon. Pinag-isipan ko iyon sandali at pagkatapos ay nagbahagi ako ng ilang karanasan ko noong matagumpay akong umasa nang may pananampalataya sa Panginoon. Ang sumunod na talakayan ay nagpatibay sa buong pamilya. Laging pumapasok sa isipan ko ang tanong niya. Nakapagbibigay ng lakas ang malaman na maaari akong manampalataya na tulad ng ina ni Moises.

Habang patuloy akong nananampalataya, humihiling sa panalangin, at buong pagsunod na nag-aaral, ginagamit ng Panginoon ang mga karanasan ko bilang ina upang ituro sa akin ang Kanyang doktrina sa pamamagitan ng Espiritu. At madalas Niya akong turuan, anuman ang mga limitasyon sa oras ng pagiging magulang. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Idaho, USA.*

# Mga Pagpapala
## NG ARAW NG SABBATH

*Tinatalakay ng mga Banal sa buong mundo kung paano napagpala ng espesyal at banal na araw na ito ang kanilang buhay sa kakaibang mga paraan.*

**Ni Marissa A. Widdison**
Mga Magasin ng Simbahan

Kunwari ay tinatanggap mo ang pinakamahalagang paanyaya sa iyong buhay: ang pagkakataong makasama nang isang araw si Jesucristo. Paano ka espirituwal at pisikal na maghahanda para sa araw na iyon? Anong mga pagpapala ang inaasam mong makamit mula sa gayong pagbisita?

Inanyayahan tayong lahat ng Panginoon na maglaan ng isang araw para makipag-ugnayan sa Kanya—ang araw ng Sabbath, na Kanyang binasbasan at ginawang banal (tingnan sa Exodo 20:11). Anong mga pagpapala ang tinatamasa ninyo kapag pinananatili ninyong banal ang araw ng Sabbath? Narito ang ilang ideya mula sa mga Banal sa buong mundo na maaaring magpahiwatig ng mga ideya at impresiyon sa inyo.

### Pagiging Malapit sa Diyos at kay Cristo

Natuklasan ni Sister Andrea Julião, mula sa São Paulo, Brazil, na tulad ng paglakas ng mga kaugnayan sa mga kaibigan sa lupa kapag nagkakasama-sama tayo, lumalakas ang ating kaugnayan sa Ama sa Langit kapag nakatuon tayo sa Kanya sa pagsamba sa Sabbath.


Habang bumibisita sa mga kapamilyang hindi miyembro ng Simbahan, nagpasiyang gumising nang maaga si Sister Julião sa araw ng Linggo at maghanap ng simbahang Latter-day Saint sa lugar. Habang naghahanda ang kanyang pamilya para sa isang araw ng paglilibang, sinaliksik ni Sister Julião ang buong pamayanan hanggang sa makilala niya ang isang tao na nagturo sa isang mataas na tore sa di-kalayuan. Nakadalo rin si Sister Julião sa oras ng pagsamba. "Ito ang pinaka-kahanga-hangang araw ng Sabbath," sabi niya. "Damang-dama ko ang pag-ibig ng Ama sa Langit. Nadama ko na natutuwa Siya kapag sinusunod ng Kanyang mga anak ang Kanyang mga turo. Lalong lumakas ang patotoo ko sa Simbahan ni Jesucristo."

### Pagpapagaling at Ginhawa

Tinalakay ni Pangulong Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, kung paano pinagpala ng araw ng Sabbath ang kanyang buhay noong binata pa siya at nagtatrabaho: "Una akong nakahanap ng kaluguran sa Sabbath maraming taon na ang nakalilipas nang, bilang isang abalang siruhano, nalaman ko na ang Sabbath ay naging araw para sa personal na paggaling. Sa katapusan ng bawat linggo, humahapdi ang aking mga kamay dahil sa paulit-ulit na pagkuskos dito gamit ang sabon, tubig, at matigas na brush. Kailangan ko ring mapahinga mula sa napakaraming gawaing dulot ng mahirap na propesyon. Lubos na pahinga ang bigay ng araw ng Linggo."[1]

### Oras para sa Family History

Hindi pa katagalan, ang 10-taong-gulang na si Eliza mula sa Edmonton, Alberta, Canada, ay nagbigay ng mensahe



MGA PAGLALARAWAN NI PASCAL CAMPION



sa sacrament meeting tungkol sa isang paraan kung saan pinagpala ang kanyang buhay ng pagutuon sa mga aktibidad na angkop sa Sabbath. Dahil kung minsan ay naiinip si Eliza tuwing Linggo, nagpasiya siya at ang kanyang pamilya na magandang subukan ang indexing. Hindi nagtagal ay natuklasan ni Eliza na gustung-gusto niyang magsaliksik ng mga pangalan at talaan. "Kapag nagsimula ako, gusto kong ituluy-tuloy ito hanggang sa walang hanggan," pagbabahagi niya sa kongregasyon.

Nang marinig ng lola-sa-tuhod ni Eliza kung gaano siya kasaya sa paggawa ng family history, tinuruan nito si Eliza na magdagdag ng mga kuwento at larawan sa kanilang online na family tree. "Ang saya-saya, gustung-gusto ko ito!" sabi ni Eliza. "Kapag gumagawa ako ng family history, nadarama ko ang diwa ni Elijah. Napakasarap maramdaman iyon."

### Isang Napasiglang Kaluluwa

Nagpatotoo si Sister Cheryl A. Esplin, unang tagapayo sa Primary general presidency, tungkol sa pagpapala ng makibahagi sa sakramento sa araw ng Sabbath: "Kapag tumatanggap ako ng sakramento, kung minsan ay inilalarawan ko sa isip ko ang ipinintang larawan ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas na nakaunat ang mga bisig, na parang handa Niya tayong tanggapin at yakapin nang buong pagmamahal. Gustung-gusto ko ang ipinintang larawang ito. Kapag iniisip ko ito sa oras ng sakramento, sumisigla ang aking kaluluwa dahil parang halos naririnig ko ang mga salita ng Tagapagligtas: 'Masdan, ang aking bisig ng awa ay nakaunat sa inyo, at kung sinuman ang lalapit, siya ay tatanggapin ko; at pinagpala ang mga yaong lumalapit sa akin' [3 Nephi 9:14]."[2]

### Mga Pagkakataong Maglingkod

Itinuro ni Elder L. Tom Perry (1922–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang isa sa mga dahilan kaya kailangan nating magpahinga mula sa ating mga gawain sa araw ng Linggo ay dahil inilalayo tayo ng mga ito sa "pagkakataong maglingkod sa iba."[3]

Ang paglilingkod sa Sabbath ay isang bagay na natutuhang mahalin ni Sister Zola Adjei habang lumalaki siya sa Kpong Branch sa Ghana. Kapag nakakauwi sila mula sa boarding school tuwing tag-init, naggugrupu-grupo sila ng iba pang mga kabataan at bumibisita sa mga miyembro ng kanilang branch na matagal na nilang hindi nakita. "Isang sakripisyo iyon dahil karamihan sa amin ay gutom na gutom pagkatapos magsimba, at napakalayo namin sa mga bahay namin kaya wala kaming oras para kumain at magtipong muli," sabi ni Sister Adjei. Ngunit sulit ang sakripisyo, dahil nagawa nilang manalangin at kumanta ng mga himno kasama ang kapwa nila mga miyembro ng branch at inanyayahan nila ang mga ito sa simbahan at sa mga aktibidad. Isa sa mga kabataan ang nag-alok na samahan silang lumakad papunta sa simbahan sa susunod na Linggo.

"Ang nakagawiang ito ay nagbigkis sa amin," sabi ni Sister Adjei. "Ang ilan sa amin ay nanatiling matalik na magkakaibigan dahil sa mga desisyon naming lumabas at ibalik ang nawawala naming mga kaibigan sa pamamagitan ng pag-uukol ng ilang oras namin sa araw ng Sabbath."

### Mga Pagkakataon para sa Gawaing Misyonero

Sa mundo ngayon, siguradong maiiba tayo sa lahat sa pagpapanatiling banal ng araw ng Linggo—na nagbibigay sa atin ng mga pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo sa natural na paraan kapag napansin ng iba ang kaibhan ng ating ginagawa linggu-linggo. Naranasan ito ng pamilya Davies noong nanirahan sila sa pulo ng Grenada kasama ang kanilang anak na si Adrielle. "Walang isa man sa mga kaibigan ni Adrielle ang miyembro ng Simbahan, at bagama't marami sa kanila ang naniniwala sa Diyos, ang araw ng Linggo sa kanila ay simpleng araw lamang ng Sabado't Linggo," paliwanag ni Sister McKenzie Lawyer Davies, ina ni Adrielle.

Ilang buwan pa lang ang nakararaan, inanyayahan si Adrielle sa birthday party sa isang sinehan sa araw ng Linggo. Nagpasiya ang kanyang pamilya na maghatid na lang ng regalo sa halip na magpunta sa sinehan at party. "Dahil dumaan lang kami para batiin sila, naibahagi namin sa kanila ang aming mga paniniwala tungkol sa Sabbath sa magiliw at tapat na paraan," sabi ni Sister Lawyer Davies. "Nagalak ako na nagbabahagi na ng ebanghelyo ang musmos kong anak na babae."

### Proteksyon Laban sa Kamunduhan

Sabi sa Doktrina at mga Tipan 59:9, "At upang lalo pa ninyong mapag-ingatan ang inyong sariling walang bahid-dungis mula sa sanlibutan, kayo ay magtungo sa panalanginan at ihandog ang inyong sakramento sa aking banal na araw." Itinuro ng mga makabagong propeta at apostol na ang ideya ng ating pananatiling "walang bahid-dungis mula sa sanlibutan" ay kapwa isang paanyaya at ipinangakong pagpapala na kapwa nagtutulungan.

Halimbawa, itinuro ni Pangulong James E. Faust (1920–2007), Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na kapag iniiwasan natin ang makamundong mga panggagambala sa araw ng Sabbath, binibiyayaan tayo ng proteksyon laban sa pagkalulong sa makamundong mga bagay: "Sa panahong ito ng nag-iibayong pagkalantad at pagkahumaling sa materyalismo, may tiyak na proteksyon tayo at ang ating mga anak laban sa mga salot ng ating panahon. Nakakagulat na ang susi sa tiyak ng proteksyong iyan ay matatagpuan sa pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath."[4]

### Makabuluhang Oras para sa Pamilya

Nalaman ng pamilya Olson sa Brigham City, Utah, USA, na kahit ang pagbabago ng isang maliit na aspeto ng kanilang araw ng Sabbath ay naghahatid ng mga dakilang pagpapala. Sa halip na manood ng telebisyon sa araw ng Linggo, nagtutuon sila ng pansin sa media na itinataguyod ng Simbahan. Nalaman nila na ang panonood ng mga Bible video (tingnan sa BibleVideos.org) kasama ang kanilang mga anak ay nag-aanyaya sa Espiritu gayundin ng mga tanong mula sa mga bata na nag-uudyok ng magagandang talakayan ng pamilya.

"Ang hindi panonood ng TV sa araw ng Sabbath ay humantong sa pinakamalaking pagbabago ng pokus para sa akin," sabi ni Sister Lacey Olson. "Maaaring pakiramdam natin ay napakaraming patakaran hinggil sa araw ng Linggo, ngunit sa palagay ko ang Sabbath ay isang araw na hindi hinihigpitan ang paglilingkod at pag-ibig sa kapwa. Kung pipiliin natin, maaari tayong bigyan ng araw ng Sabbath ng lakas na harapin ang mundo sa susunod na linggo."

Itinuro sa atin ng Panginoon sa mga banal na kasulatan na dapat ay "alalahanin [natin] ang araw ng sabbath upang ipangilin" (Exodo 20:8). Kapag kinilala natin ang araw ng Sabbath bilang mahalagang pagkakataon upang maangkin ang espirituwal na mga pagpapala, ang mga salitang iyon ay nagiging paanyaya mula sa Kanya. Paano tayo tutugon? Anong mga pangako ang nakalaan para sa atin at sa ating pamilya? ■


**MGA TALA**

1. Russell M. Nelson, "Ang Sabbath ay Kalugud-lugod," *Liahona,* Mayo 2015, 129.
2. Cheryl A. Esplin, "Ang Sakramento—Isang Pagpapanibago ng Kaluluwa," *Liahona,* Nob. 2014, 13.
3. L. Tom Perry, "Ang Sabbath at ang Sakramento," *Liahona,* Mayo 2011, 9.
4. James E. Faust, "The Lord's Day," *Ensign,* Nob. 1991, 35.

# Mas Magkakatulad Kaysa Magkakaiba

*Sa paglipat ng mga kabataang babae sa Relief Society at sa pangtanggap sa kanila rito ng mga kababaihan, mabilis nilang matutuklasan na marami silang pagkakapareho.*

Sa isang pinagsamang aktibidad ng Young Women at Relief Society, isang 18-taong-gulang na Laurel at isang 81-taong-gulang na babae ang hinilingang talakayin ang kanilang mga unang deyt. "Kapwa sila masayang nagulat na malaman ang mga pagkakatulad ng dalawang karanasan na ilang dekada ang agwat nang mangyari sa isa't isa."[1] Natuklasan nila na mas marami silang pagkakatulad kaysa inakala nila.

Ang paglipat sa Relief Society mula sa Young Women ay kadalasang tila nakababahala, at kung minsan nakakatakot pa nga. Bilang young woman, maaaring naitatanong ninyo, "Mayroon ba akong anumang pagkakatulad sa nakatatandang kababaihang ito? May lugar ba para sa akin sa Relief Society?"[2]

Ang sagot sa mga tanong na iyon ay isang malakas na oo! Tulad ng dalawang babae sa kuwento sa itaas, maaari ninyong makita na mas marami kayong pagkakatulad sa isa't isa kaysa inakala ninyo. At "oo" may lugar para sa inyo sa Relief Society. Ngunit, tulad ng lahat ng pagsulong sa mga yugto ng buhay, kailangan nating magtulungan upang magtagumpay.



## YOUNG WOMEN



**Ni Bonnie L. Oscarson**
Young Women General President

Ipinapangako ko sa inyo mga kabataang babae na kapag nagsikap kayong makilala ang kababaihan sa inyong ward, pagpapalain nila ang inyong buhay at magiging pagpapala kayo sa kanila. Lubos na makilahok at ipaalam na handa kayong maging aktibong miyembro ng isa sa mga pinakamatagal at pinakamalaking organisasyon ng kababaihan sa mundo. Kayo ay mahalagang bahagi ng gawain ng kaligtasan sa mga huling araw, at bilang anak na babae ng Ama sa Langit na tumutupad sa tipan, handa kayong gawin ang inyong bahagi sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lupa. Ihanda ang inyong sarili na magkaroon ng napakagandang karanasan.

### Ano ang Magagawa ng 18-Taong-Gulang na mga Laurel?

Habang lumilibot ang inyong tingin sa silid ng Relief Society na puno ng kababaihan na iba't iba ang edad, itanong, "Ano ang maaari kong matutunan mula sa kahanga-hangang kababaihang ito?" Kapag binuksan ninyo ang inyong puso't isipan, magugulat kayo sa mabubuo ninyong mga pakikipagkaibigan sa kababaihang nakatatanda sa inyo ngunit napakaraming maibabahaging karanasan at karunungan.

### Ano ang Magagawa ng mga Lider ng Young Women?

Ang inyong saloobin tungkol sa pagiging aktibong miyembro ng Relief Society ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa nadarama ng mga kabataang babae sa inyong mga klase tungkol dito. Maaari kayong magbahagi ng mga personal na karanasan na nagpapakita kung paano kayo napagpala o paano napagpala ang buhay ng iba sa pamamagitan ng pakikibahagi sa Relief Society. Dapat ninyong hikayatin at tulungan ang 18-taong-gulang na mga Laurel na gawing masaya ang paglipat sa Relief Society.

## RELIEF SOCIETY



**Ni Linda K. Burton**
Relief Society General President

Bilang kababaihan ng Relief Society, paano ninyo matutulungan ang "bagong lipat na kababaihan" na magtagumpay sa ating mahalagang bahagi sa gawain ng kaligtasan? Maipauunawa ninyo sa kanila na sila ay mahalagang bahagi ng sagradong gawain sa kaharian ng Diyos. Ang pagbabahagi ng aklat o online link sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian* ay makakatulong para ipaliwanag ang ating sagradong gawain sa Relief Society.

Maaari kayong magkapit-bisig at buksan ang inyong puso sa mga kabataang babae habang sama-sama tayong naghahanda para sa pagpapala ng buhay na walang hanggan. Maaari ninyong kaibiganin ang mga kabataang babae. Sa paggawa nito, matutupad ninyo ang hangarin ni Lucy Mack Smith para sa kanyang unang mga kapatid sa Relief Society: "Kailangan nating pakamahalin ang isa't isa, [pangalagaan] ang isa't isa, aliwin ang isa't isa at maturuan, upang makaupo tayo nang magkakasama sa langit."[3]

### Ano ang Magagawa ng mga Lider at Kababaihan ng Relief Society?

Kilalanin na ang mga kabataang babae ay may mga talento, kaloob, at sabik na magbahagi. Tiyakin na sa pagpasok ng mga kabataang babae sa Relief Society, may kaibigan silang makakatabi sa upuan. Bigyan sila ng mga pagkakataong idagdag ang kanilang masiglang impluwensya sa Relief Society. Isipin na hindi lamang malaki ang impluwensya ninyo sa nakababatang mga kapatid na babaeng ito, kundi maaari silang maging mapagmahal na mga halimbawa sa inyo. Kung nagtuturo kayo ng mga aralin sa Relief Society, tiyaking isama ang mga sitwasyon ng lahat ng edad na tinuturuan ninyo—hindi lamang ng mga ina. Ang mga kabataang babae ay maaari ring bigyan ng mga pagkakataong magturo sa Relief Society. Maaari ninyong subukang ipares ang nakababatang kababaihan sa nakatatandang kababaihan sa visiting teaching at mga pagkakataong maglingkod. Maaari kayong maging pagpapala at huwag ninyong hayaang maging hadlang ang edad. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Carole L. Clark, "Knit Together in Love," *Ensign,* Okt. 1993, 25.
2. Tingnan sa Bonnie L. Oscarson, "Help Young Women Embrace Move to Relief Society," *Church News,* Ago. 20, 2014.
3. Lucy Mack Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 30.

# Paglipat

## SA RELIEF SOCIETY



Noong nakaraang taon nag-post sina Sister Bonnie L. Oscarson, Young Women general president, at Sister Linda K. Burton, Relief Society general president, ng mga kahilingan sa kanilang Facebook pages ng Simbahan. Hiniling nila sa mga kabataang babae at kababaihan ng Relief Society, gayundin sa mga magulang, lider, at gurong tumutulong sa mga kabataang babae, na magbahagi ng kanilang mga karanasan tungkol sa paglipat nila sa Relief Society mula sa Young Women. Tumanggap ng mga puna ang dalawang pangulo mula sa iba't ibang panig ng mundo.

Nagpahayag ng kasabikan ang maraming kabataang babae dahil napapaligiran sila ng matatatag na kababaihan, samantalang ang iba ay nag-alinlangan.

Narito ang ilang puna tungkol sa pagpapadali ng paglipat sa Relief Society mula sa Young Women. Nakaayos ang mga ito sa dalawang grupo: (1) Ano ang magagawa natin sa Young Women? at (2) ano ang magagawa natin sa Relief Society?



## Sa Young Women

**1. DUMALO SA OPENING EXERCISES NG RELIEF SOCIETY.**

Inanyayahan ng maraming lider ng Relief Society ang mga kabataang babae na dumalo sa opening exercises minsan sa isang buwan at ang mga Laurel sa isang lesson paminsan-minsan.

Ibinahagi ni Jill, isang lider ng Relief Society, ang ginagawa ng kanyang ward. Isinulat niya: "Hinahamon namin ang mga kabataang babae na tabihan sa upuan ang isang Relief society sister bago ang miting at tanungin ito tungkol sa buhay niya. Tinutulungan nito ang mga kabataang babae na maunawaan na ang kababaihan sa Relief Society ay hindi naiiba sa kanila."

**2. KILALANIN ANG ISA'T ISA SA MGA PAGTITIPON.**

"Tandang-tanda ko noong tumulong akong maghugas ng pinggan sa isang tanghalian sa burol," pagsulat ni Rachel, na isang kabataang babae. "Nakipag-usap at nakipagtawanan ako sa kababaihang nasa kusina, at naramdaman ko na bahagi ako ng grupo. Nagpahayag sila ng kanilang tiwala sa akin. Mahalagang karanasan ito para sa akin."

Si Bekah, isang Relief society sister, ay gumawa ng hakbang upang makilala ang mga kabataang babae. Isinulat niya: "Ginamit ko ang social media para kaibiganin ang mga kabataan at alamin ang mga bagay na gusto nila. Dahil dito, naging magkakaibigan kami."

**3. MATUTO MULA SA KABABAIHAN NA MAHAL ANG RELIEF SOCIETY.**

"Lumaki ako sa isang bayan sa labas ng Stockholm, Sweden. Ang nanay ko ay walang asawa," pagsulat ni Britt-Marie. "Halos 13 taong gulang ako nang mabinyagan ako at ang nanay ko. Kapag dumadalo si Inay sa mga miting ng Relief Society sa gabi, isinasama niya ako para hindi ako maiwanang mag-isa sa bahay. Noong mag-18 taon na ako, nakilala at minahal ko na ang bawat miyembrong babae."

Isinulat ni Paula, "Bilang bagong kasapi sa edad na 14, sinikap kong paglingkuran ang mga balo, mga inang walang asawa, at mga di-gaanong aktibong kababaihan. Hindi nagtagal inaanyayahan na nila ako sa bahay nila para sa mga aktibidad ng pamilya. Dahil dito, sa unang Linggo ko sa Relief Society, pakiramdam ko ay puno ng maituturing kong mga ina ang silid."

"Nagbahagi ng patotoo ang aking ina, lola, at tiya sa pamamagitan ng kanilang mga halimbawa," pagsulat ni Lindsey. "Isinama nila ako sa mga proyektong paglilingkod. Hindi ako makapaghintay na maging opisyal na kasapi ng Relief Society. Hindi biglaan ang pagbabago. Ang Relief Society ang sa pakiramdam ko ay lagi kong pinupuntahan."

**4. MAGPAKITA NG HALIMBAWA.**

"Sabik na sabik akong magpunta sa Relief Society," sabi ni Emily. "Sa palagay ko dahil iyon sa pagiging malapit ko sa mga lider ng Young Women. Pinakitunguhan nila ako nang may malaking paggalang. Hindi ako nag-atubiling sumali sa kababaihan ng Relief Society dahil inisip ko na gayon din sila, at totoo nga."

"Sana mas maraming nasabi sa akin ang mga lider ko sa Young Women tungkol sa Relief Society at sa pagmamahalan at kapatirang matatagpuan doon," pagsulat ni Marisa.

"Malaki ang impluwensya ng mga lider sa pagtingin ng mga kabataang babae sa Relief Society," pagsulat ni Tessa. "Sa palagay ko mahalaga para sa mga lider ng Young Women na hikayatin ang mga kabataang babae sa Relief Society at ang kababaihan naman ng Relief Society na maging magiliw."

"Sana hindi ipinakita ng mga lider ko sa Young Women na parang nakakabagot sa Relief Society," pagsulat ni Amanda. "Dahil dito, ganoon ang naging pakiramdam ko sa pagpunta roon."

## Sa Relief Society

**5. GAWING HIGIT PA SA MINSANANG PANGYAYARI ANG PAGBABAGO.**

Bagama't maraming pangulo ng Relief Society ang gumagawa ng espesyal na bagay para kilalanin ang isang kabataang babae sa unang araw niya sa Relief Society, nakita sa mga puna na natanto rin ng mga lider na ang paglipat sa Relief Society ay isang patuloy na proseso.

Ibinahagi ni Raquel, isang lider ng Relief Society sa Brazil, kung ano ang ginawa ng kanilang panguluhan: "(1) Binigyan namin ang bawat kabataang babae ng welcome kit sa kanyang unang Linggo. Laging masaya ang sandaling ito. (2) Bilang panguluhan nagdaos kami ng kaunting training kasama sila para malaman nila na maaari nila kaming lapitan. (3) Iminungkahi namin na huwag munang palipatin kaagad ang mga dalagita sa Primary o Young Women."

**6. GAWING ANGKOP ANG MGA LESSON SA LAHAT NG KABABAIHAN.**

"Lumaki ako na kinakausap nang seryoso ang aking ina tungkol sa ebanghelyo," pagsulat ni Christy, "at nalaman ko na ang Relief Society ay kadalasang mas malapit sa gayong uri ng pag-uusap."

Isinulat ni Jillian: "Inasam kong magkaroon ng espirituwal na pananaw at nagpasalamat ako nang magkaroon ako nito."

"Nahirapan akong umugnay sa mga aralin at sa kababaihang tila sobra ang tanda sa akin," pagsulat ni Marisa.

"Natuwa akong marinig ang mga pananaw ng kababaihan na nakapagbabahagi sa akin ng pananaw tungkol sa ating layunin dito sa lupa na hindi ko pa nakikita," pagsulat ni Emily.

**7. TABIHAN SA UPUAN ANG ISANG KAIBIGAN SA ARAW NG LINGGO.**

"Wala akong kapamilyang makakatabi," pagsulat ni Lacey, isang kabataang babae. "Batiin lang ako ng 'Hi' o tabihan sa upuan ng kababaihan ay malaking bagay na sa akin."

Sinabi ito ni Kelly, isang Relief society sister, sa simpleng paraan. Isinulat niya: "Kung hindi nadarama ng isang



miyembro na siya ay tanggap, mahirap magpatuloy sa pagdalo."

Ang nakakalungkot, si Nikki ay isang babaeng nakadama ng pagka-asiwa. Ang isinulat niya ay nagpapaalala sa atin na palaging mas marami pa tayong magagawa. "Sa sitwasyong tulad ng sa akin, ang ilan ay hindi na aktibo. Ang Relief Society ay kailangang maging isang lugar kung saan maaari nating yakapin ang kababaihan anuman ang kanilang edad, sino man sila o ano man ang kanilang nagawa."

Napaiyak si Crystal sa kanyang unang araw. Isinulat niya: "Niyakap ako ng dati kong lider sa Young Women at pinatabi ako sa kanya. Kasama ko ang mga may-asawa, mga ina, at mga lola. Ibinahagi ko ang aking damdamin, at nakinig sila. Sa unang pagkakataon nadama ko ang lakas na maging kabahagi ng isang grupo ng kababaihan na nagsisikap na maging higit na katulad ni Cristo. Nadama ko na labis akong pinagpalang maging kabahagi ng pandaigdigang organisasyong ito."

**8. BIGYAN ANG MGA DALAGITA NG MGA PAGKAKATAONG MAGLINGKOD.**

"Hinilingan akong tumugtog ng piyano sa aming mga miting tuwing Linggo," pagsulat ni Amy. "Ang mabatid na kailangan ako ay nakatulong sa akin na mabigkis sa kababaihan. Katulad iyon ng sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) tungkol sa pangangailangan ng mga bagong miyembro ng Simbahan ng isang kaibigan, isang tungkulin, at pangangalaga ng mabuting salita ng Diyos [tingnan sa 'Find the Lambs, Feed the Sheep,' *Ensign,* Mayo 1999, 108]. Kailangan ko rin ang mga iyon."

Isinulat ng isang bagong miyembro ng Relief society na si Cate: "Nalaman ko na mayroon akong mahalagang tungkulin sa Relief Society matapos akong tawagin bilang guro. Napakarami kong natutunan. Wala pa akong asawa, pero dama ko na handa na akong mag-asawa at maging ina, dahil sa Relief Society."

Si Charlotte, isang dalaga, ay gumawa ng hakbang. Isinulat niya: "Naghanap ako ng mga pagkakataong maglingkod dahil bihira lang akong magkaroon ng pagkakataong dumalo sa mga miting ng Relief Society tuwing Linggo. Gayunman, ang mga pagkakataong maglingkod ay naging mabunga at itinuro nito sa akin ang kahulugan ng Relief Society."

**9. DAPAT NINYONG MALAMAN NA KAYO AY TANGGAP AT KAILANGAN.**

Isinulat ni Brooke, "Ang simpleng hangarin ng mga babae sa aking ward na tanungin kami kung ano ang mahalaga sa amin ay malaking bagay. Natanto ko na bagama't ang kababaihang ito ay may mga karanasan sa buhay na iba kaysa sa akin, magkatulad pa rin kami sa aming mga inaasam, pangarap, at pangamba."

Magkagayunman, si Robyn ay nahirapan. "Bago ako at wala akong kaedad sa Relief Society," pagsulat niya. "Noong una pakiramdam ko hindi ako kabilang." Ngunit patuloy na sumama si Robyn sa kanyang ina. "Unti-unti nakilala ko ang kababaihan at napamahal sa akin ang Relief Society at visiting teaching."



Isinulat ni Deborah: "Alam ko na isa akong Relief society sister nang hilingan ako ni Bonnie, ang aming Relief Society president, na tulungan ko siyang linisin ang apartment ng isang sister. Mahirap ang buhay ng sister at namatay nang biglaan pagkatapos. Habang magiliw naming sinusuri ang mahirap na pagtatapos ng kanyang buhay, nakita namin ang larawan niya noong ikinasal siya. Doon, nakangiti sa amin ang isang napakagandang babae na kulay-kape ang buhok sa kanyang puting satin na trahe-de-boda. Mahinang sinabi ni Bonnie, 'Ganito namin siya aalalahanin.' Nakadama ako ng pagmamahal sa isang sister na hindi ko nakilala sa buhay na ito. Kami ay magkapatid sa Relief Society. Luhaan naming tinapos ni Bonnie ang araw sa isang yakap."

Maging tunay na "magkakapatid" nga tayo, tulad ng magiliw na pagtukoy sa atin ni Pangulong Boyd K. Packer (1924–2015), Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, bilang magkakapatid sa Relief Society. Magsimula tayo sa kung ano ang magkakatulad sa atin. Ang ating paglipat sa Relief Society mula sa Young Women ang landas na laan ng Diyos para sa atin bilang Kanyang mga anak na babae upang lumago at umunlad. Tunay nga, gaya ng sabi sa sawikain ng Relief Society: "Ang pag-ibig sa kapwa-tao kailanman ay hindi nagkukulang" (tingnan sa I Mga Taga Corinto 13:8). ■



**Ni Elder Larry R. Lawrence**
Ng Pitumpu

# Ang Liwanag

## NG GANAP NA ARAW

*Ang pagtitipon ng lahat ng liwanag na kaya nating tipunin ang susi para matagumpay na makapasa sa pagsubok ng buhay sa lupa.*

Magugulat ba kayong malaman na ang tagumpay ninyo sa buhay ay nakasalalay sa kung gaano kalaking liwanag ang natamo ninyo habang narito kayo? Ang tagumpay ay hindi kung magkano ang inyong kinikita o gaano karaming medalya ang napanalunan ninyo o gaano kayo katanyag. Ang tunay na layunin ng ating buhay ay magtamo ng liwanag.

Ang ating pisikal na katawan ay lumalaki kapag pinapakain natin ng masustansiyang pagkain. Ang ating espiritu ay mas nagliliwanag kapag pinupuspos natin ng liwanag. "Ang Diyos ay ilaw, at sa kanya'y walang anumang kadiliman" (I Ni Juan 1:5). Ang ating Ama sa Langit ay minsang naging mortal na unti-unting umunlad hanggang sa Siya ay naging isang nilalang na may ganap na kaliwanagan. Nais Niyang gayon din ang mangyari sa inyo at sa akin dahil ang ganap na kaliwanagan ay nangangahulugan ng lubos na kagalakan.

Mahal na mahal tayo ng ating Ama sa Langit kaya nang lisanin natin ang premortal na buhay para isilang sa mundo, binigyan Niya ang bawat isa sa atin ng regalo sa ating paghihiwalay: ang Liwanag ni Cristo, ang ating budhi. Gaya ng sinasabi sa mga banal na kasulatan, "Ang Espiritu ay nagbibigay ng liwanag sa bawat tao na dumarating sa daigdig" (D at T 84:46).

Ang pinakadakilang hangarin ng Ama sa Langit ay ang sundan natin ang liwanag na taglay natin nang isilang tayo upang makatanggap tayo ng higit pang liwanag. Habang patuloy nating sinusundan ang liwanag na ipinagkakaloob sa atin ng ating Ama, tumatanggap tayo ng higit pang liwanag at nagiging mas katulad Niya tayo.

Ang kaloob na Espiritu Santo—bilang karagdagan sa liwanag na taglay natin nang isilang tayo—ay nagbibigay sa atin ng malaking kapakinabangan. Ito ay isa sa mga


PAGLALARAWAN NG ©STOCK/THINKSTOCK

**MAGTATAMO TAYO NG KARAGDAGANG LIWANAG KAPAG:**

- Minamahal natin ang iba.
- Pinag-aaralan natin ang mga banal na kasulatan.
- Sinusunod natin ang mga kautusan.
- Nakikinig tayo sa Espiritu Santo.
- Naglilingkod tayo sa templo.

pinakadakilang kaloob na matatanggap natin sa buhay na ito dahil nagbibigay ito ng mas maraming pagkakataong magtamo ng liwanag at katotohanan. Kung wala ang Espiritu Santo, para tayong isang tao na dahan-dahang naglalakad sa dilim pauwi na flashlight lamang ang gabay. Kapag tinanggap natin ang ebanghelyo ni Jesucristo at nabinyagan tayo, alok nito sa atin ay pagbuhos ng liwanag at ng isang gabay na nakakaalam ng daan. Ngayo'y maaari na tayong maglakad nang mas mabilis at makikita na natin ang ating landas sa ating paglalakbay pauwi.

## Nag-iibayo ang Liwanag

"Yaong sa Diyos ay liwanag; at siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw" (D at T 50:24).

Ang talatang ito ay lubos na nagbubuod ng ating layunin sa lupa. Ang walang-hanggang pag-unlad ay nangangahulugan lamang ng pag-iibayo ng liwanag. Habang ang ating espiritu ay lumiliwanag nang lumiliwanag, pinagsisikapan nating marating ang "ganap na araw" na iyon na maaari tayong maging *katulad ng Diyos* at *kapiling ng Diyos*.

Isipin ang konseptong ito ng liwanag sa susunod na dadalo kayo sa sesyon ng endowment sa templo. Nagsisimula kayo sa isang medyo madilim na silid. Habang nadaragdagan ang inyong kaalaman, mas nagliliwanag ang silid. Sa wakas dadalhin kayo ng inyong paglalakbay sa liwanag sa maluwalhating selestiyal na silid. Ang ating karanasan sa templo ay simbolo ng ating paglalakbay sa lupa. Ang mga bagay ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa makapasok na tayong muli sa kinaroroonan ng Panginoon.

Ang napakatinding liwanag ay isang katangian ng bawat nabuhay na mag-uling selestiyal na nilalang. Nang magpakita ang anghel na si Moroni kay Joseph sa kanyang silid, napansin ng batang propeta na ang anghel ay may "kaanyuan [na] tunay na parang kidlat" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:32). Ginamit din ni Mateo ang mga salitang iyon para ilarawan ang mga anghel sa puntod ng Panginoon, na itinatala na ang kanilang "anyo ay tulad sa kidlat" (Mateo 28:3 [tingnan din sa Joseph Smith Translation, Matthew 28:3, *a*]).

Pagdating ng oras na bawat isa sa atin ay mabubuhay na mag-uli, paano magpapasiya ang Panginoon kung tatanggap tayo ng katawang telestiyal, katawang terestriyal, o katawang selestiyal? Ang sagot ay mas madali kaysa inaakala ninyo. Kung tayo ay nagtamo ng sapat na selestiyal na liwanag sa ating espiritu, tayo ay mabubuhay na mag-uli sa katawang selestiyal. Kung nagkaroon lamang tayo ng liwanag na para sa terestriyal o telestiyal na katawan, iyon ang kaluwalhatiang matatanggap natin sa Pagkabuhay na Mag-uli.

Ipinaliwanag sa Doktrina at mga Tipan:



PAGLALARAWAN SA BOUNTIFUL UTAH TEMPLE NI DAVID STOKER

"Ang inyong kaluwalhatian ay yaong kaluwalhatiang kung saan ang inyong mga katawan ay bubuhayin.

"Kayo na binubuhay ng ilang bahagi ng kaluwalhatiang selestiyal ay makatatanggap pagkatapos ng gayon din, maging isang kaganapan" (D at T 88:28–29).

Hangga't nasa makipot at makitid na landas tayo, na nagsisikap na ipamuhay ang mga utos at pagbutihin ang ating mga sarili, nakakapagtipon tayo ng liwanag. Ngunit ano ang nangyayari kapag lumihis tayo ng landas at lumabag sa mga kautusan? Ano ang nangyayari sa ating liwanag?



Malinaw ang sinabi sa mga banal na kasulatan tungkol dito: "Siya na hindi nagsisisi, kukunin sa kanya maging ang liwanag na *kanyang* natanggap" (D at T 1:33; idinagdag ang pagbibigay-diin). Sa madaling salita, samantalang ang ilang tao ang nagtatamo ng liwanag, ang iba naman ay nawawalan nito. Kayang alisin ni Satanas ang liwanag tuwing sumusuway tayo sa katotohanan (tingnan sa D at T 93:39).

Ang mahalagang itanong ay, paano tayo magtatamo ng higit pang liwanag para ito ay "lumiwanag nang lumiwanag" sa ating kalooban? Magmumungkahi ako ng limang paraan.

## Mahalin ang Iba

Isa sa pinakamaiinam na paraan upang magkaroon ng liwanag ay ang matutong magmahal tulad ng pagmamahal ng ating Ama sa Langit. Tinatawag natin ang ganitong uri ng pag-ibig na *pag-ibig sa kapwa-tao*. Ipinayo sa atin ni Mormon na "manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, na kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig" (Moroni 7:48). Ang pag-ibig ay mabilis na nagdadala ng higit na liwanag sa ating mga espiritu; ang alitan at inggit ay nagaalis ng liwanag.

Tandaan, ang unang utos ay ibigin ang Diyos nang buong puso, kaluluwa, at isipan (tingnan sa Mateo 22:37–38). Ang gantimpala sa pagmamahal sa Diyos at pag-una natin sa Kanya sa ating buhay ay nakapalaki. Itinuro ni Jesus, "Kung ang inyong mata ay nakatuon sa *aking* kaluwalhatian, ang inyong buong katawan ay mapupuno ng liwanag" (D at T 88:67; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang pangalawang utos ay ibigin ang ating kapwa tulad sa ating sarili (tingnan sa Mateo 22:39). Maaaring mas mahirap itong gawin dahil ang ating kapwa ay hindi perpekto. Ang tunay na sikreto para matutong mahalin ang iba ay matatagpuan sa paglilingkod sa kanila. Iyan ang dahilan kung bakit likas nating minamahal ang ating mga anak, kahit sila man ay hindi perpekto.

Habang lalo kayong naglilingkod, lalo kayong nagmamahal, at habang lalo kayong nagmamahal, lalo kayong tumatanggap ng ibayo pang liwanag. Ang mga missionary—kapwa matanda at bata—ay nagkakaroon ng ningning na nakikita ng iba. Ang full-time service ay ginagantimpalaan ng maraming espirituwal na kaliwanagan.

## Pag-aralan ang mga Banal na Kasulatan

Walang shortcut o maikling paraan sa pag-aaral ng katotohanan. Kailangan ninyong gumugol ng oras sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan at mga turo ng mga propeta. Kung gusto ninyong umunlad sa espirituwal, kailangan ninyong pakainin ang inyong espiritu sa pamamagitan ng pagpapakabusog sa salita araw-araw. Ayon sa Doktrina at mga Tipan, ang katotohanan ay isa pang katawagan lamang sa liwanag (tingnan sa D at T 84:45).

Bago ninyo buklatin ang inyong mga banal na kasulatan bawat araw, manalangin na may matutuhan kayong bago na magdaragdag ng liwanag sa inyong espiritu. Pagkatapos ay maghanap ng mga bagong ideya at pang-unawa. Itanong din sa sarili, "Paano naangkop sa buhay ko ang mga bagay na binabasa ko?" Kailangan ninyong maging handang gumugol ng oras kung gusto ninyong magtamo ng higit na liwanag.

Ang isang kaugnay na pinagmumulan ng liwanag ng ating espiritu ay matatagpuan sa pagsasaulo ng mga banal na kasulatan. Sinabi ni Elder Richard G. Scott (1928–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang mga banal na kasulatan ay tulad ng mumunting liwanag na tumatanglaw sa ating isipan" at na "malaking tulong ang nagagawa ng pagsasaulo ng mga banal na kasulatan."[1] Ang kinabisadong mga talata sa banal na kasulatan ay nagiging isang kaloob na ibinibigay ninyo sa inyong sarili—isang kaloob na patuloy na magbibigay ng karagdagang liwanag.



## Sundin ang mga Kautusan

Habang tinutuklas ninyo ang mga kautusan sa mga banal na kasulatan, humayo at gawin ang mga ito. Halimbawa, kung mababasa ninyo ang banal na payo na "magpahinga sa inyong higaan nang maaga" at "gumising nang maaga" (D at T 88:124), makakabuting sumunod kayo. Kung binabasa ninyo ang Doktrina at mga Tipan at naraanan ninyo ang utos na "Huwag kayong magsasalita ng masama sa inyong kapwa" (D at T 42:27), makabubuting ingatan ninyo ang inyong pananalita mula ngayon. Kapag nalaman ninyo ang katotohanan, kailangan ninyo itong ipamuhay para makaipon ng liwanag.

Kung magtamo kayo ng liwanag ngunit hindi ninyo ito ginagamit, maaari itong mawala sa inyo.

## Makinig sa Espiritu Santo

Ang pakikinig sa Espiritu ay isang paraan na nagtamo si Pangulong Thomas S. Monson ng ibayong liwanag. Natuto siyang sumunod sa mga pahiwatig at paramdam na dumarating sa kanya. Itinuro sa mga banal na kasulatan, "Ang bawat isa na nakikinig sa tinig ng Espiritu ay lumalapit sa Dios" (D at T 84:47).

Kung umaasa kayong tatanggap ng espirituwal na mga pahiwatig, darating ang mga ito. Kung kikilos kayo ayon sa mga ito, mas marami pa kayong matatanggap. Kung may ipagagawa sa inyo ang Espiritu Santo na mahirap (gaya ng pag-aalis ng isang masamang gawi), at nakinig at sumunod kayo sa pahiwatig, daranas kayo ng mabilis na espirituwal na paglago at matinding pagbuhos ng liwanag.

## Maglingkod sa Templo

Kapag inisip natin ang mga templo ng Panginoon, likas nating naiisip ang liwanag. Halimbawa, isipin ang isinulat ni Propetang Joseph Smith tungkol sa paglalaan ng Kirtland Temple noong 1836: "Patakbong humangos ang mga tao sa lugar (nang marinig ang isang kakaibang ingay sa loob, at nakita nila ang maningning na liwanag na parang haliging apoy na nakatuon sa Templo)."[2]

Ibayong kaliwanagan at katotohanan ang matatamo sa paglilingkod sa templo kaya ang templo ay matatawag na Unibersidad ng Panginoon. Mas kapaki-pakinabang pa sa inyong espiritu ang liwanag ng templo kaysa sa sikat ng araw sa inyong katawan. Ituring ninyong pinagpala kayo kung regular kayong nagtatamasa ng makalangit na liwanag na ito.

## Maging Tanglaw

Bawat templo, bawat kapilya, bawat mission office, bawat tahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw, at bawat miyembro ng Simbahan ay dapat maging tanglaw sa mundo. Tulad ng ipinaalala ni Pedro sa mga Banal sa kanyang panahon, ang Diyos ang "tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan" (I Ni Pedro 2:9).

Dalangin ko na nawa'y gugulin natin ang ating buong buhay sa pag-iipon ng maraming liwanag sa ating espiritu sa abot--kaya natin. Pinatotohanan ko na ang paggawa nito ang susi upang matagumpay na makapasa sa pagsubok ng buhay na ito. Pinatotohanan ko na magtatamo tayo ng liwanag sa pagsunod sa mga mungkahi sa itaas. ■

**MGA TALA**

1. Richard G. Scott, "Ang Bisa ng Banal na Kasulatan," *Liahona,* Nob. 2011, 6.)
2. Joseph Smith, sa *History of the Church,* 2:428.



DETALYE MULA SA *ANG LIBING*, NI HEINRICH HOFMANN


# Isang Taong Walang Sala

Mga titik ni David B. Larsen
Himig ni Janice Kapp Perry




Binigyang-inspirasyon ni Elder Jeffrey R. Holland, "Kapag ang Katarungan, Pag-ibig, at Awa ay Nagtugma," pangkalahatang kumperensya ng Abril 2015.

© 2016 nina David B. Larsen at Janice Kapp Perry.
Lahat ng karapatan ay nakalaan. Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa angkop at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.



Habang nakaupo sa kanlungan ko sa ilalim ng lupa at nagbabasa ng Aklat ni Mormon, nagpasiya akong sundin ang sinasabi sa mga banal na kasulatan na magtanong sa Diyos kung ang Aklat ni Mormon ay totoo.

# ANG DIGMAAN AY NAGDULOT SA AKIN NG KAPAYAPAAN

Limang araw mula nang magtapos ako sa hayskul, nagpalista ako sa militar. Bago pa man ako lumisan patungong Vietnam, nagkaroon ako ng malinaw na impresyon na ang aking pagpapalista ay simula ng isang espirituwal na paglalakbay.

Dalawang oras matapos kaming dumating sa aking bagong yunit, sumabog ang mga bomba ng kaaway sa kampo. Isang pag-atake ng mortar ang sumunod nang gabing iyon. Parang nakakabigla ang lahat ng ito hanggang nang ikalawang linggo, nang namatay ang ilang sundalo. Nang mapayapa ako, sinimulan kong pagnilayan ang kahulugan ng buhay.

Hindi nagtagal nakilala ko ang helicopter crew chief na si Graig Stephens. Isang araw naging paksa namin ang relihiyon. Sinabi niya sa akin na siya ay miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at nagtanong kung gusto kong malaman pa ang iba. Kahit hindi miyembro ng Simbahan ang mga magulang ko, tinuruan nila akong manampalataya kay Jesucristo.

Noong gabing iyon sa isang walang-lamang kanlungan sa ilalim ng lupa, binasa sa akin ni Graig ang unang talakayan. Ang nakintal sa aking isipan ay hindi ang lohika ng talakayan o ang paraan ng kanyang paglalahad dito kundi ang katapatan at pagpapakumbaba ng binatang sundalong ito.

Nang sumunod na ilang araw, itinuro sa akin ni Graig ang iba pang mga talakayan. Pagkatapos ng bawat talakayan lumuluhod kami sa panalangin. Lagi niya akong hinihilingang manalangin, pero parang hindi ko ito magawa. Naaalala ko na naging balisa ako tungkol sa isang alituntunin ng doktrina at nagpasiya akong huwag nang pakinggan pa ang iba tungkol sa Simbahan. Ginugol ni Graig ang sumunod na araw sa paghahanap ng taong makakasagot sa aking mga katanungan.

Nang magdapit-hapon isinama niya ang isang piloto ng helicopter—na isang returned missionary—mula sa isa pang pangkat para kausapin ako. Sinagot ng kapatid na ito ang mga tanong ko at pinatotohanan na alam niya na ang Simbahan ay totoo. Pagkatapos ay sinabi niya sa akin na handa na akong mabinyagan na gaya ng ibang nakita niya. Hindi ako makapagsalita. Pagkatapos niyang magsalita, naisip ko, "Alam mo, tama siya."

Hindi naglaon, habang nakaupo sa kanlungan ko sa ilalim ng lupa at nagbabasa ng Aklat ni Mormon, nagpasiya akong gawin ang sinasabi sa mga banal na kasulatan na magtanong sa Diyos kung ang Aklat ni Mormon ay totoo (tingnan sa Moroni 10:4–5). Habang nakayuko, ipinarating ko ang aking kahilingan sa Panginoon. Hindi pa natatagalan matapos ko itong gawin ay nakadama ako ng di-maikakailang sigla at kapayapaan na noon ko lang naranasan. Alam kong sinagot na ng Diyos ang aking panalangin. Nalaman ko na totoo ang Aklat ni Mormon. Batid na ang Aklat ni Mormon ay totoo, nalaman ko na kailangan ay propeta si Joseph Smith. Hindi nagtagal pagkatapos niyon, nabinyagan ako sa Gulf of Tonkin.

Pag-ahon ko mula sa mga tubig ng binyag, nadama ko na malinis na malinis na ako. Ang buhay ay hindi kailanman naging ganoon katamis. Kinailangan kong lakbayin ang libu-libong milya papunta sa digmaan, ngunit sa huli ay natagpuan ko ang kapayapaang hinanap-hanap ng aking kaluluwa. ■

Robert Swenson, Alabama, USA

MGA PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

# MAY MAGAGAWA BA AKO?

Nakaupo ako sa sala at umiiyak. Ilang araw pa lang mula nang makunan ako, at hindi ko mapigilang isipin ang pagkawala ng aming sanggol. Napakaraming bagay ang nagpaalala sa akin ng trahedya, lalo na ang kabinet kong puno ng mga damit na pambuntis.

Tuwing papasok ako sa kuwarto ko, parang nakatitig sa akin ang mga damit mula sa mga sabitan nito. Karamihan sa mga ito ay bago at hindi pa naisusuot, na nagpapaalala sa akin na hindi na ako buntis. Hinanghina pa ako para tumayo nang mahigit sa ilang segundo para itago ang mga ito.

Biglang may kumatok sa pintuan ko. Nang buksan ko ito, naroon sa may pintuan ang visiting teacher ko. Siya rin ang visiting teacher na nagbantay sa mga anak ko nang kumpirmahin ng doktor ko sa aming mag-asawa na nakunan ako.

"May magagawa ba ako para sa iyo?" tanong niya.

"Opo," sabi ko. "Kailangan ko ang tulong ninyo sa pagtatago ng mga damit kong pambuntis."

Dinala ko siya sa kuwarto, inilabas ko ang mga damit na nasa mga drawer, at inalis ko ang mga damit sa hanger. Pagkatapos ay nahiga ako sa kama habang itinutupi niya ang mga damit ko at dahan-dahang inilalagay ang mga ito sa mga kahon. Matapos niyang iteyp ang mga kahon at dalhin sa ibaba ang mga ito para hindi ko na makita, nadama kong sumigla ang pakiramdam ko.

Pagkatapos ay nagpunta siya sa kusina, kinargahan ang dishwasher, pinunasan ang mga counter, at naglinis—mga bagay na hindi ko pa rin magawa noon. Pag-alis niya, malinis na ang bahay ko, nakatago na ang mga damit ko, at hindi na ako masyadong malungkot.

Itinuro ni Apostol Juan: "Walang takot sa pagibig: kundi ang sakdal na pagibig ay nagpapalayas ng takot" (I Ni Juan 4:18). Kapag tumulong tayong ibahagi ang pagmamahal ng Tagapagligtas, pinatatatag tayo ng Kanyang katapangan. Dahil puspos ng pag-ibig ni Cristo ang visiting teacher ko, nagpunta siya kaagad nang ipahiwatig ng Espiritu na magpunta siya.

Nakatanggap kami ng maraming pagpapahayag ng pagmamahal sa napakahirap na panahong iyon, kabilang na ang mga bulaklak, kard, cupcake, at pag-aalaga sa mga bata, na pinasalamatan naming lahat. Ngunit ang pagpapahayag na talagang nakatulong ay nang kumatok sa aking pintuan ang visiting teacher ko, na hindi nalalaman na kailangang-kailangan ko siya, at nagtanong, "May magagawa ba ako para sa iyo?" ■

Loralee Leavitt, Washington, USA



Nakahiga ako sa kama habang itinutupi niya ang mga damit ko at dahan-dahang inilalagay ang mga ito sa mga kahon.

# MGA SANGA-SANGANG BLACKBERRY

Ang mga blackberry ay lumalagong gaya ng mga damo sa kanlurang baybayin ng Canada. Tumutubo at lumalago ang mga halaman sa lahat ng dako at sumisiksik sa anumang maabot nito—ang mga bukirin, bangketa, lansangan, at tabing-dagat ay puno ng mga sanga-sangang blackberry. Sa panahon ng taglagas nagtutulungan ang magkakapitbahay sa pamimitas ng mga berry na gagamitin sa kanilang tahanan.

Isang taon nang sumama ako sa pamimitas ng mga blackberry, determinado akong hindi lang pumitas ng sapat para makagawa ng jam para sa aking pamilya, kundi magpapasobra din ako para sa kababaihang pinupuntahan ko bilang visiting teacher. Ang pinakamagandang lugar para mamitas ng mga blackberry sa lugar namin ay pababa sa paaralang elementarya, kung saan ang mga daanan at bukirin ay puno ng matitinik na halaman na aabot sa walong talampakan (2.4 m) ang taas. Namitas na ako roon noong nakaraang linggo, at alam ko na marami na ring ibang nakapunta roon, kaya malamang na kakaunti na lang ang natirang mga bunga.

Habang naghahanda akong mamitas ulit ng mga berry, naisip kong subukang mamitas sa ibang lugar. Sa bintana ng kusina ko may nakikita akong bakanteng lote sa tabi ng kalsada. Walang masyadong nagpupunta roon, at ang matitigas na sanga ay nakalatag sa malawak na lupain. Tiyak na maraming bunga sa lugar na wala pang nakakapamitas. Inilagay ko ang mga timba ko sa likuran ng kotse at nagtungo ako roon.

Hindi nagtagal ay nainitan, nagasgasan, at naguluhan ako habang nakatayo sa kalagitnaan ng malawak na lupaing may matitinik na halaman. Ang matitigas na sanga ay tigang, puno ng tinik ngunit walang anumang tanda ng pamumulaklak o pamumunga. Tatatlo ang napitas kong mga berry sa lugar na iyon, at hindi ko maunawaan kung bakit. Gayunman, kailangan pang punuin ang mga garapon ko ng jam, kaya nagpunta ako sa paaralan para tingnan kung may natira pang bunga roon.

Pagdating ko sa kaparangan ng paaralan, nakakita ako ng mas marami pang berry kaysa kailangan ko at marami pang papahinog pa lang, kahit marami nang mga taong namitas doon. Bigla kong natanto ang nangyari: ang sanga-sangang blackberry ay mas namumunga kapag pinipitas ang mga bunga nito. Dahil maraming taon nang namimitas sa lugar na ito ang aming kapitbahayan, tumutugon ang matitigas na sanga sa pamamagitan ng pamumunga taun-taon. Sa mga lugar kung saan hindi nagamit ang matitigas na sanga,

Nagpunta ako sa paaralan para tingnan kung may natira pang bunga roon.



PAGLALARAWAN NI STAN FELLOWS

nanatili silang tuyot at walang bunga. Dahil sama-sama kaming namitas ng mga blackberry sa lugar na iyon sa paglipas ng mga taon, nahitik ito sa bunga—mas marami pang bunga kaysa kailangan naming lahat.

Ipinaalala sa akin ng karanasang ito kung paano nakakatulong ang mga ikapu at handog-ayuno. Nangako sa atin ang Panginoon na kapag nagbabayad tayo ng ikapu, bubuksan Niya ang "mga durungawan sa langit, at ibubuhos sa [atin] ang isang pagpapala na walang sapat na lugar na mapaglalagyan nito" (3 Nephi 24:10). Sa pagbabahagi ng anumang mayroon tayo sa pamamagitan ng inspiradong mga programa ng Simbahan, nagkakaroon tayo ng temporal at espirituwal na kasaganaan para sa ating pamilya, sa ating komunidad, at sa ating sarili. ■

Rhiannon Gainor, California, USA



# TULUNGAN MO ANG KAKULANGAN KO NG PANANAMPALATAYA

Isang araw ng Sabado nagising ako na hindi makarinig sa aking kaliwang tainga. Tumawag ako ng doktor sa tainga, ilong, at lalamunan at nakipag-appointment.

Agad akong ipinadala ng doktor sa isang audiologist para sa hearing test. Nagsimula akong mag-alala nang wala akong anumang marinig sa kaliwa kong tainga. Nang matapos ang test, sinabi ng audiologist na mayroon akong sensorineural hearing loss, na ibig sabihin ay may nasirang isang ugat sa utak na ginagamit sa pandinig.

Nabigla ako. Ako ay 26 anyos pa lang at sinasabihan nang kailangan ko ng hearing aid. Isa sa mga kinahuhumalingan ko ang musika. Matutugtog ko pa kaya ang mga instrumento ko at makakakanta pa kaya ako?

Nagreseta ng steroid ang doktor para malaman kung makakatulong ito, pero sigurado siya na permanente na ang pagkawala ng aking pandinig.

Tinalo ako ng aking emosyon, at napuno ng luha ang aking mga mata. Natakot ako sa mangyayari sa hinaharap, at nalungkot ako na kailanman ay hindi na ako makaririnig ulit nang normal.

Nang gabing iyon iminungkahi ng asawa kong si Brian na bigyan ako ng basbas ng priesthood. Inasahan ko na papanatagin at palalakasin ako ng basbas upang makayanan ang pagkawala ng aking pandinig, pero sa halip ay ipinangako ni Brian sa kanyang basbas na lubos na manunumbalik ang aking pandinig. Hindi ako makapaniwala.

"Nagkamali siguro ang asawa ko," naisip ko. Marami nang nakita ang doktor na kagaya ng kaso ko at sinabi niya na hindi na manunumbalik ang aking pandinig.

Pagkatapos, tinanong ko si Brian kung inisip niya na ang ipinangakong pagpapala ay kalooban niya o ng Panginoon. Sinabi sa akin ni Brian na nakadama siya ng malakas na pahiwatig na sambitin ang pangakong iyon. Hindi ako kumbinsido.

Habang pinag-iisipan ko ang aking kalagayan, naalala ko ang isang talata sa aklat ni Marcos kung saan sinabi ni Jesus sa isang desperadong ama na "lahat ng mga bagay ay [posible] sa kanya na naniniwala." Sumagot ang lalaki, "Tulungan mo ang kakulangan ko ng pananampalataya" (Marcos 9:23–24). Ito ang pakiusap ko sa aking Ama sa Langit noong gabing iyon. Gusto kong maniwala na gagaling ako, pero hindi ako sigurado. Wala akong pananampalataya na tutulungan ako ng Panginoon sa aking kagipitan.

Pagkatapos kong magdasal naisip ko ang isang araling itinuro ko sa mga kabataang babae tungkol sa kapangyarihan ng mga basbas ng priesthood. Sinabi ko na sa klase na humingi ng mga pagbabasbas at na mapapagaling ng Panginoon ang maysakit sa pamamagitan ng mga pagbabasbas. Paano ko sila aasahang maniwala sa akin kung wala akong pananampalataya? Nagpasiya akong magtiwala sa Panginoon—hindi pa Siya nagsinungaling sa akin.

Pagkaraan ng dalawang linggo, lubos na nanumbalik ang aking pandinig. Nagulat ang audiologist at ang doktor.

Walang hanggan ang pasasalamat ko sa Ama sa Langit na nanumbalik ang aking pandinig, ngunit mas nagpapasalamat ako sa aral na natutuhan ko. Kahit hindi ito palaging sa paraan ng ipinangako sa atin sa basbas, alam ko na pagpapalain tayo ng Panginoon kung mananampalataya at magtitiwala tayo sa Kanya. ■

Stephanie Hughes, Texas, USA

# PAGDAMA SA DIWA NG INSTITUTE

**Ang paminsan-minsang negatibong kapaligiran ng unibersidad ay bumagabag sa akin. Nang damhin ko ang kapaligiran sa institute, nalaman ko na hindi ako nag-iisa.**

**Ni Jennifer Bohorquez Gomez**

Nang magsimula ako sa kolehiyo, gustung-gusto kong maging bahagi ng mga kapaligirang pang-edukasyon at makita ang sigla ng mga kabarkada ko. Salamat sa aking Ama sa Langit, sa Perpetual Education Fund, at sa suporta ng pamilya ko, unti-unting natupad ang pangarap ko.

Sa mga unang linggo ng klase, natanto ko ang hirap ng pag-aaral nang sumunod na limang taon: homework, mga quiz, test, at proyekto. Natutuhan kong mahalin ang pinili kong kurso at ang kolehiyong pinasukan ko, ngunit natanto ko rin na bago iyon ay wala akong gaanong alam sa mundo. Malinaw kong nakita na ako ay naiiba sa iba pang mga estudyante sa kolehiyo. Nakikinig sila sa musikang may malalaswang salita, at ang mga pag-uusap nila ay palaging tungkol sa kahalayan, paggamit ng ilegal na droga, at pag-inom ng alak tuwing Sabado't Linggo.

Maraming beses akong niyaya ng mga kaklase ko na makilahok sa mga aktibidad nila tuwing Sabado't Linggo. Matapos kong ipaliwanag ang aking mga pamantayan at relihiyon, iginalang ng marami ang aking mga pananaw at tumigil sa paggigiit na sumama ako sa kanila, ngunit marami pang nangutya sa aking mga paniniwala. Sinikap kong balewalain ang mga komentong ito, ngunit naisip ko, "Ganito na lang ba palagi?" Patuloy kong ipinagdasal na magkaroon ako ng lakas at hindi ko maramdaman na nag-iisa ako. Pero hindi ko nadama na nasagot ang mga panalanging ito. Pagkatapos ay natanto ko na hindi magbabago ang mga nangyayari sa paligid ko sa unibersidad. Bagama't nasa unibersidad, patuloy akong dumalo sa Young Women, kaya nalaman ko isang araw ng linggo ang tungkol sa institute sa sacrament meeting. Nagpasiya akong pumunta sa institute nang sumunod na Miyerkules upang magtanong tungkol sa Perpetual Education Fund.

Matapos ang mahaba at abalang araw sa unibersidad, nagpunta ako sa institute. Sumakay ako sa pampublikong sasakyan, umupo, at sinimulan kong basahin ang sumunod na kabanata ng takdang-aralin. Huminga ako nang malalim, sa kagustuhang makapagpahinga, at tumingala, para lamang makita ang isang bagay na di-angkop na nangyayari malapit sa akin. Bumaba ako sa aking babaan at lumakad papuntang institute, na laman ng isipan ang takdang-araling kailangan kong ipasa kinabukasan.

Kahit ipinamuhay ko ang mga pamantayan ng ebanghelyo, ang kapaligiran ng unibersidad ay bumabagabag sa akin habang papasok ako sa gusali ng institute. Pumasok ako at nakita ko ang mga young adult na estudyante sa kolehiyo na disente ang pananamit at narinig silang nagsasalita nang magalang sa isa't isa. Anong mga kurso ang kukunin nila ngayong semestre? Ang Doktrina at mga Tipan? Ang Aklat ni Mormon? Paghahanda ng Missionary?

Nilapitan ko ang clerk, sinagot niya ang tanong ko, at tumalikod na ako para umalis. Malapit sa labasan tumalikod ako, dama ang kapaligiran ng institute. Pumunta ako sa pintuan, at napuno ng luha ang aking mga mata nang makadama ako ng matinding kagalakan. Sumakay ako sa pampublikong sasakyan pauwi sa amin, na umiiyak at nakangiti. Nakintal ang isang ideya sa aking isipan: Hindi ako nag-iisa.



Sa sandaling iyon natanggap ko ang sagot sa aking mga dalangin. Nadama ko ang Espiritu, pinag-isipan ko ang aking karanasan, at pinasalamatan ko ang aking Ama sa Langit sa kagalakang dulot ng paniniwala sa ebanghelyo.

Nang makauwi ako, niyakap ko si inay at ikinuwento sa kanya ang magandang karanasang madama ang pagmamahal ng Diyos. Hindi Niya ako pinabayaang mag-isa kailanman at lumagi sa aking tabi, tulad ng ginagawa Niya sa bawat isa sa atin kapag kailangang-kailangan natin Siya. Dumalo ako sa institute habang nasa kolehiyo ako at marami akong nakilala na nananatiling mabubuti kong kaibigan. Ngunit si Jesucristo ang ating pinakamainam na pinagmumulan ng pagmamahal at suporta, at hinding-hindi Niya tayo pababayaang mag-isa. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Colombia.*



**ANG KAPANGYARIHAN NG INSTITUTE**

"Alam ko ang kapangyarihang nagmumula sa pakikihalubilo sa mga programang seminary at institute. Pinagyaman nito ang buhay ko, at alam kong ganoon din ang gagawin nito para sa inyo. Bibigyan kayo nito ng kalasag na proteksyon upang malayo kayo sa mga tukso at pagsubok ng mundo. May malaking pagpapala sa pagkakaroon ng kaalaman sa ebanghelyo. At wala akong alam na mas mainam na lugar para sa mga kabataan ng Simbahan para magtamo sila ng natatanging kaalaman tungkol sa mga sagradong bagay maliban sa institute."

**Elder L.Tom Perry (1922–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Receive Truth," *Ensign,* Nob. 1997, 61–62.**





**Ni Elder**
**M. Russell Ballard**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol



# *Ang* PAGBABAYAD-SALA *ng Ating Tagapagligtas*

*Kung tunay na mauunawaan natin ang Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo, matatanto natin kung gaano kahalaga ang bawat anak ng Diyos.*

Nitong nakaraang Enero namighati ang aming pamilya sa pagkamatay ng aming apong si Nathan sa pagbagsak ng eroplanong sinasakyan niya. Si Nathan ay naglingkod sa Baltic Mission na ang wika ay Ruso. Mahal niya ang mga tao at alam niyang isang pribilehiyo ang maglingkod sa Panginoon. Tatlong buwan matapos ko silang ikasal ni Jennifer sa templo, siya'y namatay sa aksidenteng ito. Ang biglaang pagkawala ni Nathan ang nagbaling sa aming puso at isipan sa Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo. Bagama't imposibleng masabi ko ang buong kahulugan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, dalangin ko na maipaliwanag ko ang kahulugan ng Kanyang Pagbabayad-sala sa akin at sa aming pamilya at kung ano rin ang maaaring kahulugan nito sa inyo at sa inyong pamilya.

Ang mahalagang pagsilang, buhay, Pagbabayad-sala sa Halamanan ng Getsemani, ang paghihirap sa Krus ng Tagapagligtas, ang paglibing sa Kanya sa puntod ni Jose, at ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, lahat ng ito'y naging panibagong katotohanan para sa amin. Tinitiyak sa ating lahat ng Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas na tayo rin ay susunod sa Kanya balang-araw at mabubuhay na muli. Mapayapa at nakapapanatag ang kaaliwang dulot ng dakilang kaloob na ito na dulot sa atin ng mapagmahal na biyaya ni Jesucristo, ang Tagapagligtas at Manunubos ng sangkatauhan. Dahil sa Kanya alam naming makakapiling namin muli si Nathan.

Wala nang mas dakila pang pagpapakita ng pagmamahal kaysa Pagbabayad-sala na isinagawa ng Anak ng Diyos. Kung hindi dahil sa plano ng ating Ama sa Langit, na itinatag bago pa nilikha ang daigdig, ang buong sangkatauhan—noon, ngayon,

DETALYE MULA SA *GETSEMANI* NI SIMON DEWEY.

at sa hinaharap—ay maiiwang walang pag-asa sa walang hanggang pag-unlad. Bunga ng pagkakasala ni Adan, ang mga tao'y nawalay sa Diyos (tingnan sa Mga Taga Roma 6:23) at habampanahon maliban kung may makikitang paraan para madaig ang kamatayan. Hindi ito magiging madali, dahil kailangan dito ang sakripisyo alang-alang sa iba ng Taong walang bahid-dungis at maaaring umako sa mga kasalanan ng buong sangkatauhan.

**Siya ay lumuhod sa mga nakapilipit na puno ng olibo, at sa paraang hindi natin lubos na mauunawaan, inako ng Tagapagligtas ang mga kasalanan ng daigdig.**

Salamat at magiting na isinagawa ni Jesucristo ang sakripisyong ito sa sinaunang Jerusalem. Doon sa Halamanan ng Getsemani sa tahimik na pag-iisa, Siya ay lumuhod sa mga nakapilipit na puno ng olibo, at sa paraang hindi natin lubos na mauunawaan, inako ng Tagapagligtas ang mga kasalanan ng daigdig. Kahit ang Kanyang buhay ay dalisay at walang kasalanan, binayaran Niya ang kahuli-hulihang kaparusahan para sa mga kasalanan—ang sa inyo, sa akin, at sa lahat ng nabuhay at mabubuhay dito sa mundo. Ang pagdurusa ng Kanyang isipan, damdamin, at kaluluwa ay napakabigat kung kaya't lumabas sa maliliit na butas ng Kanyang balat ang dugo (tingnan sa Lucas 22:44; D at T 19:18). Gayunman si Jesus ay kusang nagdusa nang sa gayon lahat tayo'y magkaroon ng oportunidad na mahugasan at maging malinis—dahil sa ating pananampalataya sa kanya, pagsisisi sa ating mga kasalanan, pagkabinyag sa wastong awtoridad ng priesthood, sa pagtanggap sa nakadadalisay na kaloob na Espiritu Santo sa pamamagitan ng kumpirmasyon, at pagtanggap sa lahat ng iba pang mahahalagang ordenansa. Kung walang Pagbabayad-sala ng Panginoon, hindi natin matatanggap ang kahit isa sa mga biyayang ito, at hindi tayo magiging karapat-dapat at handang bumalik upang makapiling ang Diyos.

Naniniwala ako na kung tunay na mauunawaan natin ang Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo, matatanto natin kung gaano kahalaga ang *bawat isang* anak ng Diyos. Naniniwala ako na ang walang hanggang layunin ng ating Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak ay karaniwang natatamo sa pamamagitan ng paggawa ng maliliit at simpleng bagay sa isa't isa. Ang *pagbabayad-sala* ni Cristo ay para sa *bawat* nilalang. Kung mauunawaan ito ng buong sangkatauhan, walang sinuman na hindi natin pahahalagahan, anuman ang edad, lahi, kasarian, relihiyon, o katayuan nito sa lipunan at kabuhayan. Sisikapin nating tularan ang Tagapagligtas at di kailanman magiging masama, walang malasakit, walang paggalang, o di-sensitibo sa iba.

Kung tunay na nauunawaan natin ang Pagbabayad-sala at ang walang hanggang halaga ng bawat kaluluwa, hahanapin natin ang mga naliligaw na mga bata at ang bawat naliligaw na anak ng Diyos. Tutulong tayo para malaman nila ang pagmamahal ni Cristo para sa kanila. Gagawin natin ang lahat para makatulong at maihanda sila sa pagtanggap ng nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo.

Kapag naiisip ko ang apo kong si Nathan at kung gaano siya kahalaga sa amin, nakikita at nadarama ko nang mas malinaw kung gaano ang nadarama ng ating Ama sa Langit sa lahat ng Kanyang mga anak. Hindi natin ibig na manangis ang Diyos dahil hindi natin ginawa ang lahat ng ating makakaya upang ibahagi ang mga inihayag na katotohanan ng ebanghelyo. Dalangin ko na hangarin nawa ng bawat kabataan natin na malaman ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala at magsikap silang maging karapat-dapat na maglingkod sa Diyos sa misyon. Si Jesus ang nagsabing, "At kung . . . kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, kahit *isang* kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakan kasama niya sa kaharian ng aking Ama!" (D at T 18:15; idinagdag ang pagbibigay-diin). Hindi lang iyan, kaylaki rin ng *kagalakan ng Panginoon* sa kaluluwang nagsisisi! Sapagkat napakahalaga sa Kanya ng bawat *isa*.

Ipinakita ng ating Ama sa Langit ang pagmamahal sa atin sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas. Inaanyayahan niya ang lahat na "lumapit kay Cristo, na siyang Banal ng Israel, at makibahagi sa kanyang kaligtasan, at sa kapangyarihan ng kanyang pagtubos" (Omni 1:26). Itinuro Niya sa atin na sa pamamagitan ng ating matapat na pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo, sa pagtanggap ng nakapagliligtas na ordenansa na ipinanumbalik, sa patuloy na paglilingkod, at pagtitiis hanggang wakas, ay makababalik tayo sa Kanyang piling. Mayroon



pa bang bagay sa daigdig na kasinghalaga ng kaalamang ito?

Nakalulungkot na sa daigdig ngayon, ang kahalagahan ng isang tao ay kadalasang nahuhusgahan sa dami ng manonood sa kanyang pagtatanghal. Ganoon inihahanay ang mga programa sa media at isport, kung paano magkaminsan itinatakda ang kabantugan ng isang samahan at madalas kung paano natatamo ang ranggo sa gobyerno. Iyan marahil ang dahilan kung bakit ang tungkuling gaya ng ama, ina, at missionary, ay bibihirang makatanggap ng papuri ng tao. Kakaunti ang nakapupuna sa "ginagawa" ng mga ama, ina, at missionary. Gayunman, sa paningin ng Panginoon *iisa* lamang ang mahalagang manonood—at iyon ay *isang* tao lang, ang bawat isa, ikaw at ako, at bawat *isa* sa mga anak ng Diyos. Ang Pagbabayad-sala ay walang katapusan at walang hanggan, gayunman ito'y angkop sa bawat indibiduwal, nang isa-isa.

Huwag na huwag maliitin ang kahalagahan ng *isang* tao. Alalahanin tuwina ang simpleng payo ng Panginoon: "Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos" (Juan 14:15). Sikapin tuwina na mamuhay nang karapat-dapat sa mga banal at lubos na pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo. Sa aming kalungkutan sa pagkawalay ng aming mahal na si Nathan ay dumating ang kapayapaang tanging ang ating Tagapagligtas at Manunubos ang makapagbibigay. Bumaling ang aming pamilya sa Kanya, bawat isa; at ngayo'y umaawit nang may higit na pagpapahalaga at pag-unawa:

*O, kahanga-hangang minahal N'ya ako't*
*Buhay N'ya'y 'binigay!*
*O kahanga-hanga para sa akin!*
("Ako ay Namangha," *Mga Himno,* blg. 115.)

Nawa'y ipagkaloob ninyo sa iba at tanggapin sa inyong sarili ang lahat ng pagpapalang inilaan ng Pagbabayad-sala ng Panginoong Jesucristo. ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2004.*

**Kung tunay na nauunawaan natin ang Pagbabayad-sala at ang walang hanggang kahalagahan ng bawat kaluluwa, hahanapin natin ang naliligaw na mga bata at ang bawat naliligaw na anak ng Diyos. Tutulong tayo para malaman nila ang pagmamahal ni Cristo para sa kanila.**



MGA ARALIN SA ARAW NG LINGGO

Paksa sa Buwang Ito:
Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo

# WALONG MALING PAG-UNAWA
## Tungkol sa Pagsisisi

*Kung hindi ka sigurado kung ano ang dapat mong pagsisihan at kailan ka dapat magsisi, narito ang ilang sagot.*

Hindi madaling magsisi, at kung minsan ay masakit ito. Ngunit kaya mong gawin ito. Kailangan nito ng pagbabago at kababaang-loob, at magagawa mo ito! Narito ang ilang karaniwang maling pag-unawa tungkol sa pagsisisi at ilang talagang magagandang sagot.

**MALING PAG-UNAWA #1:** ***Naaalala ko pa ang kasalanan ko, kaya malamang na hindi pa ako napapatawad.***

"Sisikapin ni Satanas na paniwalain tayo na ang ating mga kasalanan ay hindi pa napapatawad dahil natatandaan *natin* ang mga ito. Sinungaling si Satanas; sinisikap niyang palabuin ang ating isipan at ilayo tayo sa landas ng pagsisisi at kapatawaran. Hindi nangako ang Diyos na hindi na *natin* maaalaala ang ating mga kasalanan. Ang pag-alaala ay makatutulong sa atin na hindi na gawing muli ang gayong mga pagkakamali. Ngunit kung mananatili tayong tunay at tapat, ang alaala ng ating mga kasalanan ay hindi na magiging ganoon kasakit sa paglipas ng panahon."[1]
—Pangulong Dieter F. Uchtdorf

---

**MALING PAG-UNAWA #2:** ***Binabagabag pa rin ako, kaya di pa ako siguro napapatawad.***

"Para sa mga tunay na nagsisisi ngunit tila hindi mapanatag: patuloy na sundin ang mga kautusan. Nangangako ako sa inyo, mapapanatag kayo sa takdang panahon ng Panginoon. Nangangailangan din ng panahon ang paghilom."[2]
—Elder Neil L. Andersen

---

**MALING PAG-UNAWA #3:** ***Basta pumapasok na lang ang masasamang ideya sa isipan ko, kaya wala akong magagawa tungkol dito.***

"Kusang pumapasok sa isipan ang ilang masasamang ideya. Ang iba ay pumapasok dahil pinapapasok natin ito sa pamamagitan ng mga bagay na tinitingnan at pinakikinggan natin. Ang pag-uusap tungkol sa at pagtingin sa mahahalay na larawan . . . ay makakapukaw sa masisidhing damdamin. Tutuksuhin ka nitong manood ng diangkop na mga [video] o pelikula. Nakapaligid sa iyo ang mga bagay na ito, ngunit hindi ka dapat makilahok sa mga ito. Sikaping manatiling malinis ang iyong isipan sa pamamagitan ng pag-iisip ng mabuting bagay. Isang bagay lang ang maaaring pumasok sa isipan mo sa isang pagkakataon. Gamitin iyan para iwaksi ang masasamang kaisipan. Higit sa lahat, huwag pakainin ang isipan sa pagbabasa o panonood ng mga bagay na mali. Kung hindi mo kokontrolin ang iyong mga iniisip, patuloy kang tutuksuhin ni Satanas hanggang sa gawin mo na ito kalaunan."[3]
—Elder Richard G. Scott (1928–2015)

**MALING PAG-UNAWA #4:** ***Hindi na ako mamahalin ng Diyos dahil sa aking mga pagkakamali.***

"Mahal ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga anak, at hindi Siya kailanman titigil sa pagmamahal at pagasam para sa atin. Malinaw ang plano ng ating Ama sa Langit, at dakila ang Kanyang mga pangako: 'Sapagka't hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas" (Juan 3:17)."[4]
—Pangulong Dieter F. Uchtdorf

---

**MALING PAG-UNAWA #5:** ***Napakabigat ng mga kasalanan ko kaya hindi na ako mapapatawad.***

"Gaano man karaming pagkakataon ang iniisip ninyong lumagpas sa inyo, gaano man karaming pagkakamali ang inaakala ninyong nagawa ninyo o mga talentong wala kayo, o gaano man kayo napalayo sa inyong tahanan at pamilya at sa Diyos, pinatototohanan ko na *hindi* pa rin kayo ganap na napalayo sa pag-ibig ng Diyos. Hindi posibleng lumubog kayo nang mas malalim kaysa kayang abutin ng walang-hanggang liwanag ng Pagbabayad-sala ni Cristo."[5]
—Elder Jeffrey R. Holland

---

**MALING PAG-UNAWA #6:** ***Tumigil na akong gumawa ng mabigat na kasalanan, kaya hindi ko na kailangang makipagkita sa bishop. Mananalangin na lang ako at magiging maayos ang lahat, o sasabihin ko na lang sa mga magulang ko.***

"Sinabi ng Panginoon na ang bishop ang pangkalahatang hukom sa Israel (tingnan sa D at T 107:72, 74). Responsibilidad niyang alamin ang pagkamarapat ng mga miyembro ng kanyang ward. Sa pamamagitan ng ordinasyon at matwid na pamumuhay, ang bishop ay may karapatan sa paghahayag mula sa Espiritu Santo tungkol sa mga miyembro ng kanyang ward, pati na sa iyo.

"Matutulungan ka ng bishop na magsisi sa paraang hindi kayang ibigay ng iyong mga magulang o iba pang mga lider. Kung mabigat ang kasalanan, maaari niyang ipasiya na dapat limitahan ang mga pribilehiyo

mo sa Simbahan. Halimbawa, bilang bahagi ng iyong pagsisisi, maaari ka niyang sabihan na huwag kang makibahagi sa sakramento o huwag gamitin ang priesthood sa loob ng ilang panahon. Tutulungan ka niya at siya ang magpapasiya kapag karapat-dapat ka nang muling gawin ang mga sagradong aktibidad na iyon."[6]
—Elder C. Scott Grow

**MALING PAG-UNAWA #7:** ***Hindi ko kayang kausapin ang bishop dahil bababa ang tingin niya sa akin.***

"Ipinapangako ko sa iyo na hindi ka niya huhusgahan. Bilang lingkod ng Panginoon, magiging mabait siya at maunawain habang nakikinig sa iyo. Pagkatapos ay tutulungan ka niya sa proseso ng pagsisisi. Siya ang sugo ng awa ng Panginoon para tulungan kang maging malinis sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo."[7]
—Elder C. Scott Grow

**MALING PAG-UNAWA #8:** ***Ginawa ko iyong muli, kaya hindi ako nararapat patawarin. Siguro hindi ko kayang magbago.***

"Kung minsan sa ating pagsisisi, sa araw-araw nating pagsisikap na maging higit na katulad ni Cristo, paulit-ulit tayong nagpupunyagi sa parehong mga kahirapan. Tulad ng pag-akyat sa bundok na maraming puno, minsan ay hindi natin makita ang ating pagsulong hangga't hindi tayo nakararating sa tuktok at lilingon mula sa matatarik na bangin. Huwag panghinaan ng loob. Kung kayo ay nagpupursigi at nagsisikap na magsisi, nasa proseso kayo ng pagsisisi.

"Sa sandaling ito mismo, may nagsasabing, 'Brother Andersen, hindi mo naiintindihan. Hindi mo nadarama ang nadama ko. Napakahirap magbago.'

"Tama ka; hindi ko lubos na naiintindihan. Pero may Isang nakakaintindi. Alam Niya. Nadama na Niya ang pasakit na dinaranas mo. Sinabi Niya, 'Aking inanyuan ka sa mga palad ng aking mga kamay' (Isaias 49:16). Naroon ang Tagapagligtas, nakaunat ang mga kamay, sinasabi sa ating: '[Lumapit] sa akin' [3 Nephi 9:14]. Maaari tayong magsisi. Kaya natin!"[8]
—Elder Neil L. Andersen

## Matapos Magtapat, Gaganda ang Pakiramdam Mo

Maaaring nag-aalala ka kung ano ang sasabihin ng bishop mo, kung ano ang iisipin niya tungkol sa iyo. Pero huwag kang mag-alala dahil hindi mangyayari iyan. Gusto ka lang niyang tulungan. Hindi ka niya huhusgahan o parurusahan. Mauunawaan ka ng bishop mo. At matapos magtapat, gaganda ang pakiramdam mo nang isang milyong beses, at kapag malinis ka na, kamangha-mangha iyon. Kung may problema ka, lutasin na ito ngayon. Kapag mas maaga mo itong gagawin, mas maaga kang magiging malinis at magkakaroon ng kagalakan.

Molly Jeanette T.



## Hindi Kailangang Makipagkita sa Bishop?

Noong nakaraan nakagawa ako ng kasalanan, pagkatapos ay nagdasal ako at akala ko nakapagsisi na talaga ako. Isang araw lumakas ang pakiramdam ko na dapat kong kausapin nang tapatan ang bishop. Kinausap ko ang bishop, at ginabayan niya ako kung ano ang dapat kong pagbutihin pa. Nag-ayuno ako at nanalangin nang taimtim. Sa pagkakataong ito nadama ko na talagang nakapagsisi na ako. Alam ko na nagmamalasakit ang Ama sa Langit sa atin at na ang Pagbabayad-sala ni Cristo ay nagbibigay sa atin ng tunay na kapatawaran kapag nagsisisi tayo at ipinagtatapat ang ating mga kasalanan.

Awrellyano Gomes da S.

## Gaano Man Kalaki ang Kasalanan, Maaari Kang Magsisi sa Tuwina

Tiniis ni Cristo ang Pagbabayad-sala para sa atin upang makapagsisi tayo sa ating mga kasalanan. Maraming beses nang sinabi ng mga propeta na gaano man kalaki o kaliit ang kasalanan, lagi kang maaaring magsisi. Nais ng Panginoon na magsisi ka, at gusto ka Niyang tulungan. Ngunit hindi Niya maipipilit ang Kanyang paraan sa iyong buhay; kailangan mo Siyang papasukin sa iyong buhay at ipaalam sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin na gusto o kailangan mo Siya sa iyong buhay. Sa lahat ng aking mga pagsubok, alam kong mahal ako ng Diyos.

Madison B.

## Magagawa Mo Iyan

Sa mga taong nadapa, bumangon kayo. May mga lider at taong nagmamahal sa inyo at gusto nilang maabot ninyo ang pinakamainam na mararating ninyo. Mapagtutulungan ninyo ito. Laging alalahanin na mahal kayo ni Jesucristo at kasama ninyo Siya sa bawat hakbang.

Michael Lee T.

## Binabago Ka ng Pagsisisi

Ang pagkaroon ng pagkakataong madama na napatawad ka na ay isang bagay na talagang mahalaga sa akin. Literal mong madarama na nakalaya ka mula sa mabigat na dalahin sa iyong puso, at nadarama mong ikaw ay minamahal at pinapanatag. Kung isang hamon ang magbago, ito ay sulit na subukan. Lubos nitong babaguhin ang pagkatao mo, ang uri ng taong nais ng Diyos na kahinatnan mo, ang uri ng taong siyang dahilan kaya ka narito sa lupa upang pilitin mong abutin ang gayon, at higit pa roon! Lakasan ang iyong loob!

Rodrigo Octavio A.



## Nais ng Diyos na Magsisi Ka

Pagsisisi—kagila-gilalas na kaloob mula sa ating Ama sa Langit. Binigyan niya tayo ng pagkakataong maging katulad Niya sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo. *Nais* Niya tayong magsisi, na lumapit sa kanya. Tulad ni Corianton, lahat tayo ay magkakamali, ang ilan ay mas mabigat kaysa iba, ngunit LAHAT tayo ay nagkakamali. Gaya rin ni Corianton, maaari tayong magsisi at magbagong-buhay. (Tingnan sa Alma 39–42.) Sapat ang pagmamahal sa atin ng Ama sa Langit kaya nais Niyang makabalik tayo sa Kanya. Anuman ang nagawa ninyo, may landas pabalik sa kapayapaan at kaligayahan. ■

McKayla J.



**MGA TALA**

1. Dieter F. Uchtdorf, "Hangganan ng Ligtas na Pagbalik," *Liahona,* Mayo 2007, 101.
2. Neil L. Andersen, "Magsisi . . . Upang Mapagaling Ko Kayo," *Liahona,* Nob. 2009, 42.
3. Richard G. Scott, "Making the Right Choices, *Ensign,* Nob. 1994, 37.
4. Dieter F. Uchtdorf, "Hangganan ng Ligtas na Pagbalik," 99.
5. Jeffrey R. Holland, "Ang mga Manggagawa sa Ubasan," *Liahona,* Mayo 2012, 33.
6. C. Scott Grow, "Bakit Ko Kailangang Magtapat at Ano ang Kailangan Kong Ipagtapat sa Bishop Ko?" *Liahona,* Okt. 2013, 58.
7. C. Scott Grow, "Bakit Ko Kailangang Magtapat at Ano ang Kailangan Kong Ipagtapat sa Bishop Ko?" 59.
8. Neil L. Andersen, "Magsisi . . . Upang Mapagaling Ko Kayo," 41.

# NADAIG NIYA ANG KAMATAYAN

"Dahil sa sakripisyo ng ating pinakamamahal na Manunubos, nawalan ng tibo ang kamatayan, hindi nagtagumpay ang libingan, hindi nagtagal ang kapangyarihan ni Satanas, at tayo'y 'ipinanganak na muli . . . sa isang buhay na pagasa sa pamamagitan ng *pagkabuhay na maguli* ni Jesucristo'" (I Ni Pedro 1:3; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Pangulong Dieter F. Uchtdorf ng Unang Panguluhan, pangkalahatang kumperensya noong Abril 2015





# Pakiramdam Ko . . .

*Ang mga scripture card na ito ay magpapasigla sa iyo kung nalulungkot ka.*

Ano man ang pakiramdam mo, kilala ka ng Diyos, at nauunawaan Niya kung ano ang pinagdaraanan mo. Sa katunayan, mahal na mahal ka Niya kaya isinugo Niya ang Kanyang Anak na si Jesucristo upang isagawa ang Pagbabayad-sala para mapaglabanan mo ang mga hamon, maging masaya ka, at muli kang makabalik sa Kanyang piling (tingnan sa Juan 3:16). Tila hindi ito madali kung malungkot ka, ngunit may mapupuntahan ka para humingi ng tulong: ang mga banal na kasulatan.

Ang sumusunod na mga card ay naglalarawan ng mga dakilang halimbawa mula sa mga banal na kasulatan na nagpapakita kung paanong nariyan palagi ang Diyos para sa iyo. Kaya kapag pakiramdam mo ay nalulungkot ka, nalulumbay, o bigo, maaari mong hugutin ang mga card na ito, basahin ang mga talatang nakalista roon, at malaman na kasama mo ang Diyos.

## NATATAKOT

**Nadaig ni Cristo ang lahat, kaya wala akong dapat ikatakot.**

**Marcos 4:36–41:** Natakot ang mga disipulo nang lumabas sila sa dagat at inabot ng malakas na bagyo sa gitna ng karagatan. Pinayapa ni Cristo ang bagyo sa pag-uutos na, "Pumayapa, tumahimik ka." Kapag natatakot ako, nananawagan ako sa Panginoon, at tinutulungan Niya akong mapanatag.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Isaias 41:10
Juan 14:27
II Kay Timoteo 1:7
Doktrina at mga Tipan 6:34

## NALILITO

**Alam ng Panginoon kung paano lutasin ang bawat problemang kinakaharap ko, kaya makakaasa ako sa Kanyang Pagbabayad-sala.**

**Joseph Smith—Kasaysayan 1:5–20:** Nalito si Joseph Smith kung aling simbahan ang dapat niyang sapian. Tinanong niya ang Diyos at natanggap ang sagot, na humantong sa Panunumbalik ng Simbahan ng Panginoon. Kapag nalilito ako, nagdarasal ako sa Diyos, at sasagutin Niya ako.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Lucas 1:37
Mosias 26:13
Eter 2:16–3:6
Doktrina at mga Tipan 58:4


## NALULUNGKOT

**Nadama ni Cristo ang lahat ng kalungkutang kailangan kong maranasan, upang mapanatag Niya ako.**

**Doktrina at mga Tipan 121:1–9:** Habang nasa Liberty Jail, pinanghinaan ng loob si Joseph Smith dahil nagdurusa ang mga miyembro ng Simbahan, at siya rin. Nanalangin siya at nakatanggap ng katiyakan. Makakasama ko ang Diyos kapag bumaling ako sa Kanya para sa kapanatagan.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Juan 14:18
Juan 16:33
Alma 17:10
Doktrina at mga Tipan 122

BACKGROUND © ISTOCK/THINKSTOCK



**MGA TAGUBILIN:** Gupitin ang mga card na ito at pagsama-samahin ang mga ito gamit ang isang loose-leaf ring, tali, o laso. Maaari ninyong i-laminate o ilagay ang mga ito sa isang sheet protector para magtagal. Maaari kayong mag-download ng mas maraming kopya para sa mga kaibigan o kapamilya sa **liahona.lds.org.**

## NAKOKONSIYEN-SYA

Inako ng Tagapagligtas ang aking mga kasalanan upang ako ay mapatawad at hindi na malungkot at makonsiyensya.

**Alma 36:16–21:** Si Nakababatang Alma ay nakagawa ng ilang mabibigat na kasalanan, ngunit napatawad pa rin siya at hindi na nakonsiyensya. Sa pagsisisi, magkakaroon ako ng kapayapaan na inilarawan ni Alma.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Apocalipsis 3:19
2 Nephi 9:21–22
Alma 38:8–9
Moroni 10:32–33

## PINANGHIHINAAN NG LOOB

Mawawala ang panghihina ng loob ko kapag hinangad kong unawain ang Pagbabayad-sala ni Cristo at natanggap ko ang Kanyang kapangyarihan.

**Alma 26:27:** Pinaalalahanan ni Ammon ang kanyang mga kapatid na nang panghinaan sila ng loob, pinatatag sila ng Panginoon at pinangakuan sila ng tagumpay. Iyon ang ipinapangako ng Diyos sa akin kung babaling ako sa Kanya.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Mateo 11:28–30
Mateo 26:36–46
Alma 29:10–13
Moroni 7:33

## NANGHIHINA

Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaari akong tumanggap ng pananampalataya at lakas na tiisin ang lahat ng bagay.

**Mosias 24:13–15:** Ang mga tao ni Alma ay naging mga alipin ng isang masamang tagapagbantay. Nagdasal sila at nakatanggap ng lakas na dalhin ang kanilang mga pasanin. Kapag ako ay nanghihina, palalakasin din ako ng Diyos.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Alma 26:27
Alma 31:33
Alma 36:3
Doktrina at mga Tipan 24:8

## NAG-AALINLANGAN

**Maaari akong makahanap ng sagot sa aking mga katanungan sa ebanghelyo at magtiwala sa Tagapagligtas na tutulungan akong malampasan ang anumang pag-aalinlangan.**

**Santiago 1:5–6:** Hinikayat ako ni Santiago na humingi sa Diyos kung hindi ko maunawaan, ngunit nagbigay siya ng payo na humiling nang may pananampalataya. Naunawaan niya na ang pagtatanong ay humahantong sa hangaring makaunawa, samantalang ang pag-aalinlangan ay humahantong sa kawalan ng paniniwala.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Mosias 4:9
Alma 32:28
Mormon 9:27
Doktrina at mga Tipan 6:36

## MAY KARAMDAMAN

**Alam ng Panginoon kung paano ako tulungan at dahil sa Kanya ay gagaling ako balang-araw sa lahat ng aking karamdaman.**

**Lucas 8:43–48:** Habang narito sa lupa, pinagaling ni Cristo ang maraming tao. Mapagagaling din ako. Ang paggaling na iyan ay maaaring hindi dumating kaagad o sa buhay na ito, ngunit papanatagin Niya ako (isang uri ng pagpapagaling) at lubusan akong pagagalingin sa Pagkabuhay na Mag-uli.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Mateo 4:23–24
Marcos 9:14–27
Alma 7:11–13
3 Nephi 17:7–10



## NAIINIS

**Ang biyaya ni Cristo ay tutulong sa akin na magtiis upang mawala ang pagkainis ko sa aking sarili at sa iba.**

**2 Nephi 4:16–35:** Kahit si Nephi, na napakatapat, ay nainis sa kanyang sarili. Kapag sinisikap kong daigin ang aking mga kahinaan, matapos ang isang gawain, o mapaglabanan ang tukso, napapanatag ako sa kaalaman na ang Diyos ay tutulong sa akin at magbibigay ng kapayapaan.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Alma 34:41
Alma 38:4–5
Doktrina at mga Tipan 67:13
Doktrina at mga Tipan 98:12



## WALANG HALAGA

**Si Cristo ay nagdusa para sa akin dahil mahal Niya ako at alam Niya ang aking walang-katumbas na kahalagahan.**

**Lucas 15:3–7:** Makikita sa talinghaga ng nawawalang tupa na gagawin ng Mabuting Pastol na si Jesucristo ang lahat upang mabawi ang isang nawawalang tupa. Napakahalaga ko sa Ama sa Langit at kay Jesucristo kaya't naglaan Sila ng paraan upang makabalik ako sa Kanila at maging katulad Nila.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Juan 3:16
Juan 15:13
Alma 24:14
Doktrina at mga Tipan 18:10–13

## NALULUMBAY

**Dahil nagdusa si Cristo sa Pagbabayad-sala para sa akin, hindi ko kailangang tiisin ang anumang pagsubok nang mag-isa.**

**Job 1:21–22:** Pinagdusahan ni Job ang napakahihirap na bagay, kabilang na ang pagkamatay ng kanyang mga anak. Nakatiis siya sa pamamagitan ng pag-asa sa Panginoon. Kapag bumaling ako sa Panginoon sa pamamagitan ng pagkilala sa Kanya, malalaman ko na hindi ako lubos na nag-iisa dahil Siya ay kasama ko.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Lucas 22:39–44
Juan 16:32
Doktrina at mga Tipan 121:9–10
Doktrina at mga Tipan 121:46



## NASASAKTAN

**Anumang sakit na nadarama ko ay mapapagaling sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, at ang Kanyang pagmamahal ay magbibigay-inspirasyon sa akin na patawarin ang iba.**

**1 Nephi 7:6–21:** Iginapos nina Laman at Lemuel si Nephi at tinakot na iiwanan siya sa ilang. Nanalangin si Nephi, at sa tulong ng Panginoon, nakalaya siya at pinatawad niya ang kanyang mga kapatid. Maaari din akong manalangin, makaramdam ng kapayapaan, and magkaroon ng lakas na magpatawad.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Mga Awit 147:3
Isaias 53:3–5
Lucas 23:1–47
1 Nephi 19:9




## NANGHIHINA

**Ang awa at biyaya ni Cristo ay magbibigay sa akin ng lakas na malampasan ang mga hamon kahit nanghihina ako.**

**Alma 2:27–31:** Noong nasa digmaan ang mga Nephita, bumaling sila sa Panginoon at pinalakas Niya sila. Sa pagharap ko sa lahat ng uri ng pag-atakeng espiritual at emosyonal, maaari akong manghina, ngunit palalakasin ako ng Panginoon.

***Karagdagang mga Banal na Kasulatan:***
Mateo 7:24–27
Mosias 9:17–18
Helaman 5:12
Eter 12:27





**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

# PAANO MAGKAROON NG PAGKAKAISA

Tayo ay nabubuhay na iba't iba ang kalagayan. Magmumula tayo sa lahat ng bansa at maraming kultura patungo sa kaharian ng Diyos.

Nalalaman natin mula sa karanasan na masaya tayo kapag tayo'y nagkakaisa. Hindi ito maipagkakaloob sa atin ng Ama sa Langit nang hiwa-hiwalay tayo. Ang galak sa pagkakaisa na gustung-gusto Niyang ibigay sa atin ay hindi sa pag-iisa. **Hangarin natin ito** at **maging marapat para dito** na kasama ang iba. Hindi nakakagulat kung gayon na hinihimok tayo ng Diyos na **magtipon** upang mapagpala Niya tayo. Nais Niya tayong magtipon sa mga pamilya. Nagtatag Siya ng mga klase, ward, at branch at inutusan tayong magkita-kita nang madalas. Nasa mga pagtitipong iyon, na nilayon ng Diyos para sa atin, ang ating malaking oportunidad. **Magagawa nating ipagdasal at pagsikapan** ang **pagkakaisang** magpapasaya at magpapaibayo sa kapangyarihan nating maglingkod.

Bukod pa sa mga ordenansa, may mga alituntunin tayong sinusunod bilang isang grupo na humahantong sa higit na pagkakaisa.

**1. Paghahayag.** Paghahayag lamang ang paraan para malaman natin kung paano sama-samang susundin ang kalooban ng Panginoon. Nangangailangan ito ng liwanag mula sa itaas. Espiritu Santo ang magpapatotoo sa ating puso, at sa puso ng mga nakatipon sa ating paligid, kung ano ang ipagagawa Niya sa atin. At sa pagsunod sa Kanyang mga utos magkakaisa ang ating mga puso.

**2. Magpakumbaba.** Kapalaluan ang matinding kaaway ng pagkakaisa. Nakita na ninyo at nadama ang masasamang epekto nito. Natutuwa ako't dumarami ang nakikita kong mga tagapamayapa na nagpapakalma sa mga taong nagtatalo bago sila magkasakitan. Maaaring isa kayo sa mga tagapamayapang iyon, kayo man ang nakikipagtalo o nagmamasid lamang. Ang isang paraang nakikita ko na ginagawa ito ay ang maghanap ng anumang mapagkakasunduan natin.

**3. Sabihin ang mabuti tungkol sa isa't isa.** Isipin noong huli kang tanungin kung ano ang palagay mo nang kumustahin ang pagsisilbi ng isang tao sa inyong pamilya o sa Simbahan. Maaari kong **ipangako** sa inyo na madarama ninyo ang **kapayapaan at galak** kapag maingat kayong magsalita tungkol sa iba sa Liwanag ni Cristo.

Sa pagkakaisang nakikita kong lumalago, gagawa ang Panginoon ng mga bagay na mahimala sa pagaakala ng mundo. Matutupad ng mga Banal ang anumang layunin ng Panginoon kapag ganap silang nagkaisa sa kabutihan. ■

*Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2008.*



## PAANO NINYO ITO NAIPAMUHAY?

Nais ng Panginoon na mahalin natin ang ating mga kapatid, kahit hindi natin sila kapareho. Kailangan nating ibalik sa simbahan ang ating mga kapatid. Kung sapat ang pagmamahal natin sa kanila at ipagdarasal natin sila, babalik sila sa simbahan at sa mga bisig ng ating Panginoon.

**Samuel Z., 16, Arizona, USA**




# *Bakit Tayo* NAGBIBINYAG PARA SA MGA PATAY

*Mas marami pang nangyayari sa mga binyag para sa patay kaysa nakikita natin.*

Kung nakagawa ka na ng mga binyag para sa mga patay, siguro ay nadama mo na ang ilan sa mga pagpapala ng pagsamba sa templo: nababawasan ang pagaalala mo, mas nakakapag-isip kang mabuti, at may puspos ka ng kapayapaan at pananampalataya. Ang mga pagpapalang matatanggap mo sa pagpunta sa templo ay kahanga-hanga, ngunit ang pagsamba sa templo ay higit pa sa mga pagpapalang natatanggap *mo*. Kung minsan ay mahirap maalala ang ibang taong ipinagdarasal mo sa templo, ngunit higit pa siya sa isang pangalan sa kulay-asul o kulay-rosas na piraso ng papel. Kapag ikaw ay bininyagan o kinumpirma sa pamamagitan ng proxy para (alang-alang) sa iba, tumutulong ka sa isang tunay na tao.

Kaya ano ang alam mo tungkol sa mga taong ito na namatay na? At bakit napakahalaga sa iyo na mabinyagan at makumpirma para sa kanila? Ang mga banal na kasulatan ay nagbibigay ng maraming impormasyon tungkol sa kabilang-buhay.



**GAWAIN SA TEMPLO: WALA NANG MAS DAKILA PANG PAGPAPALA**

"Kahanga-hanga na ikaw, na isang karaniwang lalaki o babae, ay maaaring tumayo sa lugar ng ilang dakilang lalaki o babae na minsan ay nabuhay sa mundo ngunit ngayon ay walang kapangyarihang sumulong nang wala ang pagpapalang maibibigay mo sa kanya. . . . Wala nang mas dakila pang pagpapala. . . . At magiging pribilehiyo at pagkakataon at responsibilidad mong mamuhay nang marapat para magpunta sa templo ng Panginoon at doo'y magpabinyag alang-alang sa ibang tao."

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Inspirational Thoughts," *Ensign*, Abr. 2002, 4.**

## 1. Pisikal na Kamatayan

Dahil sa Pagkahulog ni Adan, lahat ng isinilang sa mundo ay dumaranas ng kamatayan (tingnan sa Moises 6:48). Sa kamatayan, ang espiritu ng tao ay humihiwalay sa katawan, at ang kanilang espiritu ay nagpupunta sa daigdig ng mga espiritu upang hintayin ang pagkabuhay na mag-uli.

## 2. Ang Daigdig ng mga Espiritu: Paraiso at Bilangguan ng mga Espiritu

Ang daigdig ng mga espiritu ay nahahati sa paraiso at sa bilangguan ng mga espiritu. Ang mga taong nabinyagan at nanatiling tapat noong nabubuhay pa sila ay pupunta sa paraiso. Ito ay isang lugar ng kapahingahan, kapayapaan, at kagalakan. Binisita at tinuruan ni Jesucristo ang mga espiritung nasa paraiso sa pagitan ng Kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli (tingnan sa D at T 138:18–27).

Ang mabubuting taong namatay na walang kaalaman sa ebanghelyo ay mapupunta sa bilangguan ng mga espiritu. Dito rin napupunta ang mga naging suwail o masama sa kanilang mortal na buhay. Itinuturo ng mabubuting espiritu ang ebanghelyo sa mga taong ito, at sa gayon ay may pagkakataon silang tanggapin ang ebanghelyo at magsisi (tingnan sa D at T 138:28–37). Gayunman, kapag wala silang katawan, hindi sila maaaring binyagan o lumahok sa iba pang mga ordenansang kailangan para tumanggap ng buhay na walang hanggan. (Tingnan sa Alma 40:14.)

## 3. Mga Proxy Ordinance

Sa kabutihang-palad, ang Ama sa Langit ay maawain, mapagmahal, at makatarungan, kaya gumawa Siya ng paraan para maligtas ang lahat ng Kanyang anak. Dito ka maaaring makatulong. Kapag nagsagawa ka ng mga proxy ordinance para sa mga tao, may pagkakataon silang tanggapin ang mga ordenansang ito. Magagawa mo para sa kanila ang hindi nila magagawa para sa kanilang sarili sa kanilang landas tungo sa buhay na walang hanggan. Ang nagsisising mga kaluluwang ito ay maaaring "matubos, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ordenansa ng bahay ng Diyos" (D at T 138:58; tingnan din sa talata 59). At mararanasan mo ang malaking kagalakang nagmumula sa pagtulong sa isang tao sa bilangguan ng mga espiritu na matanggap ang mahahalagang ordenansa.

## 4. Pagkabuhay na Mag-uli

Sa pamamagitan ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, lahat ng isinilang sa mundo ay madaraig ang pisikal na kamatayan at mabubuhay na mag-uli (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:22). Itinuro ni Jesus, "Sapagka't ako'y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo" (Juan 14:19). Sa Pagkabuhay na Mag-uli, ang espiritu ng lahat ay muling sasanib sa kanilang katawan. Ang ibig sabihin nito ay lahat—yaong mga nabuhay sa kasamaan, yaong mga namuhay nang matwid, at yaong mga nagsisi at tumanggap ng mga ordenansa sa pamamagitan ng proxy pagkatapos nilang mamatay.

## 5. Paghuhukom

Kapag lahat ay nabuhay nang mag-uli, bawat tao ay haharap sa Diyos at hahatulan "ayon sa kanilang mga gawa" (3 Nephi 27:15), kabilang na ang pagtanggap nila ng mga ordenansa (tingnan sa 3 Nephi 27:16–20). Tanging ang mga taong tumanggap ng mga ordenansa ng ebanghelyo (personal man o sa pamamagitan ng gawain sa templo) at tumupad sa mga tipan na kasama sa mga ordenansang iyon ang magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

Dahil ikaw ay nabubuhay na mortal at karapat-dapat magtaglay ng temple recommend, magkakaroon ka ng pambihirang pagkakataon at responsibilidad na tulungan ang iyong kapwa mga anak ng Diyos sa kanilang landas tungo sa buhay na walang hanggan. *Ikaw* ay may napakahalagang bahagi sa plano ng Diyos. ■

LARAWAN NG BAUTISMUHAN SA OGDEN UTAH TEMPLE



ALAM KONG

# BUHAY ANG AKING MANUNUBOS



*Matapos kaming iwanan ng aming mga magulang, nalaman namin na kailanman ay hindi kami iiwan ni Jesucristo.*

**Hindi ibinigay ang pangalan**

Noong 14 anyos ako, iniwan ni Itay ang aming pamilya, at napilitan ang nanay ko na magpunta sa ibang bansa. Naiwan ako kasama ang tatlong nakababata kong kapatid na sina Ephraim, edad 9; Jonathan, 6; at Grace, 3 (pinalitan ang mga pangalan). Walang nakapaghanda sa amin para sa biglaang pagbabagong ito. Sa unang pagkakataon, napag-isa kami.

PAGLALARAWAN NI BRIAN CALL; DETALYE MULA SA *SI CRISTO AT ANG MAYAMANG BINATANG PINUNO*, NI HEINRICH HOFMANN

Di-nagtagal ay nag-alok ang mga kamag-anak namin na kupkupin ang bawat isa sa amin, ngunit kung titira kami sa kanila, magkakahiwa-hiwalay kami. Napakahirap desisyunan niyon. Paano namin matatanggihan ang mabuti nilang intensiyon na tumulong? Ngunit paano rin namin matatalikuran ang maraming taon ng paglalaro, tawanan, pag-aalaga sa isa't isa, at pagsubaybay sa paglaki ng bawat isa?

Noong una, tinanggihan naming magkakapatid ang kanilang tulong, na iniisip na puwede akong magtrabaho para masuportahan kami at mananatili kaming magkakasama. Ngunit alam namin na hindi namin kayang ibigay ang pangangalagang kailangan ng bunso naming kapatid, kaya luhaang hinayaan namin siyang umalis.

Nang sumunod na ilang buwan, nagtrabaho ako bilang pintor ng gusali para makabili ng pagkain para sa amin ng aking mga kapatid. Hindi sapat ang suweldo ko para mabayaran ang kuryente at tubig, kaya kinailangan naming mabuhay na wala nito.

Sa kabila ng pagsubok na ito at ng mga tsismis ng iba na kaakibat nito, hindi nanghina ang aming pananampalataya. Gabi-gabi, tinitipon ko sina Ephraim at Jonathan sa tabi ng gasera upang magbasa ng Aklat ni Mormon. Ginugupit ko ang mitsa para hindi ito masyadong mausok, ngunit kailangan pa rin naming linisin ang nangingitim naming mga ilong pagkatapos naming magbasa. Pero sulit iyon.

Ang pagbabasa ng Aklat ni Mormon ay naglapit sa amin kay Cristo. Pagkatapos naming magbasa, sama-sama kaming lumuluhod at halinhinang nagdarasal. Humihingi kami ng kapanatagan sa aming problema na tila walang solusyon. Natapos naming basahin ang aklat, at lumakas ang pananampalataya namin kay Jesucristo.

Isang araw umuwi akong pagod mula sa trabaho at nahiga ako sa mas mababa naming bunk bed. Pagtingala ko, nakita ko ang isang papel na nakadikit sa ilalim ng kama sa ibabaw ko. Sabi roon: "Alam Kong Buhay ang Aking Manunubos!" Ang kapatid kong si Jonathan ang naglagay noon doon. Napakalapit ng mga bata sa kalangitan na maging ang isang batang Primary ay maaaring maging kasangkapan sa paghahatid ng mensahe mula sa Diyos upang panatagin ang naguguluhang puso't isipan!

Pinalakas ako ng patotoong ito nang mapagtanto ko na hindi ko talaga kayang tustusan ang mga pangangailangan namin at kinailangan naming lisanin ang aming tahanan. Tumira si Jonathan sa mga kamag-anak ng nanay ko, pero pinili namin ni Ephraim na makitira sa lolo't lola namin dahil mga miyembro sila ng Simbahan. Sa bahay nila bumabangon kami nang maaga para sa mga gawaing-bahay bago pumasok sa eskuwela, at inalagaan namin ang aming lolo sa gabi. Nakakapagod iyon. Gayunpaman, hindi kami pinabayaan ng Panginoon, at nanatili kami sa Simbahan.

Tuwing parang gusto ko nang sumuko, naaalala ko ang mga espesyal na sandali naming magkakapatid habang nagbabasa kami sa Aklat ni Mormon na nakapalibot sa isang gasera. Alam ko na naroon si Cristo sa tabi namin sa mahihirap na panahong iyon. Mula nang mawalay sa isa't isa ang mga miyembro ng aming pamilya, hindi Niya kami pinabayaan. "Alam kong buhay ang aking Manunubos!"

Ngayon, makalipas ang maraming taon, nakalarawan pa rin sa aking puso't isipan ang mga salitang iyon mula sa ibabaw ng kama ko. Ang mensaheng iyon ay nakatulong sa amin ng kapatid kong si Ephraim sa mga taon ng paglilingkod namin bilang full-time missionary at sa pagsisikap ngayon na ipamuhay ang selestiyal na kasal.

Marami sanang nawala sa buhay ko kung nag-alinlangan ako sa halip na magtiwala kay Cristo. Gaano man kahirap ang buhay, hindi ito kailanman naging napakahirap para sa Tagapagligtas, na nagdusa sa Getsemani. Kaya Niyang suportahan ang buhay ng isang tao sa isang pangungusap lamang. Alam Niya ang lahat ng bagay mula simula hanggang wakas. Ang Kanyang pag-aliw ay mas makapangyarihan kaysa anumang sama-ng-loob na hatid ng buhay na ito. Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, walang permanenteng problema—tanging pag-asa, biyaya, kapayapaan, at pagmamahal lamang sa tuwina. Maniwala kayo, alam ko! Alam kong buhay ang aking Manunubos! ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Pilipinas.*



**BINIBIGYAN NIYA TAYO NG LAKAS**

"Alam [ng ating Tagapagligtas] ang ating mga paghihirap, dalamhati, tukso, at pagdurusa, sapagkat kusang-loob Niyang dinanas ang lahat ng ito bilang mahalagang bahagi ng Kanyang Pagbabayad-sala. At dahil dito, binigyang-kapangyarihan Siya ng Kanyang Pagbabayad-sala na tulungan tayo—na bigyan tayo ng lakas na tiisin ang lahat."

**Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pinalakas ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo,"** ***Liahona,*** **Nob. 2015, 61, 62.**

# Isang Tunay na Perlas



**Ni Amy M. Morgan**
Batay sa tunay na buhay

*"Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay" (Alma 37:6).*

Hinubad ni Jetta Pearl Stewart ang bonnet niya at naupo sa balkon katabi ni Itay. "Ano po ang perlas?" tanong niya rito.

Alam na ng walong-taong-gulang na si Jetta kung ano ang perlas, pero gustung-gusto niyang marinig ang sagot ni Itay. Tulad ng dati, ipinaliwanag ni Itay kung paano nabubuo ang perlas sa loob ng mga talaba, unti-unti, hanggang sa maging isang maningning at makinang na hiyas.

"Ang mga perlas ay kumikinang na tulad mo, munti kong Jetta Pearl," sabi nito, na nakangiti. Gumanti ng ngiti si Jetta. Gusto niya na siya ang Perlas ng ama.

Sa hapunan nang gabing iyon, sinabi ni Itay kay Jetta na may mahalagang tanong ito para sa kanya.

"Mula pa noong maliit ka, may espesyal ka nang talento sa musika," sabi ni Itay. "Gusto mo bang matutong tumugtog ng piyano?"

Nanlaki ang mga mata ni Jetta. "Aba, opo!"

"Kakailanganin mong maglakbay nang malayo at pansamantalang makitira sa guro mo," sabi ni Inay. "Walang makakapagturo sa iyo rito sa Milburn."

Napawi ang ngiti ni Jetta. Hindi pa siya nawalay sa kanyang pamilya nang mahigit sa isang araw. At ang mamalagi sa *malayo* . . .

*Gustong tumugtog ng piyano ni Jetta, pero kaya ba niyang iwanan ang kanyang pamilya?*

"Pero mahalaga sa atin na paunlarin ang ating mga talento, kahit mahirap," sabi ni Itay.

Tumango si Inay. "Kailangan mong magsikap nang husto," sabi nito.

Talagang *mahilig* si Jetta sa musika. At matagal na niyang gustong tumugtog ng piyano. Dahan-dahang nagkaroon ng ngiti sa kanyang mukha. "Tutugtog ako ng piyano!"

Ngunit kinaumagahan, habang pinanonood ni Jetta ang pagtatali ni Itay sa mga kabayo sa bagon, nawala ang kanyang pananabik. Ngayon ay takot na takot siya. Hindi niya inasahang maging ganoon kabilis ang paglisan niya sa kanilang tahanan.

Dahan-dahang sumakay sa bagon si Jetta at tumabi kay Itay.

"Handa ka na ba, Jetta Pearl?" sabi nito.

Sa pakiramdam niya ay hindi, ngunit tumango si Jetta. Maugang umabante ang bagon.

Maya-maya, sumulyap si Itay sa kanya. "Alam mo ba kung gaano ka namin ipinagmamalaki ng nanay mo?"

Tumango si Jetta. "Pero paano kung kailangan ninyo ang tulong ko sa bahay?"

Ngumiti si Itay. "Siguradong mangungulila kami sa iyo, pero isang paraan ito na ikaw lang ang makakatulong. Maglilingkod ka sa Ama sa Langit sa pagpapaunlad ng mga kaloob Niya sa iyo."

Hindi niya naisip iyon sa gayong paraan. Kaloob nga kaya ng Ama sa Langit ang kanyang talento sa musika?

Nagpatuloy si Itay. "Matatagalan ito, pero unti-unti ay huhusay ka sa pagtugtog ng piyano. At pagkatapos ay makakapaglingkod ka na sa maraming tao."

Naramdaman ni Jetta na unti-unting naglalaho ang takot niya. Mag-aaral siya ng piyano *at* maglilingkod sa Ama sa Langit. Nakakatakot ito, pero alam niyang tutulungan siya ng Diyos.

Kumindat si Itay. "Unti-unting nagniningning at kumikinang ang munti kong si Pearl."

Tulad ng sabi ni Itay, unti-unting natutong tumugtog ng piyano si Jetta. Natuto pa nga siyang tumugtog ng organ.

Pagkaraan ng ilang buwan, umuwi na si Jetta. Nang Linggong iyon siya ang naging kauna-unahang organista sa Milburn! Mabilis ang tibok ng puso niya habang nakaupo sa malaking organ na pinagsikapang bilhin ng komunidad para tugtugin

PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE



niya. Sa sobrang ganda nito halos ayaw itong hawakan ni Jetta. Kinailangan niyang upuan ang isang aklat para maabot niya ang mga teklado.


Huminga siya nang malalim at pagkatapos ay nagsimulang tumugtog. Pumailanlang ang tunog ng mga nota sa buong silid, buo at maganda.

Sinilip ni Jetta ang kongregasyon. Nakangiti ang mga tao habang kumakanta. Ngumiti rin si Jetta. Hindi perpekto ang pagtugtog niya, pero ginamit niya ang kanyang mga talento upang maglingkod.

Naalala niya ang mga salita ni Itay: "Ang mga perlas ay kumikinang na tulad mo, Jetta Pearl."


Unti-unti, dahan-dahan, ginagawa siya ng Ama sa Langit na isang tunay na perlas. ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*



# Isang Pirasong Kendi

*Madaling magbahagi ng kendi, pero paano naman ang pagbabahagi ng ebanghelyo?*



**Ni Brad Wilcox**

Batay sa tunay na buhay

*"Nais ko nang maging misyonero," (*Aklat ng mga Awit Pambata, *90).*

"Gusto mo ng kendi?" Inialok ni José ang isang pirasong kending kulay-kape sa kaibigan niyang si Pedro habang magkasama silang pauwi mula sa eskuwela sakay ng bus.

"Oo naman," sabi ni Pedro. Inabot nito ang kendi at isinubo ito.

Pumili ng dilaw na kendi si José mula sa maliit na bag. Tahimik ang mga bata habang umaandar ang bus. Malaki ang lungsod nila sa Argentina. Mahaba ang biyahe nila sa bus araw-araw para makarating sa eskuwela. Ang mamá ni José ay laging nagbibigay sa kanya ng perang pambili ng isang maliit na supot ng kendi para pampalipas-oras.

"Gusto mo pa?" Nag-alok si José ng isang dakot na kending kulay-kape.

"Oo, salamat!" sabi ni Pedro. "Bakit ayaw mo nito? Masarap naman."

Tumigil sandali si José at nag-isip at dinilaan ang kanyang mga labi. "Siguro dahil lasang kape iyan."

"Bakit ayaw mo ng lasang kape? Ang sarap pa naman."

"Kasi, Mormon ako, at hindi kami umiinom ng kape, kaya siguro hindi ako sanay sa lasa nito."

Mukhang naguluhan si Pedro. "Ano ba ang Mormon? At bakit hindi ka umiinom ng kape?"

"Ang Mormon ay isang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Naniniwala kami na nais ng Diyos na pangalagaan natin ang ating katawan, kaya hindi kami umiinom ng kape, tsaa, o alak. At hindi kami naninigarilyo."

"Pero kendi lang naman ito," sabi ni Pedro. "Hindi ito *totoong* kape."

"Alam ko," sabi ni José. "Pero ayaw ko pa ring kumain niyan."

Tumango si Pedro. "Kung gayon, ibigay mo sa akin ang lahat ng kending kulay-kape. Ano pa ang itinuturo sa iyo ng Simbahan ninyo?"

"Tuwing Linggo ay nagsisimba kami at natututo tungkol kay Jesus at sa Ama sa Langit. Nag-aaral din kami ng maraming masasayang awitin. Katunayan nga, kakanta at magsasalita ang lahat ng bata sa miting namin sa Simbahan sa darating na Linggo. Bakit hindi ka magpaalam sa nanay mo kung puwede kang sumama sa akin sa simbahan? Makikilala mo rin ang mga missionary."

"OK," sabi ni Pedro. "May kendi rin ba silang lasang-kape na gusto nilang idispatsa?"

Natawa si José. "Wala, pero may ibabahagi silang mas maganda pa riyan!" ■

*Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.*

## ANO ANG WORD OF WISDOM?

Ibinigay ni Jesucristo ang Word of Wisdom kay Propetang Joseph Smith para matulungan tayong panatilihing malusog at malakas ang ating katawan. Mababasa mo ang paghahayag na ito sa Doktrina at mga Tipan bahagi 89.

Sinasabi sa atin ng Word of Wisdom kung ano ang mabuti at masama para sa ating katawan.


**Mabuti para sa atin:**

Mga prutas
Mga gulay
Mga butil
Kaunting karne

**Masama para sa atin:**

Alkohol
Tabako o sigarilyo at droga
Kape at tsaa

PAGLALARAWAN NI MIKE BLAKE



**Ni Elder Jeffrey R. Holland**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang mga darating na taon ay mapupuno ng magagandang pagkakataong gawin ang maraming mabubuting bagay.

May magandang buhay na naghihintay sa iyo.

# Paano ako hindi mag-aalala nang husto?



Sikaping huwag palaging isipin ang mga kaguluhan sa mundo.

Isipin at asamin ang pinakamainam at manalig sa kinabukasan.

Mahal ka ng iyong Ama sa Langit.

*Mula sa "Let Virtue Garnish Thy Thoughts Unceasingly,"* New Era, *Okt. 2007, 4–7.*

PAGLALARAWAN NI MAREN SCOTT

# ANG ATING PAHINA





*Para sa kaarawan ko nakatanggap ako ng isang kuting at pinangalanan ko itong Luz. Laging lumalabas sa bangketa ang pusa ko at pagkatapos ay bumabalik, pero isang umaga ay lumabas siya, at hindi ko na siya nakita. Hindi nagtagal ay naisip kong manalangin, tulad ng nakasaad sa Alma 37:37: "Makipagsanggunian sa Panginoon sa lahat ng iyong mga gawain, at gagabayan ka niya sa kabutihan."*


*Nang matapos ko ang aking panalangin, narinig ko ang tunog ng kanyang kolyar. Binuksan ko ang pinto at nakita kong nakatayo roon ang pusa ko, at naghihintay na papasukin siya. Namangha ako at labis na nagpasalamat na nakikinig sa atin ang ating Ama sa Langit kahit sa pinakamaliliit na bagay.*

**Bianca R., edad 11, Santa Fe, Argentina**



*Gumawa ako ng maliit na modelo ng Santo Domingo Dominican Republic Temple gamit ang mga laruang brick.*

**Daniel U., edad 11, Santo Domingo, Dominican Republic**




**Gabriel A., edad 10, Rio Grande do Sul, Brazil**



*Tinuruan kami ng Primary music director ng isang awiting nagtuturo na si Jesucristo ang aking halimbawa. Nalaman ko na kailangan kong sundin ang Kanyang banal na halimbawa ng pagsunod. Kapag sumusunod ako, pinagpapala ako ng Diyos. Kung susundin natin ang halimbawa ni Jesus sa pagsunod sa ating mga magulang, pagpapalain Niya tayo.*

**Marcha M., edad 7, Kananga, Democratic Republic of the Congo**

# Isang Hakbang Palapit sa Pasko ng Pagkabuhay



**Aktibidad sa Linggo 1:**
Nagpunta si Jesus sa Jerusalem

**Mga Banal na Kasulatan:** Mateo 21:1, 6–11.

**Awitin:** "Easter Hosanna" (*Liahona,* Abr. 2003; makukuha sa LDS.org)

**Palaspas ng Hosana:** Gumawa ng palaspas para ipaalala sa inyo ang iwinagayway ng mga tao para salubungin si Jesus. Gumupit ng lima o anim na hugis ng kamay sa berdeng papel (o gumamit ng puting papel at kulayan ito ng berde). Idikit ang mga ito sa isang patpat.

Ano ang isang paraan na maipapakita ninyo ang inyong pagmamahal kay Jesus?



Bawat linggo sa buwang ito, kayo ng pamilya mo ay mas maraming matututuhan tungkol kay Jesus at sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Siya ay buhay!

*MATAGUMPAY NA PAGPASOK NI CRISTO SA JERUSALEM,* NI HARRY ANDERSON; MGA PAGLALARAWAN NI THOMAS CHILD

## **Linggo 2:** Ibinigay sa Atin ni Jesus ang Sakramento

**Mga Banal na Kasulatan:** Lucas 22:1, 14, 19–20

**Awitin:** "Aba Naming Kahilingan" (*Mga Himno,* blg. 102)

**Paalala sa Sakramento:** Ilista ang mga salitang nagpapaalala sa inyo ng mga bagay na ginawa ni Jesus para sa atin. Ilagay ang listahan ninyo sa inyong mga banal na kasulatan kung saan ninyo ito matitingnan sa oras ng sacrament.

Paano ninyo maaalala si Jesus sa bahay o sa paaralan?

S ______________________

A ______________________

K ______________________

R ______________________

A ______________________

M ______________________

E ______________________

N ______________________

T ______________________

O ______________________

## **Linggo 3:** Nagpakita ng Kabaitan si Jesus

**Mga Banal na Kasulatan:** Lucas 22:47–51; Lucas 23:33–34; Juan 19:25–27

**Awitin:** "Isinugo, Kanyang Anak" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 20)

**Easter Bag:** Ilagay ang mga bagay na ito sa isang bag na bubuksan sa Linggo ng Pagkabuhay. Malalaman ninyo ang paggagamitan nito sa aktibidad sa susunod na linggo:

(1) tatlong barya, (2) maliit na tasa, (3) nakabuhol na pisi, (4) sabon, (5) maliit na piraso ng pulang tela, (6) maliit na krus na yari sa tooth-pick, (7) puting tela, (8) cinnamon stick o iba pang spice, (9) maliit na bato, (10) nakatuping puting tela, (11) larawan ni Jesus.

Paano ninyo masusunod si Jesus sa pamamagitan ng pagpapakita ng kabaitan?


## **Linggo 4:** Siya ay Muling Nabuhay!

**Awitin:** "Si Jesus Ba ay Nagbangon?" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 45)

**Mga Banal na Kasulatan at Aktibidad:** Habang binabasa ninyo ang mga talatang ito, ilabas ang magkakatugmang bagay sa inyong Easter Bag.


(1) Mateo 26:14–15; (2) Mateo 26:36, 39; (3) Mateo 27:1–2; (4) Mateo 27:22, 24; (5) Mateo 27:28–29; (6) Mateo 27:31; (7) Mateo 27:59; (8) Juan 19:40; (9) Juan 20:1–4; (10) Juan 20:5–7; (11) Juan 20:10–20

Paano kayo sumasaya sa kaalaman tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus? ■



# Matapang si Abinadi

Sinabi ni Abinadi sa mga Nephita na nais ng Ama sa Langit na magsisi sila. Ayaw magsisi ni Haring Noe at ng kanyang mga saserdote, at nagbanta silang sasaktan si Abinadi. Ngunit sumunod siya sa Ama sa Langit at patuloy na nangaral. Paano kayo magiging matapang na tulad ni Abinadi?



Matapos magsimba isang araw ng Linggo, nag-uwi ako ng ilang pass-along card. May ilang kaibigan ako sa paaralan na hindi LDS, at gusto ko silang bigyan ng isang card kinabukasan. Nang gabing iyon nagsimula akong kabahan, kaya lumuhod ako at nagdasal. Gumanda ang pakiramdam ko at lumakas ang loob ko, at kinabukasan ay ibinigay ko ang mga card sa mga kaibigan ko. Nagustuhan nila ito, at tuwang-tuwa ako na ibinigay ko ang mga card sa kanila.


**Ava M., edad 8, Utah, USA**



***Brooks L., edad 8, Florida, USA***

PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

Gupitin, itupi, at itabi ang challenge card na ito!




## Kaya Kong Maging Matapang!


- ☐ Kabisaduhin ang Mosias 17:9
- ☐ Piliin ang mabuti—kahit medyo mahirap itong gawin.
- ☐ Panoorin ang kabanata 14 ng animated na Aklat ni Mormon sa scripturestories.lds.org.
- ☐ Hinahamon ko ang sarili ko na . . .

______________________________

# Mga Talata sa Buwang Ito

Matapos mong basahin ang mga talata sa banal na kasulatan, kulayan ang katugmang lugar na may bilang sa tore!

**1** 2 Nephi 31:4–13
**2** Mosias 2:5–9, 16–19, 41
**3** Mosias 3:5, 8–10, 19
**4** Mosias 11:1–3, 20, 27–29
**5** Mosias 16:1, 9, 13
**6** Mosias 17:1–10
**7** Alma 11:21, 38–46
**8** 3 Nephi 11:3–11, 13–17







## Ang Tore ni Haring Benjamin


Tumayo si Haring Benjamin sa isang mataas na tore para makapagsalita siya sa maraming tao tungkol sa pagsisisi, Pagbabayad-sala ni Jesucristo, at paniniwala sa Diyos. Basahin ang iba pa tungkol kay Haring Benjamin sa kasunod na artikulo. Ngayon, nagsasalita ang mga propeta sa maraming tao gamit ang TV, computer, at mga magasin ng Simbahan. Maghanap ng isa pang hamon sa pagbabasa sa susunod na buwan! ■

DETALYE MULA SA *NANGANGARAL SI HARING BENJAMIN SA MGA NEPHITA*, NI GARY L. KAPP; PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

# Tinuruan ni Haring Benjamin ang Kanyang mga Tao


Minsa'y may isang mabuting hari na nagngangalang Haring Benjamin. Tinuruan niya ang kanyang mga tao na sumunod sa Diyos upang magkaroon sila ng kapayapaan.





Tumatanda na si Haring Benjamin. Ibinigay niya sa kanyang anak na si Mosias ang mga banal na kasulatan at ang kompas na tinatawag na Liahona. Gusto niyang ingatan nitong mabuti ang mahahalagang bagay na ito.


MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT




Gustong kausapin ni Haring Benjamin ang kanyang mga tao bago siya mamatay. Hiniling niya na pumunta sila sa templo.

Nagdatingan ang mga tao mula sa lahat ng dako ng buong lupain. Nagtayo sila ng kanilang mga tolda kasama ang kanilang pamilya. Ano ang sasabihin ng hari sa kanila?

Tumingala ang mga tao at nakita nila ang hari na nakatayo sa isang tore. Pagkatapos ay nagsimulang magsalita ang hari.





Sinabi ni Haring Benjamin sa mga tao ang gustong ipaalam ng Ama sa Langit sa kanila. Sinabi niya sa kanila ang tungkol kay Jesucristo. Sinabi niya sa kanila na sundin ang mga kautusan at tulungan ang ibang tao. Sa gayon ay tatawagin silang mga alagad ni Cristo. At sila ay muling mabubuhay sa piling ng Ama sa Langit!

Ngayon ay itinuturo sa atin ng ating propeta kung ano ang nais ipaalam sa atin ng Ama sa Langit upang makapiling natin Siyang muli. ■


*Mula sa Mosias 2–5.*

# Pinakikinggan Natin ang Ating Propeta Ngayon





PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



**Ni Elder**
**Dallin H. Oaks**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

# PAGKABUHAY NA MAG-ULI—ANG SIMULA NG KAWALANG-KAMATAYAN

*Hindi sa kamatayan nagtatapos ang ating buhay.*

Iniisip ko kung lubos nating pinahahalagahan ang napakalaking kabuluhan ng ating paniniwala sa isang literal at pangkalahatang pagkabuhay na mag-uli ng sanlibutan. . . . Ipinahayag ni Propetang Joseph Smith:

"Ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya'y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit; at ang lahat ng iba pang mga bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay mga kalakip lamang nito" [*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 58].

Sa lahat ng bagay sa maluwalhating paglilingkod na iyon, bakit ginamit ni Propetang Joseph Smith ang kamatayan, libing, at pagkabuhay na mag-uli ng Tagapagligtas bilang pangunahing alituntunin ng ating relihiyon . . . ? Matatagpuan ang sagot sa katotohanan na ang pagkabuhay na mag-uli ng Tagapagligtas ay mahalaga sa tinatawag ng mga propeta na "dakila at walang hanggang plano ng kaligtasan mula sa kamatayan" (2 Nephi 11:5).



*NABUHAY NA MAG-ULING CRISTO*, NI ROBERT T. BARRETT

Sa ating walang hanggang paglalakbay, ang pagkabuhay na mag-uli ang mahalagang tanda na nagpapakita ng katapusan ng buhay at simula ng kawalang-kamatayan. . . . Alam din natin, mula sa makabagong paghahayag, na kung wala ang pagsasamang muli ng ating mga espiritu at katawan [sa pagkabuhay na mag-uli] hindi tayo magkakaroon ng "ganap na kagalakan" (D at T 93:33–34). . . .

Ang "buhay na pag-asa" na ibinibigay sa atin ng pagkabuhay na mag-uli [tingnan sa I Ni Pedro 1:3] ang nagbibigay sa atin ng matibay na pananalig na hindi katapusan ng ating buhay ang kamatayan kundi isang kinakailangang hakbang lamang sa itinakdang pagbabagong-kalagayan mula sa pagiging mortal tungo sa kawalang-kamatayan. Binabago ng pag-asang ito ang pananaw hinggil sa buhay sa lupa. . . .

Nagdudulot sa atin ng lakas at magandang pananaw ang katiyakan ng pagkabuhay na mag-uli upang pagtiisan ang mga pagsubok sa buhay na kinakaharap ng bawat isa sa atin at ng mga mahal natin, katulad ng mga kakulangan sa pisikal, mental, o emosyonal na kasama natin sa pagsilang o nakuha [natin] habang nasa buhay sa lupa. Dahil sa pagkabuhay na mag-uli, batid natin na pansamantala lamang ang mga kakulangang ito!

Nagdudulot din sa atin ng matinding dahilan ang katiyakan ng pagkabuhay na mag-uli upang sumunod sa mga utos ng Diyos habang nabubuhay [tayo] sa lupa. Hindi lamang muling pagsanib ng espiritu sa isang katawang naging bihag ng kamatayan ang pagkabuhay na mag-uli. . . . Itinuro ng propetang si Amulek, "Yaon ding espiritu na nag-aangkin sa inyong mga katawan sa panahon na kayo ay pumanaw sa buhay na ito, yaon ding espiritung yaon ang may kapangyarihan na angkinin ang inyong katawan sa walang hanggang daigdig na yaon" (Alma 34:34). . . .

Ang katiyakan na ang pagkabuhay na mag-uli ay kabibilangan ng pagkakataon na makapiling ang ating mga kapamilya—asawa, maybahay, mga magulang, kapatid, anak, at apo—ay isang malakas na panghimok sa atin upang gampanan ang ating mga tungkulin sa pamilya sa buhay na ito. [Tinutulungan tayo nitong] samasamang mamuhay nang may pagmamahal habang inaasam ang masayang muling pagkikita at pakikisalamuha sa [kabilang] buhay. ■

*Mula sa "Pagkabuhay na Mag-uli,"* Liahona, *Hulyo 2000, 16–19.*

MGA KABATIRAN



**Paano natin maiiwasang matangay ng malalakas na ihip ng hangin at malalaking alon ng kaaway?**

"Magpasalamat tayo sa ating magandang Maaasahang Barko ng Sion, dahil kung wala ito hindi tayo uunlad, maiiwang mag-isa at walang magagawa sa nagngangalit na agos ng tubig, tatangayin nang walang timon o sagwan, magpapaikut-ikot sa malalakas na hangin at alon ng kaaway.

"Kumapit nang mahigpit, mga kapatid, at patuloy na maglayag, sa loob ng maluwalhating barkong ito, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, at mararating natin ang ating walang-hanggang patutunguhan."

**Elder M. Russell Ballard** ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Diyos ang Namamahala," *Liahona,* Nob. 2015, 24.

# Kabilang Din sa Isyung Ito

## PARA SA MGA YOUNG ADULT


### PAGDAMA SA DIWA NG INSTITUTE

Nang simulan ko ang pag-aaral sa unibersidad, napansin ko na ibang-iba ang aking mga pamantayan sa mga kaedad ko. Ipinagdasal kong makakita ng lugar kung saan hindi ko madarama na nag-iisa ako—at natagpuan ko ito.



p. 46

## PARA SA MGA KABATAAN




p. 52

### WALONG MALING PAG-UNAWA Tungkol sa Pagsisisi

Nagsisi na ba kayo ngunit binabagabag pa rin ang konsiyensya ninyo? Pakiramdam ba ninyo ay hindi kayo mapapatawad o hindi kayo karapat-dapat na patawarin? Basahin ang artikulong ito upang mas maunawaan ang mga katotohanan tungkol sa pagsisisi.

## PARA SA MGA BATA



### Isang Hakbang Palapit sa Pasko ng Pagkabuhay

p. 72

Alamin ang iba pa tungkol kay Jesucristo at sa Pasko ng Pagkabuhay sa paggawa ng isa sa mga aktibidad na ito bawat linggo sa buwang ito!

TAGALOG
4 02132 83893 1

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW